

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan

February 2024

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang opisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Porum ng US Air Force sa UP-Diliman, napaatras.....	13
Tropa ng 80th IB na protektor ng Wawa-Violago Dam, inambus ng BHB-Rizal.....	15
Utang ng Pilipinas, pumalo sa ₱14.62 trilyon..	16
Hatol ng International Court of Justice, dapat ipatupad ng Israel—ILPS.....	19
Lektura ng USAID sa UP Manila, binatikos ng mga estudyante.....	22
Mga magsasaka sa Masbate, ninakawan, pinaputukan ng CAFGU at militar.....	24
Pagbuwag sa NTF-Elcac, inirekomenda ng espesyal na tagaulat ng UN.....	27
Pagdausdos ng GDP, tanda ng paglala ng krisis sa ekonomya.....	29
Mga estudyante ng DLSU, nagrali kontra taas- matrikula.....	31
Pagtarget ng Israel sa mamamahayag sa Gaza, kinundena ng mga eksperto ng UN.....	33
Yunit ng Partido sa Maynila, nagdaos ng muling panunumpa at parangal sa mga martir.....	35
Isang linggong pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido, isinagawa sa Central Panay.....	36
Pag-aresto sa direktor at tatlong iba pa sa Quezon, kinundena.....	39

Ika-125 taong anibersaryo ng gerang Pilipino- Amerikano, ginunita sa protesta.....	40
Mga Canadian, nanawagan sa gubyerno ng Canada na itigil ang suportang militar sa Pilipinas.....	42
Mga manggagawa, kinontra ang chacha ng Senado.....	43
Unang araw ng klase sa UP Diliman, UP Los Baños at UP Baguio, sinalubong ng rali.....	45
Mag-asawang matanda, pinaslang ng militar na lango sa droga sa Masbate.....	46
[English Translation] Drug-crazed AFP soldiers murder elderly spouses in Masbate.....	48
Mga estudyante ng UE, tutol sa nakaambang pagtataas ng matrikula.....	50
[English Translation] UE students oppose looming tuition hike.....	53
Mga manggagawa sa Southern Tagalog, nagprotesta para sa sahod at kabuhayan sa Laguna.....	55
[English Translation] Southern Tagalog workers protest for wages and livelihood in Laguna.....	56
Apex Mining, dahilan ng pagguho ng lupa sa Davao de Oro.....	57
[English Translation] Apex Mining cause landslide in Davao de Oro.....	60

Panggigipit ng militar at pulis sa konstruksyon ng mga bangka sa Mindoro, binatikos.....62

[English Translation] Military and police intimidation against Mindoro boat construction project, condemned.....64

Papanagutin ang Apex Mining sa pagguho ng lupa sa Maco.....66

[English Translation] Hold Apex Mining responsible for Maco landslide.....69

Pilipinas, sentro ng produksyon ng materyal kaugnay sa pang-aabusong sekswal sa mga bata71

[English Translation] Philippines, production center of material related to child sexual abuse73

Simbahan at templo, binomba ng pasistang tropa ng Myanmar.....75

[English Translation] Myanmar’s fascist troops bomb church and temple.....77

“Way Chacha,” inilunsad ng kababaihan at kabataan ng Davao City.....79

[English Translation] Davao City women and youth launch “Way Chacha”80

KM-Rizal, nagbigay-pugay kay Ka Joma sa oplan-pinta at dikit.....81

[English Translation] KM-Rizal pays tribute to Ka Joma with wheat paste art.....82

Malawakang kampanya kontra-chacha,
inilunsad ng mga taong-simbahan sa Negros. .83

[English Translation] Negros church people
launch broad anti-chacha campaign.....84

Panibagong tangkang demolisyon sa Sityo
Balubad sa Angeles City, binibigo.....85

[English Translation] Another demolition
attempt at Sitio Balubad in Angeles City, foiled
.....88

Batang demolisyon sa komunidad ng
mangingisda sa Bacoor City, kinundena.....90

[English Translation] Looming demolition to
Bacoor City fishing community condemned....92

Dagdag-sahod, di “inflationary” at hindi
“nakalulugi” sa mga kumpanya.....93

[English Translation] Increased wages, not
“inflationary” nor will result in “losses” to
companies.....97

Mapangwasak na operasyon ng Apex Mining,
tuluy-tuloy sa kabila ng trahedya.....100

[English Translation] Apex Mining’s devastating
operations continue despite tragedy.....105

Panghihimasok at panlilinlang ng 59th IB sa
mga unibersidad at kolehiyo sa Batangas,
binatikos.....109

[English Translation] Youths denounce intrusion
and deception by the 59th IB in Batangas

universities and colleges.....112

Meralco, ganid sa tubo!.....114

[English Translation] Meralco, profit-hungry!
.....116

Pagmimina ng Apex Mining sa Maco, kinundena
ng mga katutubo..... 118

[English Translation] Indigenous people
condemn Apex Mining operations in Maco....120

Pagpapatupad ng mandamyento de aresto ng
ICC, hindi imposible sa Pilipinas.....121

[English Translation] Enforcement of ICC arrest
warrant not impossible in the Philippines.....123

Plano ng Apex Mining na pumasok sa Benguet,
tinutulan.....125

[English Translation] IPs oppose Apex Mining
plans to encroach on Benguet.....127

5-taong batas sa liberalisasyon ng importasyon
ng bigas, patuloy na ipinababasura..... 130

[English Translation] Farmers continue to
demand the repeal of 5-year rice import
liberalization law.....132

Bumibisitang asawa ng bilanggong pulitikal sa
Negros, inaresto sa kulungan..... 134

[English Translation] Police arrest wife of
political prisoner in Negros while visiting
husband in jail.....136

Hustisya para kay Hind Rajab at 12,000 batang Palestinong pinatay ng US-Israel.....137

[English Translation] Justice for Hind Rajab and 12,000 Palestinian children killed by US-Israel140

Mga lider-masa sa Rizal, tiniktikan ng sundalong nagpanggap na empleyado ng lokal na gubyrno.....142

[English Translation] Soldier disguised as a local government employee surveils mass leaders in Rizal.....144

Rali ng mga estudyante kontra-pribatisasyon ng PUP, dinahas ng pulis.....145

[English Translation] Police attack PUP students' anti-privatization rally.....146

Mga aktibistang ginawaran ng writ of amparo at habeas data, nagpasalamat sa kanilang mga tagasuporta.....148

[English Translation] Activists awarded writs of amparo and habeas data, thank their supporters150

Black Hearts Day sa Araw ng mga Puso, inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan.....152

[English Translation] Health workers mark Black Hearts Day on Valentine's Day.....153

Malawak na alyansang anti-chacha,
magpoprotesta sa ika-38 anibersaryo ng Pag-
aalsang EDSA.....155

[English Translation] Broad anti-chacha
network, to protest on the 38th anniversary of
EDSA Uprising.....158

Mga unyon ng guro sa National Capital Region,
kumilos para sa dagdag-sweldo.....160

[English Translation] Teachers unions in the
National Capital Region push for salary
increases.....162

Sayaw-protesta laban sa abuso at karahasan sa
kababaihan, inilunsad.....164

[English Translation] Dance-protest against
abuse and violence on women, launched.....166

Martsa ng kabataan kontra “chacha,” inilunsad
sa Maynila.....167

[English Translation] Youth march against
“chacha” in Manila.....168

Mga drayber ng Lalamove, nagpiket sa
Parañaque City.....169

[English Translation] Lalamove drivers picket in
Paranaque City.....170

Paniniktik at panggigipit ng militar sa dalawang
organisador sa Bicol, kinundena.....171

[English Translation] Military surveillance and
intimidation on two organizers in Bicol,

condemned.....173

King-king Mining sa Davao de Oro,
minamadaling buksan ng mga Villar.....174

Villars rush to open King-king Mining in Davao
de Oro.....178

Espesyal na operasyon malapit sa sentrong
bayan, inilunsad ng BHB-Northern Negros...180

[English Translation] NPA-Northern Negros
launches special operations near town center
.....182

Panghihimasok at pagrerekut ng AFP sa
University of San Carlos, kinundena.....183

[English Translation] Groups condemn AFP
intrusion and recruitment at the University of
San Carlos.....184

Panunupil at pagpapatahimik ng administrasyon
ng UST sa isang pahayagan sa kampus,
binatikos.....186

[English Translation] Groups denounce UST
administration’s suppression, silencing of
campus newspaper.....188

Isang linggong pagsasanay pulitiko-militar ng
BHB-Central Negros, isinagawa.....190

[English Translation] NPA-Central Negros
completes week-long politico-military training
.....192

Kawalang aksyon ng BFAR laban sa mga dayuhang poacher, binatangos.....	193
[English Translation] Fisherfolk condemn BFAR's inaction against foreign poachers.....	195
Hustisya para sa mga biktima ng Apex Mining sa Masara landslide, ipinanawagan.....	197
[English Translation] Youths demand justice for Apex Mining victims of Masara landslide.....	199
Resolbahin ang usapin ng pandaraya ng eleksiyong 2022, imbes na chacha.....	202
[English Translation] Resolve the 2022 election fraud issue, instead of chacha.....	203
Ika-52 anibersaryo ng Christians for National Liberation, ipinagdiwang.....	205
[English Translation] Christians for National Liberation celebrates 52nd anniversary.....	207
Dayuhang kumpanyang sangkot sa dayaan at mga anomalya, kinontrata ng Comelec para sa 2025.....	209
[English Translation] Comelec awards 2025 contract to foreign company mired in fraud and anomalies.....	211
5 Pulang mandirigma, minasaker ng PNP at AFP sa Bilar, Bohol.....	213
[English Translation] PNP and AFP massacre 5 Red fighters in Bilar, Bohol.....	215

Koalisyonong kontra-chacha, binuo sa Panay....	218
[English Translation] Anti-chacha coalition formed in Panay.....	219
Black Friday Protest laban sa chacha, inilunsad sa Maynila.....	220
[English Translation] Various groups launch Black Friday Protest against chacha in Manila	223
₱38 dagdag-sahod sa Region XI, malayong di nakasapat.....	225
[English Translation] ₱38 wage increase in Region XI, far inadequate.....	226
Pambobomba, pekeng mga engkwentro, isinagawa ng 79th IB sa Northern Negros.....	227
[English Translation] 79th IB drops bombs, falsifies reports of encounters in Northern Negros.....	230
Sundalong Amerikano, nagsunog sa sarili bilang protesta sa henosidyo ng US-Israel sa Palestine	233
[English Translation] American soldier self- immolates to protest US-Israeli genocide in Palestine.....	235
Aktibistang manunulat, dinukot at itinago ng militar at pulis sa Zamboanga.....	237
[English Translation] Activist writer in Zamboanga, abducted and disappeared by the	

military and police.....	239
Tusong pakanang chacha, sinimulan nang dinggin sa Kongreso.....	241
[English Translation] Congress starts hearing devious chacha schema.....	243
Dagdag-sweldo, iginiit ng unyon ng mga guro sa Bacolod City.....	245
[English Translation] Teachers' union in Bacolod City demands salary increase.....	246
Dinukot na kapatid ng lider-pesante sa Sorsogon, pinalalabas na "sumurender"	248
[English Translation] Police claims abducted brother of Sorsogon peasant leader "surrendered"	250
Ika-2 taong anibersaryo ng pagpaslang sa New Bataan 5, ginunita.....	252
[English Translation] Various groups commemorate 2nd year anniversary of the New Bataan 5 killings.....	254
Magaang hatol ng korte sa mga pulis na pumatay sa menor-de-edad na mangingisda sa Navotas, binatikos.....	256
[English Translation] Fisherfolk condemns lenient verdict against police killers of Navotas minor.....	259
Mga krimen at karahasan ng 22nd IB, kinundena ng mga Sorsoganon.....	261

[English Translation] Sorsoganons condemn the 22nd IB’s crimes and violence.....264

Dating tagapagsalita ng NTF-Elcac, “guilty” sa “indirect contempt” dulot ng pangre-Redtag.266

[English Translation] Former NTF-Elcac spokesperson, “guilty” of “indirect contempt” for Red-tagging.....267

Pagkuha ng “strike vote,” sinimulan ng mga manggagawa ng FCF Manufacturing Corp sa Bataan.....268

[English Translation] FCF Manufacturing Corp workers in Bataan begin “strike vote”.....271

Pagharap ni Marcos sa parlamento ng Australia, binatikos.....274

[English Translation] Filipinos, Australians condemn Marcos’ appearance before Australian parliament.....276

Protesta, isinabay sa pagdinig ng Kongreso sa panukalang dagdag-sahod.....278

[English Translation] Workers protest at congressional hearing on wage hike proposal281

Porum ng US Air Force sa UP-Diliman, napaatras

Pebrero 1, 2024

Napaatras ng mga estudyante at iba't ibang grupong demokratiko ang plano ng US Air Force na magsagawa ng porum sa College of Science sa University of the Philippines (UP)-Diliman ngayong araw, Pebrero 1. Mahigit 46 organisasyon at 464 indibidwal ang pumirma sa petisyon para ikansela ang naturang porum. Anila, ang abanteng teknolohiya ay di dapat gamitin para sa mga krimen sa digma, katulad ng ginagawa ngayon ng US sa Palestine.

Ang naturang porum, na bahagi ng tinaguriang "Umalohokan Series" ng UP Office of International Linkages ay para himukin ang mga estudyante sa syensya na makipagsabwatan sa syentipikong pananaliksik ng US Airforce. Pangunahing panauhin nito ang mga punong upisyal mula sa US Air Force Office of Scientific Research, ang bisig na nagbibigay ng mga "grant" o ayudang pinansyal sa mga estudyanteng kulang ang pondo para makapagsagawa ng mga pananaliksik na rekisito para sila makapagtapos sa kanilang kurso.

"Tagumpay! US military, rejected!" pahayag ng mga estudyante at grupo. "Ang ating kolektibong aksyon ang naghatid ng ating patutol sa paggamit ng syensya at teknolohiya para sa mga krimen ng digma (ng US) sa mga aping bansa. Naniniwala kaming ang syentipikong pananaliksik ay magiging maka-mamamayan lamang kung ito ay gagawin para likhain ang isang makatarungan at mapayapang lipunan."

Dagdag ng mga nagpetisyon, hindi syentipiko ang kontra-mamamayang teknolohiya kundi armas lamang para kumitil ng mga buhay.

“Sa harap ng mga krimen sa digma na isinagawa ng US Air Force, nakikiisa ang College of Science at ang unibersidad sa aping mamamayan tulad ng mga Palestino. Ang syensya at teknolohiya ay hindi para sa mga krimen sa digma!”

Tropa ng 80th IB na protektor ng Wawa-Violago Dam, inambus ng BHB-Rizal

Pebrero 1, 2024

Inambus ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Rizal ang nag-ooperasyong tropa ng 80th IB sa Lukutang Malaki, Barangay San Isidro, Rodriguez, Rizal noong Enero 31, alas-5:10 ng madaling araw. Isang pasistang sundalo ang napaslang, habang dalawang iba pa ang nasugatan. Ang naturang yunit militar ay tagabantay sa mapanirang proyektong Wawa-Violago Dam sa Rizal.

Ayon sa ulat, mag-iisang taon na ang masinsin at walang-puknat na focused military operation ng 80th IB sa naturang bayan sa Rizal. Liban sa pagsisilbing bantay ng itinatayong dam, protektor din ang yunit sa interes sa Lukutang Malaki ng naghahari-hariang malalaking burgesya kumprador-panginoong may lupa na mga Araneta, Villar at Robles.

Imbwelto ang yunit sa patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao kabilang ang iligal na pagkulong sa mga katutubo at mga magsasaka na nagtatanggol sa kanilang karapatan sa kabuhayan. Simula kahapon, Enero 31, pinatindi at pinahigpit ng 80th IB ang pagbabantay sa paglabas-masok ng mga residente sa komunidad. Nagtayo ang mga sundalo ng mga tsekpoyn at nagbabahay-bahay para sindakin ang mga residente at ipailalim sa iligal na interogasyon.

Ayon kay Macario Liwanag (Ka Karyo), tagapagsalita ng BHB-Rizal, ang panggigipit at karahasan ng 80th IB laban sa mga sibilyan ay bahagi ng desperasyon nito na durugin ang hukbong bayan sa prubinsya. Ito umano ang tanging layunin ng 80th IB para mabigyang daan nito ang diumano'y mga proyektong pangkaunlaran ng mga naghaharing uri upang magkamal ng limpak-limpak na yaman para sa kanilang sariling interes" sa kapinsalaan ng kabuhayan ng mga katutubong Dumagat-Remontado at masang magsasaka.

Ang ambul ay pagbibigay-hustisya at pagtatanggol ng BHB-Rizal sa mamamayan ng Rizal.

Utang ng Pilipinas, pumalo sa ₱14.62 trilyon

Pebrero 1, 2024

Pumalo sa ₱14.62 trilyon ang utang ng Pilipinas sa katapusan ng 2023, mas mataas nang ₱1.8 trilyon mula nang maupo sa poder si Marcos Jr, at ₱8.68

trilyon o halos doble ng ₱5.954 trilyong utang ng bansa noong 2015, bago maupo sa poder si Rodrigo Duterte. Sa pagitan ng dalawang presidente, halos nagtriple ang utang ng bansa nang walang nakikita o nararamdamang mabuting epekto sa mamamayan.

Ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas, ang mga utang ay ginamit pantustos sa depisit ng estado na taun-taong umaabot sa halos sangkatlo ng pambansang badyet. Noong 2022, halimbawa, ₱1.6 trilyon ang depisit (ibig sabihin, may pagkakagastusan pero walang pera) na 31.87% sa kabuuang ₱5.02 trilyong badyet na ipinasa ng Kongreso.

Pangunahing nagpalobo sa pambansang utang ang walang rendang pangungutang ng dalawang magkasunod na rehimeng Duterte at Marcos sa mga imperyalistang institusyon, tulad ng Asian Development Bank at World Bank. Mula lamang sa panahon ng pandemya, ang Pilipinas na ang pangalawang pinakamalaking mangungutang sa ADB at panlimang pinakamalaki sa World Bank.

Noong 2022, halimbawa, ipinagmalaki pa ng noo'y kalihim ng Department of Finance ng rehimeng Duterte na si Carlos Dominguez na kalahati sa lahat ng pinautang ng ADB sa bansa ay para “suportahan” ang mga proyekto ng rehimen. Kabilang dito ang \$237.23 milyon na ipinautang ng bangko, katuwang ang Japan International Cooperation Agency (JICA), para sa COVID-19 Active Response and Expenditure Support Program. (Walang pagtutuos ang utang na ito hanggang sa ngayon.) Sa buong 2022, umabot sa

₱2.549 bilyon ang ipinautang ng ADB sa bansa, liban pa sa mga grant (ayuda) at pinondohan nitong mga “technical assistance” o pag-aaral.

Sa taon bago nito (2021), umabot sa \$2.8 bilyon ang ipinautang ng ADB sa Pilipinas. Sa taong ito naging pangalawa ang bansa sa may pinakamalaking inutang sa bangko, kasunod ng India na nangutang ng \$4.6 bilyon.

Mayorya ng mga utang na ito, na iginawad sa panahon ng pandemya, ay di napunta sa “tugon” ng estado kundi sa mga engrande, batbat sa korapsyon at anti-mamamayang mga proyektong imprastruktura. Halimbawa ng mga ito ang \$8.1-bilyong South Commuter Railway na popondohan ng \$4.3 bilyong utang mula sa ADB at \$1.7 bilyon mula sa Japan International Cooperation Agency at ang proyektong Manila Subway Project.

Ilan sa mga naaprubahang utang sa panahon ni Duterte ay iginawad sa panahon na ni Marcos. Halimbawa nito ang \$1 bilyong pautang sa Davao City na balwarte ng pamilyang Duterte para sa programang Bus Rapid Transit na papatay sa mga tradisyunal na dyip at traysikel sa ngalan ng “modernisasyon.” Napasakamay ang utang sa meyor ng syudad na si Sebastian Duterte noong Mayo 2023.

Samantala, nasa \$16.6 bilyon na ang utang ng Pilipinas sa World Bank noong katapusan ng termino ni Duterte. Kabilang sa mga inutang ni Duterte ang \$600 milyon na para tustusan diumano ang “tugon” ng kanyang rehimen sa pandemya.

Sa panahon ni Marcos Jr, tuluy-tuloy ang walang rendang pangungutang ng Pilipinas. Noong Oktubre 2023, nangutang ito ng \$300 milyon para diumano sa pagpapatatag ng mga “serbisyo sa pinansya.” Bago nito, dalawang beses nang nangutang ng parehong halaga (isa sa Oktubre 2018, at pangalawa noong Agosto 2020) ang reaksyunaryong estado. Liban pa rito ang \$4 bilyong ipinangakong utang ng bangko para sa mga programang “sosyo-ekonomiko” at iba pang “inisyatibang pangkaunlaran” ng rehimen.

Noong Hunyo 2022, pagkaupong-pagkaupo ni Marcos sa pwesto, inianunsyo ng World Bank na pauutangin nito ang kanyang rehimen nang hanggang \$1.84 bilyon para tustusan ang 11 proyektong “inirekomenda” nito sa estado. Kabilang dito ang pagtutulak ng mga neoliberal na patakaran na kunwa’y maka-kalikasan at para sa climate resilience (\$750 milyon); suporta sa mga programa sa agrikultura tulad ng SPLIT at pagbubukas ng mga lupa para sa dayuhang mga kumpanya (\$276 milyon); “pagpapaunlad” ng sistema sa edukasyon (\$110) at programang pangkalusugan ng mga bata na nakapaloob sa 4Ps (\$178.1 milyon).

Hatol ng International Court of Justice, dapat ipatupad ng Israel—ILPS

Pebrero 2, 2024

Ipinaabot ng International League of Peoples’ Struggle (ILPS) ang kanilang suporta sa mamamayang Palestino matapos ilabas ng International Court of Justice (ICJ) ang hatol nito

laban sa Israel kaugnay ng isinampang kaso ng South Africa na paglabag sa Convention on the Prevention and Punishment of the Crime of Genocide. Naglabas ng desisyon ang ICJ noong Enero 26 na nagsabing posibleng mayroong mga paglabag ang Israel sa naturang kumbensyon. Bagaman hindi nito pinahinto ang pag-atake ng Israel sa Gaza, inatasan nito ang Israel na ipatupad nito ang anim na mga prubisyunal na hakbang.

Giit ng korte, dapat iwasan ng Israel ang mga aktong lumalabag sa Genocide Convention, iwasan at parusahan ang pang-uupat at direktang pagsasagawa ng henosidyo, at gumawa ng kagyat at epektibong mga hakbang para tiyakin ang pagbibigay ng makataong tulong sa mga sibilyan sa Gaza. Inatasan din nito ang estado ng Israel na ipreserba ang mga ebidensya ng henosidyo at magsumite ng ulat sa korte sa loob ng isang buwan kaugnay ng mga hakbang na ginawa nito kaugnay ng atas.

Isinampa ng South Africa ang kasong henosidyo ng Israel sa ICJ noong Disyembre 29, 2023 kaugnay sa walang awat nitong pambobomba at pang-aatake sa Gaza. Iginiit nito na dapat magkaroon ng nararapat na mga hakbang para protektahan ang mga Palestino laban sa ibayo, mas matindi at hindi mapananauling pinsala sa kanilang mga karapatan na walang pakundangang nilalabag.

Inilunsad ng Israel mula Oktubre 7, 2023 ang pinatinding gerang agresyon at kampanya ng walang pakundangang pambobomba sa Gaza.

Naghulog ang Israel ng 65,000 toneladang bomba sa makipot na lugar na ito at pumatay ng hindi bababa sa 27,000 katao kabilang ang libu-libong mga sanggol at bata. Samantala, nasa 10,000 ang naitalang nawawala hanggang sa kasalukuyan. Kabuuang 1.8 milyong Palestino ang napalayas at walang sapat na pagkain, tubig at iba pang batayang pangangailangan.

Ang ICJ, tinatawag ding World Court, ay isa sa anim na mga organo ng United Nations na layuning magbigay ng mga upinyon at hatol kaugnay ng internasyunal na mga usaping ligal. Ginanap ang mga pagdinig ng kaso laban sa Israel sa Peace Palace sa The Hague sa The Netherlands.

Tulad ng inaasahan, tinawag ng Zionistang Israel na isang “kahihyan” ang desisyon ng korte. Iginiit nitong mayroon itong “karapatan para ipagtanggol ang sarili,” na sa katotohanan ay pagpapatuloy ng deka-dekada nang okupasyon at pinatitinding pang-aatake laban sa mamamayang Palestino.

Samantala, kinundena ng ILPS ang pagtatanggol ng imperyalismong US sa Israel matapos ilabas ng korte ang desisyon. Anang US, “walang batayan” ang desisyon ng korte. Sagot ng ILPS, malinaw na duguan rin ang kamay ng US sa ginagawang pagpopondo at pagsuporta sa pang-aatake ng Israel sa Gaza at henosidyo sa mga Palestino. Idiniin din ng ILPS na mismong ang US ang ilang beses nang humarang sa UN ng pagtutulak ng ceasefire o tigil-putukan sa Gaza. Imbwelto rin umano sa mga krimeng ito ang United Kingdom at European Union.

“Ang hatol ng ICJ ay isang ligal na tagumpay na dulot ng milyun-milyong nagprotesta sa buong mundo,” ayon kay Len Cooper, chairperson ng ILPS. Aniya, ang militanteng kilusang masa na sumusuporta sa Palestine sa buong mundo ang tanging pag-asa para igiit ang paghinto ng henosidyo.

Hinimok niya ang iba’t ibang organisasyon at mga samahan sa buong daigdig na pag-ibayuhin ang mga kampanyang boykot, divestment at sangsyon laban sa Israel, gayundin ang mga kampanyang pag-aaral, pag-oorganisa at pagpapakilos para suportahan ang Palestine.

“Tuntungan natin ang desisyon ng ICJ at umani ng higit na malalaking mga tagumpay sa hinaharap hanggang sa ganap na mapalaya ang Palestine,” pagtatapos ni Cooper.

Ipinabatid din ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang pagtanggap nito sa hatol ng ICJ. Anang grupo, magsisilbing ligal na batayan ito para itulak ng mamamayang Pilipino ang Gubyerno ng Pilipins, bilang bahagi ng UN, na kundenahin ang Israel sa mga akto ng henodisyo nito laban sa mga Palestino.

Lektura ng USAID sa UP Manila, binatikos ng mga estudyante

Pebrero 2, 2024

Binatikos ng University of the Philippines (UP)-Manila University Student Council (USC) ang pagpasok ng US Agency for International

Development (USAID) at pagsasagawa nito ng lektura sa loob ng kampus noong Enero 31. Tinuligsa ito ng konseho dahil sa pagtatangka ng US na itulak sa loob ng unibersidad ang imperyalistang adyenda nito.

“Kasama ang iba pang makabayang konseho ng mga mag-aaral at organisasyong masa, tinutuligsa namin ang pagpasok ng imperyalistang mga pwersang militar, o kahit anong balangay ng ahensyang pang-ayuda nito tulad ng USAID, sa aming pamantasan, kahit na at lalo sa tabing ng pagbibigay ng suportang pang-akademiko, mga porum, talakayan at iba pang pakikipagtulungan sa akademya,” ayon sa pahayag ng konseho.

Anito, mahaba na ang kasaysayan ng US sa pagpapadala ng ayudang militar at pinansya sa mga reaksyunaryong estado, tulad ng Pilipinas at Israel. Ginagawa umano ito ng imperyalistang US para panatilihin ang kontrol sa mga rekurso at mamamayan ng bansang kanilang kinukubabawan at supilin ang mga tumutuligsa sa kanilang mapagsamantalang mga intensyon. Sa Pilipinas, anila, ginagawa ito sa pamamagitan ng mga kaso ng Red-tagging, pagdukot, pag-aresto at maging pagpaslang.

Liban dito, naniniwala ang konseho na manipestasyon din ng pagkubabaw ng US sa Pilipinas ang pagpapanatili sa kolonyal, komerysalisado at mapanupil na sistema ng edukasyon sa bansa. “Ang sistema ng edukasyon ay nananatiling naka-angkla sa Kanluraning sistema ng edukasyon na nagtataguyod ng

komersyal at indibidwalistang kultura,” ayon sa konseho.

Kaugnay nito, hinimok ng UPM USC ang administrasyon ng unibersidad na “abisuhan at konsultahin ang mga estudyante kaugnay ng mga kaganapan at pakikipagtulungan nito sa iba’t ibang institusyon.” Anila, mayroon silang karapatang malaman kung sino ang pumapasok sa kampus bilang bahagi ng komunidad ng UPM.

Kahapon lamang, Pebrero 1, napaatras ng mga estudyante ng UP Diliman ang porum ng US Air Force na ilulunsad sana nito sa College of Science. Mahigit 46 organisasyon at 464 indibidwal ang pumirma sa petisyon para ikansela ang naturang porum. Giit nila, ang abanteng teknolohiya ay di dapat gamitin para sa mga krimen sa digma, katulad ng ginagawa ngayon ng US sa Palestine.

Mga magsasaka sa Masbate, ninakawan, pinaputukan ng CAFGU at militar

Pebrero 2, 2024

Kinundena ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Masbate ang mga kaso ng pagnanakaw at walang habas na pamamaril ng mga elemento ng Citizen Armed Force Geographical Unit (CAFGU) at yunit ng 2nd at 96th IB sa ilang bayan sa Masbate noong huling linggo ng Enero. Labis ang takot at tromang idinulot nito sa masang magsasaka at mga residente.

Noong Enero 30, nagpaulan ng bala ang mga elemento ng 96th IB sa Sityo Malapiggan hangganan ng Barangay San Jose, Uson at Barangay Sawmill, bayan ng Mobo noong Enero 30, alas-7 ng umaga. Pinaputukan ng mga sundalo ang mga residenteng nangahas na magkopro sa niyugang inagaw ng militar.

Ayon sa PKM-Masbate, malalawak na niyugan sa naturang mga barangay ang pinagbawalang ipakopro sa mga residente upang ang militar ang makinabang. Kabi-kabilang kaso na ng paninindak ang naitala laban sa mga magkokopro na nais lamang maghanapbuhay.

Noong Enero 29, naitala naman ang mga kaso ng pagnanakaw at sapilitang pagpasok sa mga bahay at iligal na paghalughog ng mga CAFGU at militar. Sa pangunguna ng isang Sgt. Ramos, naghasik ng terorismo ang mga elemento ng CAFGU sa mga komunidad na sumasaklaw sa Hacienda Mortuegue sa bayan ng Pio V. Corpuz at Esperanza.

Sa Barangay Labigan, Pio V. Corpuz, binugbog at ninakawan ng alagang manok si Johnny Compuesto. Sa Barangay Tubog sa parehong bayan, sinalakay din ang tahanan ni Ruel Menchavez. Sa Barangay Tawad, Esperanza, kapwa nakaranas ng pananakit sina Cadong Mendoza at Wilyn Menchavez habang ninakawan naman si Inday Canete at Ruben Menchavez.

Sangkot sa mga krimeng ito ang mga tauhang militar at CAFGU na nakabase sa Barangay Estampar sa Cataingan na sina Jerome Bohol,

Ondo Quilong-quilong at Boboy Armenion sa pangunguna ni Sergeant Ramos mula sa 2nd IB.

Ang mga bayan ng Cataingan, Pio V. Corpuz at Esperanza, ay pawang malalawak na kapatagang pabor sa pagsasaka. Kabilang dito ang makasaysayang Hacienda Mortuegue na nabawi ng mga magsasaka mula sa asyendero. Ayon sa PKM-Masbate, ang mga lupaing ito ay desperadong tinatrabaho ng gobernador ng prubinsya na si Gov. Antonio T. Kho para kamkamin at gamitin sa kanyang interes sa rantso at ekoturismo.

“Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, lalong naging marahas at agresibo ang gera kontra magsasaka. Sa ilang taon pa lamang, daan-daang pamilya na ng magsasaka ang napalayas sa kanilang lupang binubungkal sa pamamagitan ni Gov. Kho,” pahayag ng PKM-Masbate.

Anito, ang nagpapatuloy na pangangamkam ng lupa at pandarahas sa masang magsasaka ay nagpapatunay sa kabuktutan ng repormang agraryo ng reaksyunaryong gubyerno. “May bahid ng dugo ang libu-libong ektarya ng lupaing inagaw ng gobernador mula sa mga magsasaka,” giit ng grupo.

Sa harap nito, nananawagan ang PKM-Masbate sa mga magsasakang Masbatenyo na magiting na harapin ang teroristang gera ng rehimeng US-Marcos sa pamamagitan ng paglahok sa digmang bayan. Ipinabatid naman ng grupo ang suporta nito sa kanilang hukbo, ang Bagong Hukong Bayan (BHB)-Masbate. “Sabik kami sa aming

Hukbo. Lalong kailangan ng mga magsasakang Masbatenyo ang kanilang Hukbo sa harap ng lumalalang pang-aapi't pagsasamantalang kanilang dinaranas," ayon sa grupo.

Pagbuwag sa NTF-Elcac, inirekomenda ng espesyal na tagaulat ng UN

Pebrero 2, 2024

Nagtapos ngayong araw, Pebrero 2, ang 10-araw na pagbisita ng UN Special Rapporteur para sa pagtataguyod at pagtatanggol sa karapatan sa malayang pagbibigay ng opinyon at pagpapahayag para siyasatin ang kalagayan nito sa Pilipinas. Kabilang sa pinagtuunan niya ng pansin ay ang mga gawi na nakaaapekto sa malayang pagpapahayag tulad ng Red-tagging, harassment at lugal na panggigipit.

Sa kanyang press conference, ipinanawagan niya ang pagbuwag sa NTF-Elcac na aniya'y "lipas na" at "tagapagtulak" ng Red-tagging.

"Diretsahan kong tinanong ang guberno kung mayroon ba itong patakaran sa Red-tagging at sinabi nilang hindi nila ito inieendorso o hinihikayat. Gayunpaman, klaro ang ebidensya: Ginagawa ng mga pwersang panseguridad (ng estado) ang Red-tagging at terror-tagging bilang bahagi ng estratehiyang kontra-terorismo."

Inirekomenda rin ni Khan ang pag-"unblock" o pagtanggol sa restriksyon sa mga progresibong website na ipinataw ng reaksyunaryong estado.

Ang rekomendasyong ito ay mula sa pakikipagdayalogo ni Khan sa iba't ibang grupo ng midya at iba pang demokratikong sektor, at kahit sa mga upisyal at armadong pwersa ng estado. Binisita rin niya sa kulungan sa Tacloban ang nakakulong na mamamahayag na si Frenchie May Cumpio ng independyenteng midya na Eastern Vista at dalawa pa niyang kasama.

Pangalawang pagkakataon nang inirekomenda ng isang espesyal na tagapag-ulat ng United Nations (UN) ang pagbubuwag sa National Task Force-Elcac. Noong Nobyembre 2023, ito na rin ang rekomendasyon ni Ian Fry, ang UN special rapporteur para sa pagtataguyod at pagtatanggol ng karapatang-tao sa konteksto ng climate change. Tulad ni Khan, nakipagpulong si Fry sa iba't ibang demokratikong sektor sa bansa.

Malugod na tinanggap ng Altermidya, network ng mga alternatibong midya at mamamahayag sa komunidad, ang mga rekomendasyon ni Khan.

“Sinusuportahan ng alternatibong midya ang rekomendasyon ni Ms. Khan para sa pagbubuwag sa NTF-Elcac, gayundin ang pagpapanagot sa mga tagapagtaguyod ng Red-tagging,” pahayag ng grupo matapos ang press conference. Dapat ding ibasura ang Executive Order No. 70 na batayan ng pagkakatatag ng ahensyang ito.

Ikinalugod din ng grupo ang pagbisita ni Khan sa myembro nitong si Cumpio at pagpanawagan para sa kanyang kagyat na pagpapalaya. Si Cumpio ang pinakabatang mamamahayag na nakakulong sa Pilipinas. Nagdiwang siya ng kanyang ika-25

kaarawan ilang araw bago ang bisita ni Khan. Ilegal siyang inaresto, kasama ang dalawa pa, noong 2020. Ayon kay Khan, ang matagal nang pagkukulong kay Cumpio ay “justice delayed, justice denied.”

Nagpasalamat naman ang National Union of Journalists of the Philippines kay Khan sa pagtutulak nito ng mga rekomendasyon para sa proteksyon ng mga mamamahayag at kalayaan sa pamamahayag.

“Nakikiisa kami sa mga pananaw ni Ms. Khan tungkol sa Red-tagging, at sang-ayon kami na dapat nang buwagin ang NTF-Elcac,” anito. Ikinalugod din ng NUJP ang pusisyon ni Khan laban sa Cybercrime Prevention Act na aniya’y pumipigil sa media freedom, partikular ang probisyon nito sa cyberlibel.

“Panahon na para gawing di-kriminal ang libel sa Pilipinas,” ayon sa NUJP.

Pagdausdos ng GDP, tanda ng paglala ng krisis sa ekonomya

Pebrero 2, 2024

Patuloy na dumausdos ang gross domestic product (GDP) o lokal na produksyon noong nakaraang taon. Inianunsyo ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong Enero 31 na lumago lamang nang 5.6% ang GDP sa huling kwarto at buong taon ng 2023, na kapos sa target nitong 6%-7%.

Taliwas sa unang ipinagmamalaki ng mga opisyal sa ekonomya ng estado, palatandaan ang pagliit

ng GDP na bumalik na ito sa dating pababang padron bago magpandemya. Ayon sa Ibon Foundation, “peke” ang pagtaas ng GDP sa nakaraang dalawang taon (2021-2022) dahil “rebound” o rebanse lamang ito mula sa matarik na pagbagsak ng produksyon sa panahon ng pandemya. Mula 2014, paliit na nang paliit ang GDP ng bansa, mula 7.1% (2014) tungong 6.1% (2019). Pinakamababa ito mula 2011.

Parehong lumiit produktibong sektor sa industriya at agrikultura sa 2023. Ayon sa Ibon, ang 17.9% bahagi ng pagmamamupaktura sa GDP ay pinakamaliit sa nakaraang 75 taon. Samantala, ang 8.6% na bahagi ng agrikultura dito ay pinakamaliit sa kasaysayan.

Pinakaapektado sa pagbagal ng pag-unlad ang mayorya ng mga Pilipino na sadlak sa kahirapan. Alinsunod sa mga sarbey, mas maraming Pilipino (8 sa bawat 10) ang nagsabing naghirap sila. Maraming mga pamilya ang nawalan o hindi na nakapag-iimpok, mula 18.6 milyon noong 2022 tungong 19.2 milyong sa 2023.

Patunay rin ng paghihirap ng mamamayan ang pagliit ng gastos ng mga pamilya o household expenditures, ayon sa Ibon. Sa datos ng estado, bumagal tungong 5.6% noong 2023 mula 8.3% noong 2022 ang “household final consumption expenditure,” (HFCE) ibig sabihin dumami ang pamilyang nagbawas ng gastos, kundiman hindi na gumastos, dahil sa kakulangan ng kita. Mas mabagal ang HFCE, kumpara sa 2019, bago tumama ang pandemya.

“Pinasusubalian ng tumitinding kahirapan at gutom sa hanay ng mga Pilipino ang sinasabi ng gubyrno na isa ang Pilipinas sa “best-performing” (pinakamahusay) sa mga ekonomya sa Asia,” ayon sa grupo.

Anito, dapat tigilan ng rehimeng Marcos Jr ang pagkukunwaring hindi lumalala ang krisis sa ekonomya. Iginiit nitong dapat magkaroon ng radikal na mga hakbang para palakasin ang lokal na agrikultura at industriya para lumikha ng disente at sustenableng mga trabaho at itulak pasulong ang ekonomya.

Mga estudyante ng DLSU, nagrali kontra taas-matrikula

Pebrero 3, 2024

Mahigit 100 estudyante ng De La Salle University (DLSU)-Manila ang nagprotesta sa loob ng kampus nito sa Taft Avenue, Malate, Manila noong Enero 31 para ipahayag ang kanilang pagtutol sa nakaambang pagtaas ng matrikula sa susunod na pasukan. Nagmartsa rin ang mga estudyante sa kampus ng DLSU-Laguna sa araw na iyon. Parehong pinangunahan ang pagkilos ng mga konseho ng mag-aaral.

Giit ng mga estudyante, hindi dapat magtaas ng matrikula at sa halip ay magpatupad ng “tuition freeze.” Ayon sa Anakbayan-Vito Cruz, ang tanging makikinabang dito ay ang mga kapitalistang may-aari ng DLSU habang ibayong pahihirapan ang kabataan at kanilang mga pamilya.

Nagmartsa sa loob ng kampus at nagsagawa ng programa ang mga raliyista sa iba't ibang bahagi ng unibersidad. Nagtalumpati ang mga kinatawan ng University Student Government, mga pangulo ng konseho ng mag-aaral sa mga kolehiyo, partidong pampulitika sa kampus at ang Anakbayan Vito Cruz.

“Maging simbolo sana ito ng ating komitment para sa pagkakaisa at abot-kayang edukasyon,” pahayag ng konseho.

Balak ng DLSU na itaas nang 9.21% ang matrikula. Magtutuluy-tuloy ang kampanya ng mga estudyante para pigilan ito sa harap ng mga pagpupulong para sa “Multi-Sectoral Consultative Committee on Tuition Fees.”

Sa DLSU-Manila, umaabot sa ₱200,000 hanggang ₱225,000 ang abereyds na matrikula kada taon para sa isang bachelor’s degree, habang ₱37,000 hanggang ₱100,000 kada taon naman para sa isang master’s degree at ₱110,000 hanggang ₱205,000 para sa buong programa ng isang doctorate degree.

Ang DLSU-Manila ay pag-aari at pinangangasiwaan ng De La Salle Philippines, Inc, ng relihiyosong grupong De La Salle Brothers o Institute of the Brothers of the Christian Schools. Ang kampus ay bahagi ng mas malaking DLSU System na sumasaklaw sa 16 na institusyon sa Pilpinas.

Pagtarget ng Israel sa mamamahayag sa Gaza, kinundena ng mga eksperto ng UN

Pebrero 3, 2024

Kinundena ng tatlong espesyal na tagapag-ulat ng United Nations (UN) ang sadyang pagtarget ng Israel sa mga mamamahayag at mga myembro ng midya na anila'y ginagamit na estratehiya para sadyang patahimikin ang kanilang pag-uulat.

Naglabas ng pinag-isang pahayag noong Pebrero 1 sina Irene Khan (UN Rapporteur on free expression), Francesca Albanese (UN Rapporteur on Palestine) at Morris Tidball-Binz (UN Rapporteur on extrajudicial killings), na naglarawan sa pang-aatake ng Israel sa Gaza bilang “pinakamapanganib na sigalot para sa mga mamamahayag sa kamakailang kasaysayan.”

Ayon sa mga eksperto, natanggap nila ang mga ulat ng pang-aatake sa mga mamamahayag kahit malinaw ang marka na “press” sa kanilang mga jacket at helmet, at kahit maayos na nakamarka ang kanilang katayuan sa kanilang mga sasakyan. “(N)agpapahiwatig ito na ang mga pagpaslang, paglumpo at detensyon (sa mga mamamahayag) ay isang sadyang estratehiya ng mga pwersang Israel para hadlangan ang midya at patahimikin ang kritikal na pamamahayag.”

Ayon sa UN, umabot na sa 122 mamamahayag at manggagawa sa midya ang pinatay sa Gaza mula Oktubre 7. Tinarget din ang kanilang mga pamilya na nagresulta sa pagkamatay at pagkasugat ng

daan-daan pa. Samantala, naisadokumento ng Committee on the Protection of Journalists (CPJ) ang 85 na mga kaso ng pagpatay sa mga mamamahayag at manggagawa sa midya noong Pebrero 2.

Mayroon ding naisadokumento na 16 kaso ng pagkasugat, apat na desaparecido at 26 na ilegal na inaresto. Mas marami pa ang biktima ng pang-aatake, pambabanta, cyberattack, pagsensor at pagpatay sa mga kamag-anak. Ayon sa grupo, napakarami pang kaso ang hindi nila kaagad na maberipika dahil sa pagbabawal ng Israel na pumasok ang dayuhang mga mamamahayag sa Gaza.

Isa sa pinakatampok na kaso ang pagpatay sa pamilya at katrabaho ni Wael Dahdouh, pinuno ng Al Jazeera sa Gaza. Pinatay sa isang air strike ang kanyang asawa, dalawang anak at apo. Sa hiwalay na insidente, tinarget siya sa isang drone strike na ikinasugat niya at ikinamatay ng kanyang cameraman. Namatay sa isa pang air strike ang kanyang mamamahayag ding anak, kasama ang isa pang manggagawa sa midya.

Idiin ng CPJ at mga eksperto ng UN na sa ilalim ng internasyunal na batas, protektadong mga indibidwal ang mga mamamahayag at midya.

“Ang sadyang pang-aatake at pamamaslang sa kanila ay mga krimen sa digma,” anila.

Ang atake sa mga mamamahayag ay nakapaloob sa kampanyang henosidyo ng Zionistang Israel sa mamamayang Palestino. Mula nang

pinaarangkada nito ang kampanya, mahigit 27,000 Palestino na ang pinatay, 65,000 ang nasugatan at 85% ang napalayas sa kanilang mga tirahan dulot ng walang habas na air strikes at pananalakay ng mga pwersang Zionista.

Yunit ng Partido sa Maynila, nagdaos ng muling panunumpa at parangal sa mga martir

Pebrero 3, 2024

Napuno ng rebolusyonaryong mga awitin, parangal sa dakilang mga martir, at kritikal-sa-sariling pagtalakay sa mensahe ng Partido sa ika-55 na anibersaryo nito ang pagtitipon ng isang komite ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa isang syudad sa Metro Manila kamakailan. Hindi bababa sa 20 mga kadre at kasapi ang dumalo sa pagtitipon.

Naghandog ng awit para sa mga lider ng PKP na pinaslang ng pasistang pulis at militar kabilang sina Benito at Wilma Tiamzon, at mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Pinagpugayan din nila si Prop. Jose Maria Sison, na pumanaw noong Disyembre 16, 2022.

Binigyang-pugay rin nila si Jude Fernandez, beteranong organisador ng mga manggagawa, at ang kanyang ambag sa kilusang paggawa at sa iba pang sektor. Pinaslang si Fernandez ng mga ahente ng PNP-CIDG Rizal sa tinutuluyan niyang bahay sa Binangonan, Rizal noong Setyembre 29, 2023.

Tinalakay ng mga dumalo sa pagtitipon ang pandaigdigang sitwasyon, gamit ang isang audio-visual na presentasyon na nagpapakita ng pagkalugmok ng mga kapitalistang bayan at pagtalas ng mga gerang sulsol ng imperyalismong US noong 2023. Ipinakita rin sa bidyo ang armadong paglaban ng mga Palestino at ng iba pang mamamayan ng daigdig.

Bilang bahagi ng panata sa pagwawasto at pagbalikat sa mga rebolusyonaryong tungkulin, muling nanumpa sa Partido ang mga dumalo na kumakatawan sa iba't ibang sangay sa Maynila. Tinalakay ng mga dumalo ang partikular na mukha ng mga kahinaang natukoy sa pahayag ng KT-KS lalo na ang pag-iral ng empirismo at burukratismo.

Bilang pagtatapos ng programa, inawit nila ang Internationale.

Isang linggong pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido, isinagawa sa Central Panay

Pebrero 4, 2024

Serye ng mga aktibidad ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at rebolusyonaryong masa sa Central Panay noong huling linggo ng Disyembre 2023 hanggang unang linggo ng Enero para ipagdiwang ang ika-55 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Hindi nahadlangan ng pinatinding focused military operation ang isang linggong aktibidad ng mga Pulang mandirigma at masa.

Inilunsad ng isang yunit ng BHB-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr. Command) ang tradisyunal na mga pagdiriwang sa kapaskuhan. Naghanda ang mga kasama ng simpleng handaan na pinagsaluhan noong noche buena habang nagkukwentuhan sa kanilang mga karanasan tuwing pasko nang hindi pa kasapi ng hukbong bayan. Nagbahagi rin ang bawat isa kung ano ang tinatanaw nila para sa taong 2024 at pakikibaka para sa karapatan ng mamamayan.

Naglunsad ang yunit ng mga pag-aaral para sa mga kadre at mandirigma nito kaugnay ng ilang piling artikulo ni Prop. Jose Maria Sison. Layunin nitong palalimin pa ang teoretikal na pundasyon at pampulitikang kaalaman ng mga mandirigma at pag-unawa sa inilulunsad na matagalang digmang bayan sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Nabigyang inspirasyon din ng pag-aaral sa pahayag ng Komite Sentral sa anibersaryo pareho ang mga nakababata at beteranong mga kadre. Nagbigay ito ng liwanag sa kanila para sipatin ang mga kahinaan at kamalian na naging balakid sa pagsulong ng digmang bayan. Nangako din silang mas magiging mapagbantay at inihayag ang lubos na pagsang-ayon sa isinusulong na kilusang pagwawasto ng Komite Sentral.

Nagtapos ang aktibidad sa isang programang pangkultura kung saan itinanghal ng mga mandirigma at kadre ang kwento ng mga pakikibakang bayan at nagpapatuloy na kapasyahang isulong ang rebolusyon sa susunod na yugto. Nagtanghal sila ng mga tula at awitin.

Pinarangalan din sa programa ang dakilang mga martir at guro ng rebolusyong Pilipino tulad nina Prop. Sison, Wilma Austria at Benito Tiamzon at lahat ng iba pang mga martir ng bayan. “Ang buhay nila ay nagbigay-liwanag at inspirasyon sa sambayanan na huwag mawalan ng pag-asa, bagkus maging higit na determinado hanggang makamit ang tagumpay at matamasa ng bayan ang makatarungan at matagalang kapayapaan,” pahayag ng yunit.

Inalala rin nila ang sakripisyo at buhay ng mga biktima ng Tumanduk Massacre na pinaslang ng estado noong Disyembre 30, 2020 sa Tapaz, Capiz at Calinog, Iloilo. Pinagpugayan ng mga kasama at masa ang pagtatanggol ng mga Tumanduk sa kanilang lupa at buhay.

Ayon sa yunit, hindi magiging matagumpay ang 1-linggong pagdiriwang kung hindi dahil sa sipag ng mga masa at kasama sa pagtitiyak sa lohistika at seguridad. “Hindi nahadlangan ng banta ng kaaway ang ating kagustuhang ipagdiwang ang ating mga tagumpay at nakamit sa nagdaang 55 taon ng pagsusulong ng digmang bayan,” pahayag pa nito.

Bilang pagtatapos sa pagdiriwang, sama-samang muling sumumpa ang mga kasapi ng Partido sa harap ng Pulang bandila para pagtibayin ang kanilang kapasyahang tumalima sa mga prinsipyo at paninindigan nito. Buo ang pag-asa ng yunit na haharapin nila ang 2024 nang may ibayong lakas at kapasyahan para biguin ang kampanya ng rehimeng US-Marcos na durugin at wakasan ang rebolusyonaryong kilusan.

Tinatayang umabot sa 200 tropang militar sa ilalim ng kumand ng 3rd ID ang nagsagawa ng operasyon sa saklaw na lugar ng mga aktibidad at pagdiriwang ng hukbong bayan at masa.

Pag-aresto sa direktor at tatlong iba pa sa Quezon, kinundena

Pebrero 4, 2024

Kabi-kabila ang pagkundena ng mga grupo ng artista, direktor at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa arbitraryong pag-aresto ng Philippine National Police (PNP)-Quezon sa direktor ng pelikula at propesor na si Jade Castro at tatlo niyang kaibigan sa Mulanay, Quezon noong Pebrero 2. Idinadawit ang mga biktima sa naiulat na pagsunog ng apat na hindi kilalang indibidwal sa isang e-jeep sa bayan ng Catanauan noong Enero 31.

“Kinukundena namin ang walang mandamyentong pag-aresto kay Castro...nananatili silang iligal na nakakulong sa istasyon ng pulis sa Catanauan,” pahayag ng Concerned Artists of the Philippines (CAP). Nauna nang iginiit ni Castro na sila ay inosente at nasa lugar para lamang magbakasyon.

Bagaman hindi pa malinaw ang motibo ng krimen at mga detalye ng kaso, dinakip ng PNP-Quezon ang tatlo. Ayon sa ulat ng pulis, ang e-jeep o minibus ay hinarang ng apat na armadong lalaki habang bumabyahe sa haywey sa Catanauan bandang alas-7 ng gabi. Pinababa umano ang drayber at mga sakay nito, saka umano

pinasabugan ng molotov ang dyip hanggang sa nasunog.

Ayon sa CAP, “nagsasagawa pa ng imbestigasyon ang pulis sa naturang kaso, pero lahat sila [si Castro at tatlo pa] ay sinampahan na ng kasong arson.” Paano natukoy kaagad ng mga pulis gayong sabi ng mga saksi ay naka-bonnet ang mga suspek, tanong ng grupo.

Giit ng grupo na kagyat na palayain si Castro at ang tatlo pa niyang kasama. Samantala, hinimok nila ang Commission on Human Rights na kagyat na magsagawa ng hiwalay na imbestigasyon sa naturang insidente at tiyakin ang kaligtasan ng mga akusado.

“Gaano pa karaming mga artist ang patuloy na magiging vulnerable sa ganitong mga pag-atake?” ayon pa sa CAP. Si Castro ay kilalang direktor ng mga progresibong pelikula at tumitindig laban sa jeepney phaseout.

Ika-125 taong anibersaryo ng gerang Pilipino-Amerikano, ginunita sa protesta

Pebrero 5, 2024

Nagprotesta ang mga grupong pambansa-demokratiko sa harap ng embahada ng US kahapon, Pebrero 4, upang gunitain ang ika-125 taong anibersaryo ng pagsisimula ng gerang Pilipino-Amerikano na pumatay ng daan-daang libong Pilipino. Mahigit 20,000 sundalong Pilipino at mahigit 200,000 sibilyan ang napatay sa gera,

liban pa sa tinatayang isang milyong namatay sa gutom at sakit na dulot ng gera.

“Mahigit isang siglo matapos nito, nagpapatuloy na banta sa mundo ang US war machine,” ayon sa Bagong Alyansang Makabayan. Inihalimbawa ng grupo ang pagsuporta ang US sa henosidyo ng mga Palestino sa Gaza at pang-udyok nito ng gera sa East Asia gamit ang mga base militar at forward troop deployment nito.

“Interesado lamang ang US sa walang katapusang mga gera para itulak ang hegemonya nito,” ayon sa grupo. Tinawag nitong salot sa mundo ang US at “hindi kaibigan” ng mga Pilipino.

“Ginugunita namin ang araw na ito na may panawagan para sa pagwawakas sa presensya at panghihimasok ng US sa Pilipinas, at pagtigil sa kampanyang henosidyo ng Israel na suportado ng US,” anito.

Kabilang sa mga lumahok sa rali ang mga mamamayang katutubo at Moro sa ilalim ng Katribu Alliance and Sandugo Movement. Nanawagan sila sa kapwa mga Pilipino at Muslim na patuloy na kundenahin ang pambobomba ng Isarel sa Palestine. Kinundena din nila ang gubyernong Biden ng US sa pagsuporta nito sa Israel at sa pagkakait ng pondo sa UNRWA (United Nations Relief and Works Agency for Palestine Refugees in the Near East).

Mga Canadian, nanawagan sa guberno ng Canada na itigil ang suportang militar sa Pilipinas

Pebrero 6, 2024

Nanawagan noong huling linggo ng Enero ang Ontario Committee for Human Rights in the Philippines (OCHRP) na itigil ng guberno ng Canada ang pagsuporta nito sa kampanyang kontra-insurhensya sa Pilipinas.

Kabilang sa suporta nito ang pagbebenta ng di bababa sa walong helikopter, pagbibigay ng ayudang militar sa pamamagitan ng ASEAN na nagkakahalaga ng \$13 bilyon, pagsasanay ng mga pasistang sundalo ng AFP sa Canda at pagbibigay ng teknolohiya para sa pagsasanay ng coast guard sa marine surveillance.

Kinontra rin nila ang pakana ng Canada na magbuo ng Visiting Forces Agreement sa Pilipinas para sa malayang paglabas-masok ng mga sundalong Canadian sa bansa, katulad ng nagagawa ngayon ng mga sundalong Amerikano. Anito, magiging direktang kaugnayan ng mga pwersang Canadian sa isang hukbong kilala sa madugong rekord ng paglabag sa karapatang-tao.

Binatikos ng grupo ang paggamit ng kampanyang kontra-insurhensya sa Pilipinas para bigyan-proteksyon ang mapangwasak na proyektong pagmimina, tulad ng ginawa sa Didipio, Nueva Ecija. Matatagpuan dito ang operasyon ng OceanaGold, isang kumpanyang Canadian, na

tinututulan ng mga residente dahil sa pinsalang dala nito sa kanilang komunidad.

Sa pamamagitan ng pulis, dinemolis ang 100 kabahayan sa lugar at paulit-ulit na binuwag ang barikada ng mga residente, para bigyan-daan ang operasyon ng kumpanya.

Ang OCHRP ay isang organisasyong nakabase sa Canada na nakikiisa sa mga pakikibaka para sa kapayapaan at pambansang demokrasya sa Pilipinas.

Mga manggagawa, kinontra ang chacha ng Senado

Pebrero 6, 2024

Kasama sa mga nagprotesta laban sa pakanang charter change sa harap ng Senado kahapon, Enero 5, ang mga manggagawa sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno (KMU). Itinaon ang pagkilos sa pagdinig sa Resolution of Both Houses No. 6 na naglalayong baguhin ang mga probisyon sa ekonomya ng Konstitusyong 1987.

“Dismayado ang mga manggagawa sa buong bansa sa pagmamadali ng administrasyong Marcos Jr. na baguhin ang saligang batas habang makupad ito sa pagtataas ng sahod ng mga manggagawa,” pahayag ng KMU. Binweltahan din ng KMU si Senate President Juan Miguel Zubiri, na pasimuno ng nabanggit na resolusyon.

“Noong nakaraang taon, ang palaging sinasabi ni Senator Zubiri ay deserve ng manggagawa ng wage increase. Pangako pa niya, pamaskong

handog raw ng mga mambabatas ang P100 wage hike,” ayon kay Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng KMU. “Nagbago lang ang taon, nagbago na rin ang sayaw ni Mr Zubiri. Pang-uto lang ba sa manggagawa ang pangakong ginhawa?”

Batid ng mga manggagawa na si Ferdinand Marcos Jr mismo ang arkitekto sa mga tangkang baguhin ang konstitusyon para ibuyangyang ang ekonomya sa pandarambong ng mga dayuhang kumpanya. Naniniwala rin silang hindi titigil si Marcos sa pagbabago ng mga probisyonng pang-ekonomya, at isasagad niya ang chacha para palawigin ang sarili sa pwesto.

“Yang si BBM, nanliligaw sa mga dayuhan. Ang hanap niyan, kikbak mula sa mga pledges at pamumuhunan na hangin hanggang ngayon,” ayon kay Adonis. “Bubuksan na lang niya ang likas-yaman at labor force natin matiyak lang na makaka-stay sila sa kapangyarihan at makakubra muli sa kaban ng bayan.”

Nanawagan siya sa kapwa manggagawa na iparinig ang kani-kanilang boses laban sa makasariling mga hakbang ng mga nasa estado poder.

“Mga kababayan, ka-manggagawa, sobrang busy ng mga tinaguriang lider ng bansa sa kakaprotekta sa kani-kanilang interes, habang tayo nagugutom. Ang taas ng presyo ng bilingin, kuryente, tubig, pamasaha—lahat na—pero sila abala sa pagkauhaw nila sa kapangyarihan. Marapat lamang na magpadagundong tayo ng

mga protesta nang malaman nilang di natin papayagan ang ganyang kagarapalan.” aniya.

Unang araw ng klase sa UP Diliman, UP Los Baños at UP Baguio, sinalubong ng rali

Pebrero 6, 2024

Binuksan ng mga iskolar ng bayan sa University of the Philippines (UP)-Diliman at Los Baños ang bagong akademikong taon o pasukang 2024-2025 ng mga kilos protesta at martsa sa loob ng kani-kanilang kampus sa noong Pebrero 5 at 6.

Ipinanawagan ng mga estudyante ang pagtataguyod ng akademikong kalayaan at binatikos ang patuloy na komersyalisasyon sa loob ng UP.

Sa UP-Diliman, nagmartsa ang mga estudyante, guro, mga manininda at tsuper ng dyip sa kampus tungo sa Quezon Hall noong Pebrero 6. Bago nito ay nagsagawa ng lokal na mga programa ang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa kani-kanilang kolehiyo. Itinaon nila ang protesta sa paggunita sa ika-53 taon ng Diliman Commune, ang siyam na araw na pagbabarikada sa kampus ng UP-Diliman noong panahon ng diktadura.

Inihayag sa protesta ng iba’t ibang mga sektor ng UP ang mga isyu kabilang na ang kakulangan ng mga klase, naantalang pasahod sa mga security guard, pagtatayo ng komersyalisadong mall sa loob ng UP-Diliman, jeepney phaseout at iba pa. Giit nilang magkaisa ang buong komunidad para

tutulan at labanan ang komersyalisasyon sa mga espasyo at serbisyo ng UP-Diliman.

Dahil dito, naitulak nilang maglunsad ng pormal na konsultasyon kasama si Chancellor Edgardo Vistan ng UP-Diliman kaugnay ng mahahalagang usapin at isyu na kanilang kinakaharap.

Sa UP-Los Baños, nagkaisa ang may 35 organisasyon para ilunsad ang protesta sa unang araw ng klase noong Pebrero 5. Ayon sa Samahan ng Kabataan para sa Bayan (Sakbayan)-UPLB, pagpapamalas ito ng sama-samang pagtindig ng mga estudyante para igiit ang makabayan, siyentipiko, at makamasang edukasyon.

Ipinahayag ng mga organisasyon ang kanilang pagtutol sa kaltas-badyet, komersalisasyon sa UP, Mandatory ROTC, at patuloy na pag-atake ng estado sa batayang karapatan ng mamayang Pilipino.

Sa UP Baguio, nagkasa rin ng protesta ang mga estudyante, kawani at guro dito noong Pebrero 6. Hinikayat nila ang mga estudyante na makisangkot sa mga isyu sa loob at labas ng unibersidad.

Mag-asawang matanda, pinaslang ng militar na lango sa droga sa Masbate

Pebrero 7, 2024

Walang pinipiling biktima ang karahasan at terorismo ng militar sa prubinsya ng Masbate. Noong Pebrero 5, pinaslang ng 2nd IB ang matandang mag-asawang “senior citizen” na sina

Pedro Regala, 78 anyos, at Florencia Regala, 67 anyos sa Barangay Toboran, bayan ng Cawayan.

Tahasang nagsinungaling ang 2nd IB na mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate ang dalawang matanda para pagtakpan ang kanilang krimen. Pinalabas pa ng mga berdugo na nakumpiska sa matatanda ang isang M16, isang kalibre 38 Revolver, homemade shotgun, mga ammo pouch at limang selpon.

“Nagngangalit ang mamamayang Masbatenyo sa kasuklam-suklam na pagpatay kay Tatay Pedro at Nanay Florencia,” ayon kay Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate. Ayon sa impormasyon ng yunit, dinampot ang mahina at walang kalaban-labang mag-asawa sa kanilang tahanan at dinala sa liblib na bahagi ng sapa kung saan walang-awa silang pinagbabaril.

Natukoy ng yunit ng BHB na mga elemento ng 2nd IB at mga grupong paramilitar sa pamumuno ni Adriel Besana ang sangkot sa krimen. Napag-alaman din na ilan sa mga pumatay ay lulong sa drogang sinuplay ng druglord at rantserong si Edwin Du.

Ibinahagi din ni Ka Luz na dapat mag-ingat ang mga residente sa Baranga Toboran dahil pinamumugaran ito ng mga paramilitar na Alsa Masa na pinasasahod at suportado ng militar.

Sa harap ng paghaharing militar sa prubinsya, nanawagan si Ka Luz sa masang Masbatenyo na huwag manahimik, magpadala sa takot at ibaon sa limot ang mga krimen ng militar. “Hindi sila dapat

pumayag pang maging ang ating mga ama, ina, anak, kapatid at kaibigang pinakamamahal sa buhay ay ituring na mas masahol pa sa hayop. Kailangang itransporma ang ating pagluluksa sa makatarungang pakikibaka,” aniya.

Hinimok niya ang mga Masbatenyo na tahakin ang landas ng digmang bayan. “Digmang bayan ang tatapos at bibigo sa gerang mapanupil ng bulok na estado. Mangyayari lamang ito sa pagsuporta at pagkilos ng lahat ng inaapi at pinagsasamantalahan para sa makatarungang armadong pakikibaka.”

Nagpahayag din ng galit si Ka Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa pagbatikos sa 2nd IB. Nakiisa siya sa pamilya at kaanak ng pinaslang na matatanda sa paghingi ng katarungan. Aniya, may pananagutan sina Sec. Gilbert Teodoro, kalihim ng Department of National Defense, at Gen. Romeo Brawner, hepe ng Armed Forces of the Philippines sa naganap na krimen.

[English Translation]

Drug-crazed AFP soldiers murder elderly spouses in Masbate

Pebrero 7, 2024

The violence and terrorism of the military in the province of Masbate knows no bounds. On February 5, the 2nd IB murdered the elderly “senior citizen” couple Pedro Regala, 78 years old, and Florencia Regala, 67 years old in Barangay Toboran, Cawayan town.

To cover up their crime, the 2nd IB blatantly lied that the two elderly residents were fighters of the New People's Army (NPA)-Masbate. The butchers even falsely claimed having confiscated an M16, a caliber .38 revolver, homemade shotgun, ammo pouches and five cell phones from the elderly couple.

"The people of Masbate are outraged by the heinous killing of Tatay Pedro and Nanay Florencia," according to Ka Luz del Mar, NPA-Masbate spokesperson. The unit's information say the weak and defenseless couple were picked up from their home and taken to a remote part of the creek where they were mercilessly shot.

The NPA unit identified elements of the 2nd IB and paramilitary groups under Adriel Besana as involved in the crime. It was also found that some of the killers were high on drugs supplied by druglord and rancher Edwin Du.

Ka Luz also warned residents in Baranga Toboran to be cautious as their community is infested by Alsa Masa paramilitaries who are paid and supported by the military.

In the face of military rule in the province, Ka Luz called on the masses of Masbatenyo not to be silent, give in to fear and bury the crimes of the military in oblivion. "They should not allow our fathers, mothers, children, brothers and friends who are dearest to us to be treated worse than animals. We need to transform our mourning into a just struggle," he said.

He urged the Masbateños to take the path of people's war. "The people's war will end and defeat the repressive war of the rotten state. This will only happen with the support and action of all the oppressed and exploited for a just armed struggle."

Ka Marco Valbuena, chief information officer of the Communist Party of the Philippines, also expressed outrage and condemned the 2nd IB. He joined the family and relatives of the murdered elders in demanding justice. He said, Sec. Gilbert Teodoro, secretary of the Department of National Defense, and Gen. Romeo Brawner, chief of the Armed Forces of the Philippines are accountable for the crime.

Mga estudyante ng UE, tutol sa nakaambang pagtataas ng matrikula

Pebrero 7, 2024

Ipinabatid ng mga estudyante ng University of the East (UE)-Manila at UE-Caloocan sa pamamagitan ng kani-kanilang konseho ng mag-aaral ang kanilang pagtutol sa nakaambang muling pagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin sa susunod na pasukan. Nagpadala ang UE-Caloocan Central Student Council (CSC) ng sulat kay UE President Zosimo Battad para himukin ang administrasyon na pakinggan ang mga estudyante at huwag ituloy ang pagtataas ng singil. Noong nakaraang taon ay nagtaas ng matrikula ang UE nang 9.5%.

Ayon sa sulat ng UE Caloocan CSC, maraming mga bayarin sa unibersidad ang “walang direktang benepisyo” sa mga estudyante laluna sa “hybrid” na porma ng pagtuturo kung kaya ang pagsingil nito o ang pagtataas pa nga ay “hindi makatwiran at hindi patas.” Gayundin, hindi umano ipinaliliwanag sa partikular na distribusyon ng mga singilin kung bakit dapat bayaran ang mga ito laluna at walang “malinaw na bentaheng nakukuha” mula rito.

Nagbabala ang konseho na hahantong ang pagtataas ng matrikula sa mas mababang enrollment sa unibersidad kung matutuloy ito. “Sa pagkakamit ng abot-kaya at dekalidad na edukasyon, humihiling kami sa administrasyon na muling suriin ang kahit anong patakarang bumabalewala sa layuning ito,” ayon sa konseho.

Ibinahagi din ng konseho ang pagtingin ng mga estudyante na hindi kapansin-pansin ang mga pagbabago sa unibersidad sa kabila ng 9.5% pagtaas ng matrikula noong nakaraang taon. Anito, hindi tugma ang ipinahayag na commitment ng unibersidad at tunay na pangangalaga nito sa kagalingan ng mga estudyante. Dahil dito, kinukwestyon nila kung ang nakaambang taas-singil.

Iginiit din ng konseho sa kanilang sulat na “higit na mas kauna-unawang hakbang ang pagbababa ng matrikula” hindi lamang para sa kagalingan ng mga estudyante, kundi sa diwa ng pagiging patas. “Nananawagan kami sa unibersidad na pakinggan ang mga constituent nito na huwag magpatupad

ng panibagong pagtataas ng matrikula,” pahayag ng konseho.

Samantala, naglabas ng sarbey ang UE Manila USC sa mga estudyante kaugnay ng kanilang palagay sa napipintong pagtataas ng matrikula. “Sa nalalapit na konsultasyon kaugnay ng pagtataas ng matrikula at ibang mga bayarin, nais naming magbigay ng malinaw, lohikal at nakabatay sa datos na mga argumento laban sa pagtataas,” ayon sa pangulo ng UE Manila USC sa panayam sa pahayang pangkampus sa UE.

Nanawagan din ito sa lahat ng mga estudyante ng UE na labanan ang pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin at isulong ang mas mataas na kota para sa mga bibigyan ng scholarship.

Nakiisa ang League of Filipino Students sa panawagan ng mga mag-aaral ng UE at pinangasiwaan nito ang mga pag-aaral at talakayan kaugnay dito sa mga organisasyon at konseho ng UE Manila noong Pebrero 3 at 7.

Nakatakdang magsagawa ng “konsultasyon” ang administrasyon ng UE sa isang pulong sa mga konseho ng mag-aaral sa darating na Pebrero 28 at 29. Ang “konsultasyon” ay iminandato ng Commission on Higher Education para gawing katanggap-tanggap at lehitimo ang pagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin.

[English Translation]

UE students oppose looming tuition hike

Pebrero 7, 2024

Students of the University of the East (UE)-Manila and UE-Caloocan through their respective student councils expressed their opposition to the looming increase in tuition and other fees next school year. In a letter to UE President Zosimo Battad, the UE-Caloocan Central Student Council (CSC) sent a letter urging the administration to listen to the students and forego the planned fee increases. Last year UE raised tuition by 9.5%.

According to the UE Caloocan CSC's letter, many university fees "have no direct benefit" to students especially in the "hybrid" form of tuition so charging them or even raising them is "unreasonable and unfair." Also, the particular distribution of charges does not explain why they should be paid in particular and no "clear advantage is derived" from it.

The council warned that tuition increases will lead to lower enrollment in the university if it goes ahead. "In the pursuit of affordable and quality education, we request the administration to reassess any policy that undermines this goal," according to the council.

The council also shared the view of students who see no improvements in the university despite the 9.5% tuition increase last year. According to them, this is incompatible with the declared commitment

of the university and its so-called care for the well-being of the students. Because of this, they challenged the looming increases.

The council also asserted in their letter that “lowering tuition fees is the most understandable step” not only for the well-being of students, but in the spirit of fairness. “We call on the university to listen to its constituents not to implement another tuition increase,” the council said.

Meanwhile, the UE Manila USC conducted a survey among students regarding their opinion on the impending tuition increase. “In the upcoming consultation regarding the increase in tuition and other fees, we want to provide clear, logical and data-based arguments against the increase,” said the president of UE Manila USC in an interview with the UE campus newspaper.

It also called on all UE students to resist the increase in tuition and other fees and push for a higher quota for recipients of scholarships.

The League of Filipino Students joined the call of UE students and facilitated studies and discussions related to it in UE Manila organizations and councils on February 3 and 7.

The UE administration is set to hold a “consultation” at a meeting with student councils this coming February 28 and 29. The “consultation” was mandated by the Commission on Higher Education to make the increase of tuition and other fees acceptable and legitimate.

Mga manggagawa sa Southern Tagalog, nagprotesta para sa sahod at kabuhayan sa Laguna

Pebrero 7, 2024

Inilunsad ng mga manggagawa sa Southern Tagalog, sa pangunguna ng Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan-Kilusang Mayo Uno (Pamantik-KMU), ang karaban at protesta sa iba't ibang ahensya ng paggawa ng gubyrno noong Pebrero 5 sa Laguna.

Anang grupo, pagsisimula ito ng kanilang kampanya para sa paggunita sa Araw ng Paggawa sa Mayo 1. Inirehistro nila ang panawagan para sa makabuluhang dagdag na sahod, seguridad sa trabaho, at karapatan sa pag-uunyon.

Kinalampag nila ang mga upisina ng Department of Labor and Employment, Regional Tripartite Wages and Productivity Boards (RTWPB) at National Labor Relations Commission sa Laguna. Siningil nila ang RTWPB sa kakarampot na pagtataas ng sahod noong nakaraang taon (P35-P50). Batid umano ng mga manggagawa na hindi ito sapat sapagkat patuloy na sumisirit ang presyo ng mga pangunahing bilingin lalo na ang bigas.

Tinatayang nasa P1,112 ang halaga ng arawang nakabubuhay na sahod sa Region IV-A ayon sa Ibon Foundation. Malayo ito sa kasalukuyang P435.00 hanggag P520.00 na arawang minimum.

Binatikos din mga manggagawa ang pagbalewala ng rehimeng Marcos sa panawagan nila at imbes

ay inuuna pa ang pagsusulong ng charter change na makasasama sa bansa at masang manggagawa. “Hindi ang pahirap na charter change ni Marcos ang kailangan ng mamamayan kundi ang libreng edukasyon, lupa sa mga magsasaka, libreng pabahay at nakabubuhay na sahod, kasiguraduhan sa trabaho,” ayon sa Pamantik-KMU.

[English Translation]

Southern Tagalog workers protest for wages and livelihood in Laguna

Pebrero 7, 2024

Southern Tagalog workers, led by Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan-Kilusang Mayo Uno (Pamantik-KMU), staged a caravan and protest before various government labor agencies on February 5 in Laguna.

The group says these kicks off their campaign in line with Labor Day commemorations on May 1. They called for significant wage increases, job security, and the right to unionize.

They protested before the offices of the Department of Labor and Employment, Regional Tripartite Wages and Productivity Boards (RTWPB) and the National Labor Relations Commission in Laguna. They denounced the RTWPB for the meager wage increase last year (₱35-₱50). The workers point out how insufficient these increases are because the prices of basic commodities, especially rice, continue to rise.

The daily living wage in Region IV-A is estimated at ₱1,112 according to the Ibon Foundation. This is far from the current ₱435.00 to ₱520.00 daily minimum wage.

Workers also denounced the Marcos regime for ignoring their call and instead prioritizing the promotion of charter change which will harm the country and the working masses. “What the people need is not Marcos’ burdensome charter change but free education, land for farmers, free housing and livable wages, job security,” according to Pamantik-KMU.

Apex Mining, dahilan ng pagguho ng lupa sa Davao de Oro

Pebrero 8, 2024

Tuluy-tuloy na iniinda ng mga taga-Davao de Oro (Compostela Valley) ang nakamamatay na epekto ng mapangwasak na pagmimina sa prubinsya. Noong gabi ng Pebrero 6, nagkaroon ng masaklaw na pagguho ng lupa sa Masara, Maco na saklaw ng operasyon sa open-pit na pagmimina ng Apex Mining Co., Inc.

Natabunan ng lupa ang tatlong bus na naglalaman ng mga manggagawa ng kumpanya, gayundin ang barangay hall at di mabilang na mga bahay. Tinatayang may 86 ang nakasakay sa bus; 45 pa lamang ang nailigtas mula sa guho, habang anim ang nahukay na patay. Wala pa sa bilang na ito ang mga natabunan sa mga kabahayan. Nasa 86 pamilya, o 600 indibidwal, ang sapilitang inilikas sa lugar.

Ayon sa mga upisyal ng barangay, pinakamalamang na sanhi ng landslide ang malalakas na ulan sa nakaraang linggo na bunsod ng shear line at papasok na low pressure area. Sa kabila ng nito, tuluy-tuloy ang pagpapatrabaho ng Apex Mining sa minahan. Beynte-kwatro oras ang operasyon nito, na tinatauhan ng mga manggagawa sa tatlong shift.

Ang Apex Mining ay pagmamay-ari ni Enrique Razon at pinatatakbo ni Luis Sarmiento. Kabilang sa mga namumuhunan dito ang malalaking kumprador na sina Ramon Y. Sy, Walter W. Brown, at Dennis A. Uy. Dati itong pag-aari ng multinasyunal na kumpanya sa pagmimina na nakabase sa United Kingdom, bago ito binili ng isang kumpanyang Malaysian, na nagbenta nito kay Razon. Kumita ang kumpanya ng ₱2.3 bilyon sa unang siyam na buwan noong 2023.

Matagal nang iniinda ng mamamayan sa Maco ang pinsalang idinulot ng mga open-pit mining ng Apex Mining sa lugar. Noong 2018, gumuho na rin ang lupa malapit sa minahan kung saan 279 pamilya ang sapolitang pinalikas. Bago nito, dalawang beses nang ipinasuspinde ang mga operasyon ng kumpanya.

Noong 2014, pinatawan ng Mines and Geosciences Bureau ng 1-buwang suspensyon ang kumpanya matapos matambak ang basura nito (tailings) sa katubigan ng komunidad. Noong 2016, isa ang Apex sa 20 operasyon ng pagmimina na isinuspinde ng noo'y kalihim ng DENR na si Gina Lopez dahil sa kabiguan nitong tiyakin ang kaligtasan ng mga komunidad na nakapalibot dito,

at pinsalang dala ng mga operasyon nito sa kalikasan.

Mina at militar

Tadtad ng mga detatsment ng CAFGU at kampo ng militar, na nagsisilbing mga gwardya at tagapagtanggol ng mga operasyon ng mina, ang Compostela Valley. Nakakampo rito ang 66th IB, gayundin ang mga ibang yunit ng 48th IB, at ngayon ang 25th IB at 1001st IBde na kunwa’y “tumutulong” sa rescue effort.

Mahaba ang rekord ng pamamaslang at iba pang paglabag sa karapatang-tao ng naturang mga yunit militar. Kabilang sa mga biktima nito si Marcelo Monterona, na pinaslang nila noong Enero 2014, sa harap ng kanyang tindahan. Si Monterona ay myembro ng konseho ng Indug Katawhan, ang organisasyong nanguna sa paniningil sa Apex Mining sa pinsalang dala nito sa mga komunidad ng mga magsasaka at Lumad. Noong 2013, natulak ng organisasyon ang Apex na magbigay-danyos ng ₱3.6 milyon at kumpunihin ang nasirang mga imprastruktura matapos hambalusin ang kanilang komunidad ng Bagyong Pablo.

Noong 2022, idineklara ng militar na “insurgency-free” ang Compostela Valley, matapos ang ilang taon ng walang awat at madugong kampanyang panggigipit at “pagpapasuko” ng mga sibilyan.

[English Translation]

Apex Mining cause landslide in Davao de Oro

Pebrero 8, 2024

The people of Davao de Oro (Compostela Valley) continue to suffer the deadly effects of destructive mining in the province. On the night of February 6, there was a massive landslide in Masara, Maco in a community covered by the open-pit mining operations of Apex Mining Co., Inc.

Three buses containing the company's workers, as well as the barangay hall and countless houses, were buried in the ground. From the estimated 86 people on the bus, only 45 have been rescued from the rubble, while six died. The number excludes those buried in their houses. About 86 families, or 600 individuals, were forcibly evacuated from the area.

According to barangay officials, the landslide was most likely triggered by the heavy rains in the past week due to the shear line and trough of the low pressure area. Despite this, Apex Mining continued its operations. It continued operating twenty-four hours a day, with workers coming in three shifts.

Apex Mining is owned by Enrique Razon and is being ran by Luis Sarmiento. Among its investors are the big compradors Ramon Y. Sy, Walter W. Brown, and Dennis A. Uy. It was previously owned by a multinational mining company based in the United Kingdom, before it was bought by a

Malaysian company, which sold it to Razon. The company earned ₱2.3 billion in the first nine months of 2023.

The people of Maco have long been bearing the destruction caused by Apex Mining's open-pit mining in the area. In 2018, the land collapsed near the mine where 279 families were forced to evacuate. Before this, the company's operations were suspended twice.

In 2014, the Mines and Geosciences Bureau imposed a 1-month suspension on the company after its tailings was dumped in community waters. In 2016, Apex was one of 20 mining operations suspended by then-DENR secretary Gina Lopez for its failure to ensure the safety of the communities surrounding it, and the damage its operations caused to the environment.

Mine and military

Compostela Valley is teeming with CAFGU detachments and military camps, which serve as guards and protectors of mine operations. The 66th IB has its headquarters here, as well as other units of the 48th IB, and now the 25th IB and 1001st IBde who pretend to "assist" in the rescue effort.

Such military units have a long record of killings and other human rights violations. Their victims include Marcelo Monterona, whom they murdered in January 2014, in front of his store. Monterona was a council member of Indug Katawhan, the organization that led the denouncement against

Apex Mining for the harm it has caused to the peasant and Lumad communities. In 2013, the organization pushed Apex to pay ₱3.6 million in damages and repair damaged infrastructure after Typhoon Pablo hit their community.

In 2022, the military declared Compostela Valley “insurgency-free”, after several years of relentless and bloody campaigns of repression and “surrender” of civilians.

Panggigipit ng militar at pulis sa konstruksyon ng mga bangka sa Mindoro, binatikos

Pebrero 8, 2024

Binatikos ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) at Southern Tagalog People’s Corps (STPC) ang panggugulo at intimidasyon ng mga militar at pulis sa mga mangingisda at makataong grupo na nagsasagawa ng Boat Construction Project sa Naujan, Oriental Mindoro sa nagdaang mga araw. Matapos na guluhin ang programa, walang kahihyan namang ipinahayag ngayong araw ng berdugong 1st Company, 2nd CMO Battalion na ang programa ay bahagi ng kampanya ng National Task Force-Elcac.

Ayon sa Pamalakaya, isinasagawa ang proyekto sa Barangay San Jose Uno sa pagtutulongan ng STPC at ng Samahan ng mga Mangingisda ng Naujan (SAMANA), sa pakikipag-ugnayan sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Central Office at sinimulan noong Pebrero 5. Layunin ng

naturang proyekto na mamahagi ng mga bangka at kagamitan sa pangangisda sa mga kasapi ng Pamalakaya-Oriental Mindoro na naapektuhan ng oil spill noong nakaraang taon.

Iniulat ng STPC na sa unang araw pa lamang ng proyekto ay naantala na ito dito dahil sa paghahanap ng mga sundalo ng bagong permit (sanitary permit) at rekisito tulad ng dagdag na mga fire extinguisher na hinahanap naman ng Bureau of Fire Protection-Oriental Mindoro.

Nangamba umano ang mga mangangisda na hindi matuloy ang proyekto kahit na maagap at maagang ikinoordina ito sa lokal na gubyerno ng Naujan at BFAR Regional Office dahil sa ganitong mga panggugulo ng mga sundalo.

Kaugnay nito, nanawagan ang STPC, kasama ang mga lokal na mangangisda, sa publiko at tanggapan ng gubyerno sa agarang pagpapaalis ng pulis at militar. “Nagbibigay takot ang kanilang presensya dahil sa kanilang pagdadala ng baril, walang pahintulot na pagkuha ng litrato at madalas na pagtatanong ng mga pribadong impormasyon sa mga lokal na mangangisda at lider-boluntir ng STPC,” pahayag pa ng grupo.

“Walang kahit anong kinalaman ang militar at pulis sa konstruksyon ng mga bangka, dahil ang proyekto namin ay naikoordina at katunayan ay may pakikipagtulungan sa BFAR mismo,” pahayag ni Nimuel Yangco ng STPC-Ayuda Para sa Mindoro Taskforce.

Aniya, wala siyang nakikitang kahit anong rason para sa pagpupumilit na pakikialam ng militar sa proyektong pangkabuhayan liban sa kadahilanang sila ay isang progresibong organisasyon.

“Lantaran itong harassment at paglabag sa aming karapatan sa kabuhayan,” ayon kay Yangco.

Pagbabahagi niya, ang naturang proyekto ay resulta ng pagkilos ng kanilang komunidad para makahingi ng ayudang pangkabuhayan mula sa pambansang gubyrno sa harap ng matagalang epekto ng oil spill sa kanilang pangisdaan. “Sa kabila nito, binabalewala ng militar at pulis ang kanilang kolektibong pagsisikap sa kanilang intimidasyon at presensya sa konstruksyon,” pahayag pa niya.

Walang kahihiyang ipinamamandila ng militar ang kasinungalingan na bahagi umano sila ng proyekto.

[English Translation]

Military and police intimidation against Mindoro boat construction project, condemned

Pebrero 8, 2024

The Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) and the Southern Tagalog People’s Corps (STPC) condemned the harassment and intimidation by the military and the police against fishermen and humanitarian groups who undertook a Boat Construction Project in Naujan, Oriental Mindoro the past days. After disrupting the program, the

notorious 1st Company, 2nd CMO Battalion shamelessly declared today that the program is part of the National Task Force-Elcac campaign.

According to Pamalakaya, the project is being carried out in Barangay San Jose Uno with the cooperation of the STPC and the Association of Fishermen of Naujan (SAMANA), in coordination with the Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Central Office and started on February 5. The purpose of this project is to distribute boats and fishing equipment to the members of Pamalakaya-Oriental Mindoro who were affected by the oil spill last year.

The STPC reported that even on the first day, the project was already delayed by soldiers searching for a new permit (sanitary permit) and requirements such as additional fire extinguishers that the Bureau of Fire Protection-Oriental Mindoro also searched for.

Because of the soldiers' disruptive actions, the fisherfolk feared the project would not proceed despite the prompt and early coordination with the local government of Naujan and the BFAR Regional Office.

In this regard, the STPC, along with local fishermen, called on the public and government offices for the immediate withdrawal of the police and military. "Their presence creates fear because they carry arms, take photographs without permission and frequently ask local fishermen and STPC volunteer leaders for private information," the group said.

“The military and the police have nothing to do with the construction of the boats, because our project is coordinated and, in fact, has the support of the BFAR itself,” said Nimuel Yangco of the STPC-Ayuda Para sa Mindoro Taskforce.

He said, there find no reason for the military’s insistence on interfering in the livelihood project other than the fact that they are a progressive organization. “This is blatant harassment and violation of our right to livelihood,” according to Yangco.

He shared that such a project is the result of their community’s action to request livelihood support from the national government in the face of the long-term effects of the oil spill on their aquatic resources. “Despite this, the military and police ignore their collective efforts, and instead intimidate and insist on their presence in the construction,” he further stated.

The military shamelessly spread the lie that they are part of the project.

Papanagutin ang Apex Mining sa pagguho ng lupa sa Maco

Pebrero 10, 2024

Pinananagot ng mga grupong Lumad at kanilang mga tagasuporta ang Apex Mining Corporation sa nangyaring pagguho ng lupa sa Masara, Maco sa Davao de Oro noong Pebrero 7. Di bababa sa 100 ang tinatayang natabunan ng lupa, karamihan

mga minero na nasa loob ng mga bus na nakaparada sa gitna ng komunidad.

Sa huling ulat, 15 na ang nahukay na patay, 32 ang sugatan, at 89 ang itinuturing na nawawala. Isang bata ang nahukay na buhay, dalawang araw matapos matabunan ng lupa ang tinitirhan niyang bahay. Ang Apex Mining ay pag-aari ng kumprador na si Enrique Razon Jr, isa sa pinakamalaking kroni ng magkasunod na rehimeng Duterte at Marcos.

“(L)agi kami pinagsasabihan ng aming mga apuhan (ninuno) noon na huwag kaming maghukay sa lupa kung wala kaming itatanim dahil darating ang panahon na lalamunin kami ng lupa (kapag ganun ang aming ginawa),” ito ang pahayag ni Rep. Eufemia Cullamat, dating kinatawan ng Bayan Muna sa Kongreso.

Aniya, napakasagrado ng lupa sa nga Lumad, kung kaya napakasigasig nila itong ipinagtatanggol, mula pa sa kanilang mga ninuno hanggang ngayon.

“Hindi pwedeng tahimik lang at itago ng Apex Mining ang pananagutan niya sa buhay ng mga residenteng biktima ng pagmimina. Kailangang managot ang kumpanya sa lahat ng pinsalang nito sa nawasak na buhay at kabuhayan. Kailangang lumayas sila diyan para matigil agad ang pagkawasak ng lupang ninuno,” aniya.

“Dapat managot ang Apex Mining. Dapat ipatigil ang kanilang mga operasyon,” giit niya.

Dapat ring papanagutin ang mga tiwaling upisyal ng gubyrerno, lokal at nasyunal, na kasabwat sa patuloy na pagkasira ng kalikasan at pandarambong sa likas na yaman ng mga Lumad.

Samantala, siningil ng Kilusang Mayo Uno ang Apex sa 24-oras na pagpapatakbo ng mga mina at pagsasapeligro ng buhay ng mga manggagawang minero sa gitna ng mga pag-ulan sa rehiyon ng Davao na nagdulot na ng pagbaha at landslide sa kalapit na mga lugar.

“Kailangang tanungin: paano pinangangalagaan ng kumpanya ang manggagawa papasok, habang at pauwi mula sa trabaho?” pahayag ni Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Mayo Uno (KMU).

Aniya, mahaba na ang rekord ng mga kaparehong insidente pero walang napapanagot, laging dehado ang ating mga kababayang manggagawa sa minahan, at mga mamamayan sa komunidad.”

Dalawang beses nang isinuspinde ng Department of Environment and Natural Resources ang operasyong open-pit mining ng Apex dahil sa pinsalang idinulot nito sa kapaligiran.

Nanawagan naman ng hustisya para sa mga biktima ang grupong Gabriela.

“Biktima ng mapangwasak na malawakang pagmimina sa rehiyon ang mga manggagawa at residenteng namatay, sugatan at nawawala dahil sa naganap na landslide,” pahayag ng grupo.

“Ang giit ng mamamamayan ng Maco ay hustisya. Matatamo lamang ito kung ititigil ng gubyenro ang mapangwasak na pagmimina sa bansa at papanagutin ang malalaking kumpanya sa pagmimina,” anito.

[English Translation]

Hold Apex Mining responsible for Maco landslide

Pebrero 10, 2024

Lumad groups and their supporters demanded Apex Mining Corporation to be held responsible for the February 7 landslide in Masara, Maco in Davao de Oro. At least 100 people are believed to be buried under the mud, mostly miners inside buses that were then parked in the middle of the community.

At last report, 15 died, 32 injured, and 89 are considered missing. A child was dug up alive, two days after his house was buried. Apex Mining is owned by comprador Enrique Razon Jr, one of the biggest cronies of both the Duterte and Marcos regimes.

“Our ancestors always tell us not to dig the ground if we have nothing to plant because (if not, the) time will come when the ground will swallow us up,” said Rep. Eufemia Cullamat, former representative of Bayan Muna in Congress.

She said, the land is very sacred to the Lumad, that is why they, from their ancestors until now, defend it so fervently.

“Apex Mining cannot be silent and cover up its responsibility over the residents who fell victim to mining. The company must be held accountable for all the lives and livelihoods lost. They must leave so as to immediately stop the destruction of our ancestral land,” she said.

“Apex Mining must be held accountable. Their operations must be stopped,” she insisted.

Corrupt government officials, local and national, who are complicit in the ongoing environmental destruction and plunder of natural resources of the Lumads must also be held accountable.

Meanwhile, the Kilusang Mayo Uno denounced Apex for operating the mines 24 hours a day and endangering the lives of miners amid heavy rains in the Davao region which already caused flooding and landslides in nearby areas.

“It has to be asked: how does the company protect the worker on the way to, during and on the way home from work?” statement by Jerome Adonis, general secretary of Kilusang Mayo Uno (KMU).

He said, there is a long list of similar incidents but no one has been held accountable. Our countrymen workers in the mine, and people in the community are always the losers.”

The Department of Environment and Natural Resources has twice suspended Apex’s open-pit mining operation due to the damage it caused to the environment.

The Gabriela group call for justice for the victims.

“The workers and residents who died, were injured and are missing due to the landslide that occurred, are victims of widespread destructive mining in the region,” the group said.

“The citizens of Maco demand justice. This can only be achieved if the government stops destructive mining in the country and holds the big mining companies accountable,” he said.

Pilipinas, sentro ng produksyon ng materyal kaugnay sa pang-aabusong sekswal sa mga bata

Pebrero 10, 2024

Nagpahayag ng matinding pagkaalarma ang grupong Gabriela sa napabalita kamakailan na ang Pilipinas ang “sentro” ng produksyon ng mga materyal na kaugnay sa sekswal na pang-aabuso sa mga bata.

Ayon sa isang imbestigasyon ng International Justice Mission noong 2023, isa sa bawat 100 bata o halos kalahating milyong batang Pilipino ang inaabuso sa mga livestream at pagpapakalat ng kanilang litrato at video kung saan gumagawa sila ng malalasang aktibidad para sekswal na parausan ng matatanda (adults). Ang paglaganap ng pang-aabusong ito ay tulak ng “demand” pangunahin ng mga pedophile sa US, kasunod ng mga nasa United Kingdom, Australia, Canada at Europe.

“Ang nakababahalang sitwasyong ito ay resulta ng deka-dekada at malawakang “sistemang

sindikato” kung saan itinuturing na mapagkakakitaan ang bulnerabilidad at pagsasamantala sa mga bata,” ayon sa pahayag ng Gabriela ngayong araw, Pebrero 10. Umabot sa ganitong antas ang krimen dulot ng pagpapabaya at kawalang-aksyon ng estado ng Pilipinas.

Umabot sa ganitong antas ang krimen dulot ng pagpapabaya at kawalang-aksyon ng estado ng Pilipinas. Taong 2017, iniulat na ng Unicef na walo sa bawat sampung batang Pilipino ay “nasa panganib ng online sexual abuse o bullying.” Noon pa man, sentro na ang Pilipinas ng pornograpiyang nagtatampok ng bata sa buong mundo.

Ang child pornography ay isang “bilyong dolyar na industriya” na kumikita sa pamamagitan ng pagpapagawa sa mga bata (mayorya mga Pilipino) ng mga sekswal na akto sa harap ng kamera. Sa isang pag-aaral ng Unicef, hindi malayong ang mga batang ibinubugaw online ay humahantong sa pisikal na prostitusyon.

Ayon as Gabriela, hindi problema ng kababaihan at mga bata lamang ang sekswal na pang-aabuso at pagsasamantala sa mga bata, at iba pang porma ng karahasan sa kababaihan at bata. Higit rito, isa itong usaping kailangan harapin ng buong lipunang Pilipino, laluna ng mga nasa estado poder na may responsibilidad ng pagtatanggol sa karapatan ng mga batang biktima ng anumang karahasan.

Sa nakaraang 15 taon, tumaas nang 15,000% ang mga kaso ng online child sexual abuse material o

CSAM. Karamihan sa mga biktima ay nasa edad 3 hanggang 12 taong gulang. Karamihan sa mga pamilyang sangkot sa krimen ng pambubugaw sa mga bata ay mula sa mahihirap na komunidad sa syudad at kanayunan.

Sa kabila nito, walang ni isang hakbang na ginagawa ang rehimeng Marcos Jr, gayundin ang nauna ritong rehimeng Duterte, sa pagsawata sa paglaganap ng child pornography at ipagtanggol ang mga biktima nito. Pinalalabas noon na ang pagpapatupad ng SIM card registration noong 2023 ang solusyon sa mga krimen na ginagawa sa internet, subalit taliwas dito, patuloy na dumarami ang ganitong mga kaso.

[English Translation]

Philippines, production center of material related to child sexual abuse

Pebrero 10, 2024

The women’s group Gabriela expressed grave alarm over the recent news that the Philippines is the production “center” of material related to the sexual abuse of children.

According to an investigation by the International Justice Mission in 2023, one in every 100 children or almost half a million Filipino children are abused in online video live-streaming and the dissemination of their photos and videos where they are made to do obscene acts for the sexual gratification of adults. The prevalence of this abuse is driven by “demand” primarily by

pedophiles from the US, followed by the United Kingdom, Australia, Canada and Europe.

“This alarming situation is the result of a decades-long and widespread “syndicate system” in which the vulnerability and exploitation of children is considered profitable,” according to Gabriela’s statement today, February 10.

Crime has reached this level due to the neglect and inaction of the Philippine state. In 2017, Unicef reported that eight out of ten Filipino children “are at risk of online sexual abuse or bullying.” The Philippines has long been the center of child pornography around the world.

Child pornography is a “billion dollar industry” that makes money by having children (mostly Filipinos) perform sexual acts in front of the camera. In a Unicef study, children pimped online end up in physical prostitution.

According to Gabriela, sexual abuse and exploitation of children, and other forms of violence against women and children are not only a problem for women and children. More than this, it is also an issue that the entire Filipino society must face, especially those in power who have the responsibility of defending the rights of child victims of any violence.

In the last 15 years, cases of online child sexual abuse material or CSAM have increased by 15,000%. Most of the victims are between the ages of 3 and 12 years old. Most of the families

involved in the crime of child pimping are from poor urban and rural communities.

Despite these reports, the Marcos regime, as well as the Duterte regime before it, has taken not a single step to curb the spread of child pornography and defend its victims. Contrary to claims that the SIM Card registration law enacted in 2023 will solve online crimes, the number of these cases continued to increase.

Simbahan at templo, binomba ng pasistang tropa ng Myanmar

Pebrero 10, 2024

Labinlima ang napatay, kabilang ang ilang madreng Buddhist at mga bata, nang bombahin ng pasistang tropa ng Myanmar ang bayan ng Zayatgyi sa rehiyon ng Bago mula Pebrero 7. Ganting salakay ang mga pambobomba sa isinagawang reyd ng Karen National Liberation Army (KNLA) at mga alyado nitong armadong grupo sa hedkwarters ng 73rd Light Infantry Battalion at ng pulis sa naturang bayan.

Tatlong madre na Buddhist at isang bata ang kabilang sa mga naiulat na napatay nang paulanan ng bala ng mga eroplano ng hunta ang Thayet Taw Monastery noong Pebrero 7. Anim na residente naman ang kumpirmadong napatay sa pambobomba sa bayan ng Ingyinthar, kung saan nakabase ang 73rd IB. Ilang mga bata rin ang naiulat na nasugatan sa walang patumanggang pambobomba. Mahigit 3,500 residente ang napilitang lumikas.

Bago nito, 17 ang napatay nang bombahin ng pasistang Tatmadaw noong umaga ng Enero 7 ang isang simbahan sa rehiyon ng Sagaing. Kabilang sa mga biktima ang dalawang bata, na noo'y kasama ang kanilang mga kaanak na nagsisimba sa St. Peter Baptist Church sa baryo ng Kanan. Di bababa sa 20 ang naiulat na sugatan.

Kinundena ng mga grupo sa karapatang-tao ang pambobomba, na anila'y huli lamang sa mahabang listahan na ng mga krimen sa digma ng Tatmadaw, ang reaksyunaryong armadong pwersa na umagaw ng kapangyarihang pampulitika noong 2021.

“Walang patid ang nakamamatay sa mga sibilyan na mga atake ng militar ng Myanmar,” ayon sa isang opisyal ng Amnesty International. “Dapat imbestigahan ang mga ito bilang mga krimen sa digma.” Aniya, dapat idulog ito ng International Criminal Court para mapananagot ang mga salarin.

Tatlong taon nang nagdurusa ang mamamayan ng Myanmar sa ilalim ng hunta, na hindi lamang pasista, kundi nagdala rin ng matinding paghihirap sa buhay at kabuhayan ng mga taga-Myanmar.

Di bababa sa 4,485 sibilyan ang naiulat na napatay sa mga pang-aatake ng hunta. Tinatayang 2.6 milyon na ang napalayas sa kanilang mga komunidad dahil sa brutal na mga pambobomba mula sa ere.

Noon pang 2018, bago pa inagaw ng hunta ang estado-poder, nanawagan na ang Special Advisory Council on Myanmar, isang komite na binuo ng UN, ng pagsasampa ng mga kasong henosidyo, krimen laban sa sangkatauhan at krimen sa digma laban kay Min Aung Hlaing, lider ng kudeta, kasama ang matataas na upisyal ng militar para sa kanilang deka-dekadang pasistang pananalasa sa Myanmar.

[English Translation]

Myanmar's fascist troops bomb church and temple

Pebrero 10, 2024

Fifteen were killed, including several Buddhist nuns and children, when Myanmar's fascist troops bombed the town of Zayatgyi in Bago region since February 7. The bombings were in retaliation for a raid by the Karen National Liberation Army (KNLA) and its armed group allies in the headquarters of the 73rd Light Infantry Battalion and the police in said town.

Three Buddhist nuns and a child were among those reportedly killed when junta planes shelled the Thayet Taw Monastery on February 7. Six residents were confirmed killed in the bombing of the town of Ingyinthar, where the 73rd IB is based. Several children were also reported injured in the indiscriminate bombing. More than 3,500 residents were forced to evacuate.

Before this, 17 were killed when the fascist Tatmadaw bombed a church in the Sagaing region

on the morning of January 7. Among the victims were two children, who were with their relatives worshipping at St. Peter Baptist Church in the village of Kanan. At least 20 were reported injured.

Human rights groups have condemned the bombing, which they say is just the latest in a long list of war crimes by the Tatmadaw, the reactionary armed forces that seized political power in 2021.

“The Myanmar military’s deadly attacks on civilians have been relentless,” according to an Amnesty International official. “They should be investigated as war crimes.” He said, it should be raised before the International Criminal Court to hold the perpetrators accountable.

The people of Myanmar have been suffering for three years under the junta, which is not only fascist, but has also brought great hardship to the lives and livelihoods of the Myanmar people.

At least 4,485 civilians have been reported killed in junta attacks. An estimated 2.6 million have been driven from their communities by brutal aerial bombardments.

As early as 2018, before the junta seized power, the Special Advisory Council on Myanmar, a committee set up by the UN, called for the filing of charges of genocide, crimes against humanity and war crimes against Min Aung Hlaing, the coup leader, along with senior military officers for their decades of fascist ravages in Myanmar.

“Way Chacha,” inilunsad ng kababaihan at kabataan ng Davao City

Pebrero 11, 2024

Nagbuklod noong Pebrero 8 ang kababaihan at kabataan sa Davao City para ilunsad ang “Way Chacha” (No Chacha) para itulak ang pagpapatigil sa pakanang charter change.

“Naninindigan kami bilang bahagi ng nagpapatuloy na kasaysayan para sa tunay na empowerment ng mamamayan sa demokratikong mga proseso sa Davao,” ayon sa pahayag ng grupo.

Tinuligsa nito ang pakanang pagpapapirma sa ngalan ng “people’s initiative” kapalit ang barya-baryang suhol, at ayuda ng mga ahensya ng estado. “(W)ala itong tunay na partisipasyon na mamamayan at sa halip ay hungkag at mapang-abuso sa tiwala ng publiko, laluna sa nangangailangan, anito.

“Hindi papayag ang kababaihan at kabataan ng Davao City na pagpatutuloy itong pakanang mapanlinlang, iligal at imoral,” dagdag ng grupo. Sa halip na chacha, dapat tugunan ang mga usapin ng kababaihan at kabataan, tulad ng kahirapan, implasyon at kawalan ng mga oportunidad sa empleyo at edukasyon.

Kabilang sa mga pumirma sa pinag-isang pahayag ang kinatawan ng Gabriela Women’s Party, PILIPINA at iba pang mga non-government organization.

[English Translation]

Davao City women and youth launch “Way Chacha”

Pebrero 11, 2024

Women and youth in Davao City together launched last February 8 “Way Chacha” (No Chacha) to push for the termination of the charter change scheme.

“We make this stand as part of our continuing history of pushing for genuine empowerment of the people in the democratic process in Davao,” according to the group’s statement.

It denounced the signing scheme in the name of the “people’s initiative” in exchange for bribes, and aid from state agencies. It is “without meaningful people’s participation and is instead fraudulent and abusive of the public’s trust, especially those who are economically vulnerable,” it says.

“The women and the youth of Davao City will not allow this deceitful, illegal, and immoral act to continue,” the group added. Instead of chacha, the issues of women and youth should be addressed, such as poverty, inflation and lack of employment and education opportunities.

Among those who signed the unified statement were the representatives of the Gabriela Women’s Party, PILIPINA and other non-governmental organizations.

KM-Rizal, nagbigay-pugay kay Ka Joma sa oplan-pinta at dikit

Pebrero 11, 2024

Nagsagawa ng serye ng oplan-dikit at oplan-pinta sa ilang susing lugar sa Rizal ang Kabataang Makabayan (KM)-Rizal noong nakaraang linggo para bigyang-pugay si Kasamang Jose Maria Sison at gunitain ang kanyang ika-85 kaarawan noong Pebrero 8. Si Ka Joma ang tagapangulong tagapagtatag ng KM nang itatag ito noong Nobyembre 30, 1964.

Anang KM-Rizal, si Ka Joma ay nararapat na dakilain bilang lider at tanglaw ng rebolusyong Pilipino. Inihanda ng mga kabataan ang isang lawaran (portrait), sa pormang “wheat paste art,” ni Ka Joma at idinikit sa matataong lugar sa Barangay San Juan, Taytay.

Pinagtulung-tulungan ng mga kasapi ng balangay ang paghahanda sa naturang portrait, gayundin ang pagpinta ng iba pang mga panawagan. Tiniyak ng mga kasapi ng organisasyon ang seguridad sa palibot at naghatian ng mga gawain sa aktibidad.

“Hinding-hindi mapipigilan ng reaksyunaryong pwersa ang kasiglahan ng kabataang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan,” pahayag ng KM-Rizal.

“Handang-handa ang KM-Rizal na ialay ang talento at lakas para ipagpatuloy ang nasimulang laban ng KM na itinatag ni Ka Joma.” Anito, si Ka

Joma at ang kanyang kadakilaan bilang rebolusyonaryo, guro, manunulat, at makabayan ay mahigpit na pinagkukunan ng inspirasyon ng kabataang Rizaleño.

Ipininta din nila sa mga pader ang panawagan sa mga kabataang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at lumahok sa digmang bayan.

[English Translation]

KM-Rizal pays tribute to Ka Joma with wheat paste art

Pebrero 11, 2024

Kabataang Makabayan (KM)-Rizal put up wheat paste art and painted slogans in several key areas in Rizal last week to pay tribute to Comrade Jose Maria Sison and commemorate his 85th birthday on February 8. Ka Joma was the founding chairman of KM when it was established on November 30, 1964.

KM-Rizal says Ka Joma deserves to be honored as the leader and beacon of the Filipino revolution. Ka Joma's portrait was featured in the wheat paste art by the youths in populated areas in Barangay San Juan, Taytay.

The members of the chapter collaborated in preparing the portrait, as well as painting of other slogans. Members of the organization ensured the security of the areas and distributed the activity tasks.

“The reactionary forces can never suppress the enthusiasm of the youth to advance the people’s democratic revolution,” said KM-Rizal.

“KM-Rizal is ready to dedicate its talent and energy to continue the fight that Ka Joma started with KM.” It said Ka Joma and his greatness as a revolutionary, teacher, writer, and patriot are a strong source of inspiration for the Rizaleño youth.

They also painted slogans on walls calling on young people to join the New People’s Army and participate in the people’s war.

Malawakang kampanya kontra-chacha, inilunsad ng mga taong-simbahan sa Negros

Pebrero 11, 2024

Inilunsad ng One Negros Ecumenical Council (ONE-C) ang isang malawakang kampanya laban sa charter change o chacha kahapon, Pebrero 10, sa St. Joseph the Worker Parish Church of the Iglesia Filipina Independiente (IFI) sa Bacolod City. Kabilang sa mga nagsalita sa programa sina Rep. Neri Colmenares, pinuno ng Bayan Muna, at dating gobernador ng Negros Occidental na si Rafael Coscolluela.

Dumalo sa pagtitipon ang mga lider ng iba’t ibang simbahan, relihiyosong denominasyon, non-government organization, at mga organisasyong masa ng mga abugado, kabataan, akademiko at mga propesyunal. Lumahok rin dito ang mga

grupo sa transportasyon, manggagawa, magsasaka at iba pa.

Ayon kay Bishop Gerardo Alminaza, tagapangulo ng ONE-C at obispo ng San Carlos, inilunsad ang kampanya para patatagin ang tugon ng Simbahan at mga taong-simbahan, at bilang pakikiisa sa lahat ng “mabubuting mamamayan sa panawagan para sa alternatibong mga hakbang na nakabatay sa hustisya at pakikipagsimpatya (compassion).”

Sa press conference na inilunsad pagkatapos ng porum, inilarawan ni Colmenares ang pinakahuling pakanang pagpapapirma para sa chacha bilang “pinakamabilis” at “pinakamalawak” sa kasaysayan ng pakana na itinulak ng naunang mga rehimen. Palatandaan umano ito ng pagpapakilos ng mga lokal na upisyal gamit ang pondo ng bayan.

Inimbitahan niya ang mga kalahok ng porum na makiisa sa pagkilos sa gagawin sa Pebrero 25, anibersaryo ng Pag-aalsang Edsa.

[English Translation]

Negros church people launch broad anti-chacha campaign

Pebrero 11, 2024

The One Negros Ecumenical Council (ONE-C) launched a broad campaign against charter change or chacha yesterday, February 10, in St. Joseph the Worker Parish Church of the Iglesia Filipina Independiente (IFI) in Bacolod City. Among those who spoke in the program were

Rep. Neri Colmenares, leader of Bayan Muna, and former governor of Negros Occidental, Rafael Coscolluela.

Leaders of various churches, religious denominations, non-governmental organizations, and mass organizations of lawyers, youth, academics and professionals joined in the gathering. Transport groups, workers, farmers and others also joined.

According to Bishop Gerardo Alminaza, president of ONE-C and bishop of San Carlos, the campaign was launched to strengthen the response of the Church and church people, and in solidarity with all “good citizens in the call for alternative measures based on justice and compassion.”

In the press conference launched after the forum, Colmenares described the latest signing scheme for chacha as the “fastest” and “broadest” in the history of the scheme pushed by previous regimes. This indicates the mobilization of local officials using public funds.

He invited the participants of the forum to join the action on February 25, the anniversary of the Edsa Uprising.

Panibagong tangkang demolisyon sa Sityo Balubad sa Angeles City, binibigo

Pebrero 11, 2024

Muling binigo ng mga residente ng Sityo Balubad, Barangay Anunas, Angeles City ang isa na namang tangka ng pulis, kasabwat ang Clarkhills

Properties Corporation, na idemolis ang kanilang komunidad simula noong Pebrero 7. Hindi bababa sa 100 pulis at mga myembro ng SWAT, dagdag sa 50 katao, ang ipinadala sa sityo para gamitin sa sapilitang pagpapalayas sa mga residente.

Apektado ng planong demolisyon ang mahigit 500 kabahayan sa 72-ektaryang lupang kinakamkam ng naturang kumpanya. Tinatayang 2,000 residente ang biktima ng pang-aagaw ng lupa. Liban dito, pinangangambahan ding maapektuhan ng pangangamkam at demolisyon ang katabing mga barangay ng Cuayan at Sapangbato.

Sa kabila ng kawalan ng memorandum order ay muling sapilitang pinasok ng mga pulis, SWAT at tim para sa demolisyon ang barikada ng mamamayan sa Sityo Balubad. Ninakawan na, binugbog pa ng mga berdugo at sinugatan sa paa ang may-ari ng bahay na tinangka nilang gibain. Kaagad na rumesponde ang ibang mga residente at nagdependa sa kanilang komunidad.

Walang pakundangan ang mga pulis sa paninindak sa mga residente. Kinasahan nito ng baril ang mga sibilyan. Pinagbababato ng tim sa demolisyong ang mga residente kung saan 20 ang nasugatan. Bumalik pa kinabukasan ang mga pwersa ng estado at tim sa demolisyon at sapilitang pinasok ang barikada.

Dahil sa pagkakaisa at pagtatanggol ng mga residente, muli nilang napalayas ang mga pulis at napigilan ang demolisyon. Ganito rin ang nangyari

noong Oktubre 2023 nang tangkaing buwagin ang kanilang barikada para isagasa ang demolisyon.

Giit ng mga pamilya sa sityo, pag-aari nila ang lupa at mayroon silang mga certificate of land ownership award (CLOA) at resibo ng buong kabayaran nito sa Landbank of the Philippines.

Ipinabatid rin muli ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL), panrehiyong balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ang kanilang suporta sa mga residente. Binatikos ng AMGL si Mayor Pogi Lazatin na nagbitiw ng pangakong walang mangyayaring demolisyon. Sa gitna ng karahasan at kaguluhang ginagawa ng mga pulis, nananatili umanong tikom ang bibig ni Lazatin.

“Mayroon ding inilabas na Resolusyon ang Sangguniang Panlungsod kung saan nakasaad na walang demolisyon kung walang relokasyon ang mga mabibiktima pero hanggang ngayon ay walang kahit anong aksyon ang munisipyo para ipagtanggol ang karapatan ng kanyang mga nasasakupan!” ayon pa sa grupo.

Kinundena rin nila ang mga pulis at SWAT na nagpapagamit sa pribadong kumpanyang Clarkhills na nandahas sa mga residente.

Samantala, sinabi ng grupo na hindi hiwalay ang ganitong sitwasyon ng Sityo Balubad sa iba pang bahagi ng rehiyon. Bahagi umano ito ng mga agresibong proyektong “pangkaunlaran” sa buong prubinsya ng Pampanga at maging sa Central Luzon na para lamang sa ganansya ng iilan.

Bahagi ito ng grandyosong planong Greater Capital Region na inilalako ng mga negosyante at mayayaman, paliwanag ng grupo.

[English Translation]

Another demolition attempt at Sitio Balubad in Angeles City, foiled

Pebrero 11, 2024

Another demolition attempt at Sitio Balubad in Angeles City, foiled

Residents of Sitio Balubad, Barangay Anunas, Angeles City thwarted yet another attempt by the police, with the complicity of Clarkhills Properties Corporation, to demolish their community since February 7. At least 100 police and SWAT members, with an additional 50 personnel, were sent to the site to forcibly evict the residents.

The planned demolition will affect more than 500 households in the 72-hectare land claimed by the said company. An estimated 2,000 residents are victims of land grabbing. In addition, it is feared that the adjacent barangays of Cuayan and Sapangbato will also be affected by landgrabbing and demolition.

Despite the absence of a memorandum order, the police, SWAT and demolition team once again forcibly entered the people's barricade in Sitio Balubad. The police forces not only looted, but even beat and injured the leg of the owner of the house they tried to demolish. Other residents

immediately responded and defended their community.

The police wantonly terrorizes the residents. They cocked their firearms against civilians. The demolition team threw stones at the residents injuring 20. State forces and the demolition team even returned the next day and forced their way into the barricade.

The solidarity and defense of the residents once again drove the police away and foiled the demolition. This is also what happened in October 2023 when an attempt was made to dismantle their barricade to enforce the demolition.

The families in the site demand that they own the land and that they have certificates of land ownership award (CLOA) and receipt of full payment to the Landbank of the Philippines.

The Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL), the regional branch of the Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, also reiterated their support to the residents. AMGL denounced Mayor Pogi Lazatin who promised no demolition would take place. Lazatin kept silent amid the police's violence and riots.

“The City Council also issued a resolution stating there will be no demolition if potential victims have no relocation (sites), but until now the municipality has not taken any action to defend the rights of its constituents!” according to the group.

They also condemned the police and SWAT for allowing themselves to be used by the private company Clarkhills who assaulted the residents.

Meanwhile, the group said that this situation of Sityo Balubad is not isolated from other parts of the region. They said it is part of the aggressive “development” projects in the entire province of Pampanga and even in Central Luzon solely for the profit of a few. This is part of the grand Greater Capital Region plan being peddled by businessmen and the wealthy, the group explained.

Bantang demolisyon sa komunidad ng mangingisda sa Bacoor City, kinundena

Pebrero 13, 2024

Kinundena ng mga kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamakalaya) sa Cavite ang bantang demolisyon sa kabahayan sa isang komunidad sa baybayin ng Bacoor City na sasaklawin ng isang proyektong reklamasyon. Ipinabatid ng lokal na gubyrno noong Pebrero 12 sa mga mangingisda at residente ang planong idemolis ang kanilang mga tahanan.

Ayon sa mga mangingisda, sasaklawin umano ng 420-ektaryang proyektong reklamasyon ng kumpanyang Frabelle Fishing Corp, pag-aari ng pamilya ni Francisco Tiu-Laurel Jr, kalihim sa agrikultura ng rehimeng US-Marcos.

Nauna nang iniulat ng Pamalakaya na napalayas na ang libu-libong mga residente dahil sa reklamasyon sa dalawang komunidad ng mga mangingisda at sapilitang silang inilipat sa Naic, Cavite sa kabila ng kawalang kabuhayan. Dulot nito, bumalik lamang ang mga mangingisda sa dati nilang komunidad.

“Talagang babalik at babalik sa tabing-dagat ang mga pinalayas na residente dahil narito ang pangunahing pinagkukunan ng aming kabuhayan. Kaya hindi makatwiran na muli kaming paalisin sa aming komunidad at ipatapon sa malayong lugar na walang hanapbuhay,” ayon kay Arni Villalon, kasapi ng Pamalakaya-Bacoor City.

Dagdag pa ng grupo, dapat ay suspendido ang lahat ng reklamasyon sa Manila Bay, kabilang ang proyekto sa komunidad. “Kaya lalong walang batayan ang lokal na pamahalaan na paalisin kami dahil kasabay dapat ng suspensyon ng reklamasyon ay ang pagpapatigil din ng anumang uri ng pagpapaalis sa mga residente,” pahayag pa ni Villalon.

Malaki ang magiging pananagutan ng dinastiyang Revilla na may kontrol sa Bacoor City at ni Tiu-Laurel Jr kung matutuloy ang naturang demolisyon. Handa umano ang mga magsasaka at residenteng maapektuhan nito na ipagtanggol ang kanilang karapatan sa paninirahan.

“Determinado ang mga mangingisda at maralita sa baybayin ng Cavite na ipagtanggol ang kanilang kabuhayan at komunidad laban sa mapanirang reklamasyon at kakambal nitong

demolisyon. Patuloy naming igigiit ang karapatang makapanirahan sa baybayin at makapangisda sa Manila Bay dahil ito na ang aming kinagisnang buhay,” pagtatapos ni Villalon.

[English Translation]

Looming demolition to Bacoor City fishing community condemned

Pebrero 13, 2024

Members of the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamakalaya) in Cavite have condemned the looming demolition of homes in a coastal community in Bacoor City that will be covered by a reclamation project. The local government on February 12 informed fishermen and residents of the plan to demolish their homes.

According to fishermen, the 420-hectare reclamation project will be covered by the company Frabelle Fishing Corp, owned by the family of Francisco Tiu-Laurel Jr, agriculture secretary of the US-Marcos regime.

Pamalakaya previously reported that thousands of residents have been evicted due to reclamation in two fishing communities and were forcibly relocated to Naic, Cavite despite the absence of livelihood. This caused the fishermen to just return to their old communities.

“The evicted residents will definitely come back and return to the beach because this is where our main source of livelihood is. Thus it is not reasonable to evict us from our community again

and dump us to a distant place without jobs,” said Arni Villalon, a member of Pamalakaya-Bacoor City.

The group added, all reclamation in Manila Bay should be suspended, including the community project. “So there is no basis for the local government to evict us because the suspension of the reclamation should be concurrent with stopping any kind of eviction of the residents,” Villalon said.

The Revilla dynasty that controls Bacoor City and Tiu-Laurel Jr. will be held responsible if such demolition continues. The farmers and residents affected by this are ready to defend their right to residence.

“Fishermen and the poor along the coast of Cavite are determined to defend their livelihood and community against destructive reclamation and its accompanying demolition. We will continue to demand our right to live on the coast and fish in Manila Bay because this is our livelihood,” concluded Villalon.

Dagdag-sahod, di “inflationary” at hindi “nakalulugi” sa mga kumpanya

Pebrero 13, 2024

Tutol ang kunwa’y mga “ekonomistang mambabatas” sa Mababang Kapulungan sa panukalang dagdag-sahod na kakarampot na ₱100 na isinusulong ngayon sa Senado. Ayon kina Rep. Stella Quimbo at Rep. Joey Salceda, ang

anumang pagtaas ay magreresulta diumano sa pagtaas ng mga presyo ng bilihin at serbisyo (inflationary) at “pagsasara” ng mga small and medium enterprises (SME.) Ang mga pagdadahilang ito ay pangatwiran kapwa ng dayuhan at lokal na malalaking kapitalista tuwing iginigiit ng mga manggagawa ang dagdag-sahod, kahit gaano ito kaliit.

Payo pa ng kontra-manggagawang kalihim ng Department of Labor and Employment, huwag nang humingi ng dagdag-sahod ang mga manggagawa. Magtrabaho na lamang umano ang tatlo sa 5-kataong pamilya para maabot nito ang nakabubuhay na sahod. Hindi nabanggit ng kalihim na walang nalikhang disenteng trabaho ang pinagsisilbihan niyang rehimen at marami sa umiiral na trabaho ay di regular at mababang-sahod at sa gayon ay mas mababa pa sa minimum ang ipinasasahod. Mas mahalaga, hindi usapin ng paghahanap ng dagdag na trabaho ang paggiit ng mga manggagawa ng dagdag-sahod, kundi pagbibigay ito ng makatarungan at wastong kumpensasyon sa ibinebenta nilang lakas-paggawa.

Ilang beses nang napabulaanan ang pagdadahilan ng mga kongresista at kapitalista ng mga progresibong mananaliksik at ekonomista. Sa pag-aaral ng Ibon Foundation sa kasaysayan ng dagdag-sahod sa bansa, napatunayan nitong hindi lahat ng mga dagdag-sahod ay nagpapataas ng presyo ng mga bilihin at singil. Katunayan, maraming pagkakataon na bumaba pa ang implasyon, anim na buwan matapos itaas ang

sahod. Ayon sa iba namang ekonomista, mapatutunayan lamang na “inflationary” ang dagdag-sahod, (tinatawag din ng mga maka-kapitalitang upisyal na wage-price-spiral), kung tuluy-tuloy ang pagtaas ng presyo kasabay ng tuluy-tuloy ring pagtaas ng sahod. Sa aktwal, sumisirit ang tantos ng implasyon nang walang ni katiting na pagtaas sa sahod.

Ang malinaw, hindi nakaagapay sa pagtaas ng presyo ng mga bilingin ang antas ng sahod ng mga manggagawa. Noong Disyembre 2023, nasa ₱505.23 na lamang ang tunay na halaga ng minimum na sahod sa National Capital Region na ₱610/araw. Ito na ang pinakamataas na minimum sa buong bansa. Kasunod dito ang tunay na halaga ng sahod sa Calabarzon na ₱420.71. Wala pa sa kalahati ang mga ito sa nakabubuhay na sahod, na nasa ₱1,188 na kada araw pagpasok ng 2024.

Hindi rin totoo na makalulugi sa “maliliit na kumpanya” ang anumang across-the-board na pagtaas ng sahod tungong ₱750/araw o kahit ₱1,100/araw. Hindi saklaw ng mga kautusan sa pagtataas ng sahod ang mga negosyong may 10 ang manggagawa pababa. Marami ring paraan para makaagapay ang maliliit na kumpanya na may 20 manggagawa pababa, tulad ng pagbibigay ng pinansyal na tulong, mababang interes sa mga pautang, pagsingil sa kanila ng mas mababa o walang buwis, pag-agapay sa matataas na presyo ng materyal para sa produksyon at singil sa transportasyon at marami pang iba.

Higit rito, mahigit kalahati (51.4%) ng mga manggagawa sa pormal na sektor na saklaw ng

mga wage order ay nagtatrabaho sa malalaking kumpanya na kumikita ng bilyun-bilyon, at sa gayon ay may batayan na maggiit ng dagdag sahod para mabuhay nang disente ang kani-kanilang mga pamilya.

Sa NCR, halimbawa, mangangailangan na lamang ng dagdag na ₱140 para maabot ang ₱750 pambansang minimumna malaon nang ipinaglalaman ng sektor ng paggawa o ₱490 para makamit ang nakabubuhay na sahod. Kung maigagawad ang mga ito, madadagdagan ng kaarampot na ₱2,800/buwan o ng substansyal na ₱9,600/buwan ang kita ng mga manggagawa na sapat para umagapay sa pang-araw-araw nilang pangangailangan.

Sa buong bansa, mangagailangan ng dagdag na ₱213 ang ₱537 na pambansang abereyds na minimum para umabot ang sahod ng lahat ng mga manggagawa sa ₱750. Alinsunod sa bilang ng mga negosyo, at bilang ng mga manggagawang kanilang ineempleyo noong 2021, popondohan ng ₱340,913,354,340 ang kabuuang dagdag-sahod. Katumbas lamang ito sa 13.2% ng kabuuang kita ng kinaauukulang mga kumpanya.

Kahit ibibigay ang kabuuang ₱1,100 na iginigiit ng mga manggagawa bilang nakabubuhay na sahod, malayo pa rin sa pagkalugi ang naturang mga kumpanya. Batay sa pambansang abereyds na minimum, mangangailangan ng ₱901 bilyon para igawad ang nakabubuhay na sahod sa lahat ng mga manggagawa sa buong bansa, katumbas sa 34.9% sa kinikita ng mga ito. Liliit ang kita ng mga kumpanya, pero tatabo pa rin ang mga ito ng

tumataginting na ₱1,680,654,477,660, batay sa kanilang netong kita noong 2021.

Sa kabilang banda, ang makabuluhang pagtaas ng sahod ay mangangahulugan ng dagdag na ₱490 hangagng ₱563 kada araw na kita ng mga manggagawa. Kada buwan, madadagdagan ang kanilang sahod nang ₱9,600 hanggang ₱11,600, sapat para makakain sila nang maayos, makapag-aral ng kanilang mga anak, at makapag-impok nang kahit kaunti para sa mga pangkagipitang gastusin.

[English Translation]
**Increased wages, not “inflationary”
nor will result in “losses” to
companies**

Pebrero 13, 2024

Fake “economist legislators” in the Lower House are opposed to the meager ₱100 wage increase proposal now being discussed in the Senate. According to Rep. Stella Quimbo and Rep. Joey Salceda, any increase will result in an increase in the prices of goods and services (inflationary) and the “closing” of small and medium enterprises (SME). These excuses are the reasons cited by both foreign and local big capitalists every time the workers insist on a wage increase, no matter how small it is.

The anti-labor secretary of the Department of Labor and Employment advises workers not to ask for a wage increase. It only advised that three of a 5-person family work to reach a living wage. The

secretary did not mention that the regime he serves has not created any decent jobs and that many of the existing jobs are irregular and low-wage and thus are paid less than the minimum wage. More importantly, it is not a matter of finding more work for the workers to insist on increased wages, but rather providing just and proper compensation for the labor power they sell.

The excuses of congressmen and capitalists have been debunked several times by progressive researchers and economists. In the Ibon Foundation's study of the history of wage increases in the country, it proved that not all wage increases cause prices of goods and charges to go up. In fact, there are many times when inflation remained down, six months after wage increases. According to other economists, the increase in wages can only be proven to be "inflationary", (also called wage-price-spiral by pro-capitalist officials), if prices increase continuously along with continuous increases in salary. In fact, the inflation rates have soared without a single increase in wages.

Clearly, workers' wage levels have not kept up with increases in the prices of goods. In December 2023, the real value of the ₱610/day minimum wage in the National Capital Region is only ₱505.23. This is the highest minimum in the entire country. Next to it are the real wage value in Calabarzon which is ₱420.71. These are less than half of the living wage, set to reach ₱1,188 per day by 2024.

It is also not true that any across-the-board increase in wages of ₱750/day or even ₱1,100/day will be detrimental to “small companies”. Businesses with 10 or fewer workers are not covered by the wage increase orders. There are also many ways for small companies with 20 workers or less to keep up, such as providing financial assistance, low interest on loans, charging them less or no tax, and helping them cope with high material prices for production and transportation charges and many others.

Furthermore, more than half (51.4%) of the formal sector workers covered by the wage orders work in large companies earning billions, and thus have grounds to demand higher wages for their respective families to live decently.

In NCR, for example, it will only take an extra ₱140 to reach the ₱750 national minimum that the labor sector has long been fighting for or ₱490 to achieve a living wage. If these are awarded, the workers’ income will be increased by a modest ₱2,800/month or a substantial ₱9,600/month, enough to meet their daily needs.

Nationwide, the ₱537 national average minimum would require an increase of ₱213 to bring all workers’ wages up to ₱750. According to the number of businesses, and the number of workers they employ in 2021, the total wage increase will amount to ₱340,913,354,340. This is a mere 13.2% of the total revenue of the companies concerned.

Even if wages were raised to the living wage level of ₱1,100 as demanded by the workers, such companies won't go bankrupt. Based on the national average minimum, it would take ₱901 billion to award a living wage to all workers nationwide, equivalent to 34.9% of their earnings. The companies' profits will decrease, but they will still make a whopping ₱1,680,654,477,660, based on their net income in 2021.

On the other hand, a significant increase in wages would mean an increase of ₱490 to ₱563 per day in workers' income. Every month, their wages will increase by ₱9,600 to ₱11,600, enough for them to eat well, send their children to school, and save at least a little for emergency expenses.

Mapangwasak na operasyon ng Apex Mining, tuluy-tuloy sa kabila ng trahedy

Pebrero 13, 2024

Walang patid ang operasyong pagmimina ng Apex Mining Corporation Inc. ni Enrique Razon Jr, sa kabila ng naganap na landslide noong Pebrero 6 sa saklaw nitong erya sa Barangay Masara, Maco, Davao de Oro.

Ayon sa huling balita, 68 nang manggagawa ng kumpanya ang nahukay na patay mula sa gumuhong lupa, habang higit 51 pa ang nawawala. Sinasabing dagdag sa terminal ng bus at barangay hall, may 55 hanggang 60 pang bahay ang natabunan ng lupa. Wala pang inilalabas na aktwal na bilang ang lokal na gubyrno hanggang

ngayon. Nasa 1,637 pamilya or 6,356 indibidwal naman ang apektado ng sakuna mula sa apat na barangay (Elizalde, Mainit, Masara at Tagbaros) ng Maco. Nakatigil sila ngayon sa 13 evacuation center sa Maco at Mawab.

Inamin ng kumpanyang Apex noong Pebrero 12 na nasa 50% hanggang 80% ang paggana ng operasyon nito mula Pebrero 7. Taliwas ito sa unang pahayag ng kumpanya na “limitado” ang mga operasyon para “makapagpokus ng lakas-paggawa” sa “pagsuporta” sa mga pagsisikap na salbahin ang mga manggagawang natabunan ng lupa.

Ipinagmalaki rin nito ang barya-barya at isahang pagbibigay na ₱300,000 halaga ng mga relief item sa mga empleyado nito at kanilang mga pamilya. Nagtala ang kumpanya ng ₱2.306 bilyong netong kita noong unang siyam na buwan pa lamang ng 2023. (Samantala, naiulat ng DSWD na nakapag-abot na ito na relief at ayudang nagkakahalaga ng ₱2,296,835.00 mula Pebrero 7 hanggang Pebrero 12.)

Hanggang ngayon, walang upisyal na kumpirmasyon ang Apex kung ilang manggagawa nito ang natabunan ng lupa o anu-ano ang kanilang mga pangalan, kahit pa hiningi ito ng mga mamamahayag mula nang magsimula ang rescue operations. Iwas na iwas ang mga upisyal nito na iugnay ang iba pang mga biktima sa kumpanya.

Isang istasyon ng radyo ang nagbalitang agad na binayaran ng Apex ang mga pamilya ng biktima,

kasabay ang mga lokal na upisyal ng barangay, para pigilan silang magsalita at maggiit ng hustisya. Pagdadahilan ng Apex, hindi saklaw ng kanilang operasyon ang erya dahil isang kilometro ang layo nito sa isang “aktibong mina.”

Gayunpaman, ang terminal ng bus na pag-aari ng kumpanya ay 500 metro lamang ang layo mula sa tarangkahan ng kumpanya.

Sa kabila ng malinaw na bakas ng pagwasak sa natural na tereyn na idinudulot ng pagmimina at papel nito sa pagkalbo ng mga gubat, agad na ipinagtanggol ng Mines and Geosciences Bureau ang Apex-XI at sinabing “walang kinalaman” ang pagmimina ng Apex sa naganap na landslide. Ayon sa ahensya, ang salarin ng pagguho ay ang “klase ng lupa, ulan at kalikasan ng dahilig.”

Isinisi pa ng lokal na guberno dito sa mga biktima ang trahedyang dahil sa pagtatayo nila ng mga bahay sa deklarado diumanong “no build zone.” Katakataka, gayong nasa lugar ding ito nakatayo ang barangay hall at terminal ng bus ng Apex. Ayon sa mga balita, ang mga bahay sa Purok 1 ay ginagamit ng mga manggagawa ng Apex at kanilang mga pamilya bilang “transient housing.”

Mahaba ang kasaysayan ng pagguho ng lupa sa Davao de Oro (dating Compostela Valley), at Masara mismo, matapos ang malalakas at matatagal na pag-ulan. Noong Agosto 2007, 10 ang namatay nang gumuho ang lupa sa isang parte ng barangay. Noong Setyembre 2008, dalawang landslide ang naganap sa eksaktong parehong lugar na kasalukuyang gumuho sa

Masara, sanhi na pagkamatay ng 24, pagkasugat ng 31, at sapilitang paglipat ng 279 pamilya. Nasira na rin noon ang parehong barangay hall, at 83 kabahayan ang natabunan ng lupa. Noon, idinahilan rin ng Apex na “wala sa kanilang erya ng operasyon” ang mga landslide dahil tatlong kilometro ang layo nito sa kanilang “aktibong mina.”

Kasaysayan ng pangwawasak at pandarambong

Mula pa 1976 pa may pagmimina ng Apex sa Maco. Nagsimula ito bilang maliitang pagmimina hanggang 1989. Noon pa man, notoryus na ito sa mababang pasahod at di ligtas na kundisyon sa paggawa. Noong 2000, tuluyang nagsuspende ito ng operasyon. Bumalik ito bilang malakihang pagmimina sa ilalim ng pangangasiwa ng mga dayuhang kumpanyang Goldridge Mining Corporation (kumpanyang US), Viclude Mining Corporation, at Mintracor Inc. noong 2003. Binili ang minahan ng Crew Gold (noo’y kumpanyang Canadian) noong 2009, na nagbenta naman sa ASVI (Malaysia) noong 2009. Noong 2013, binili ito ng Monte Oro ni Razon at kanyang mga kasosyong kumprador.

Ang erya na kasalukuyang minimina ng Apex ay nakapailalim sa iba’t ibang Mining /Lode Lease Contract mula pa 1994. Noong 2005, ibinigay sa kumpanya ang MPSA-225-2005-XI na sumaklaw sa 679.02 ektarya sa magkanugnog na mga barangay na Masara at Teresa. Pinalawak ang saklaw ng mina nang igawad dito ang MPSA-234-2007-XI noong 2007.

Binigyan ito ng 1,558.53 ektaryang sa magkanugnog na barangay ng Masara, Mainit, Tagbaros, New Leyte, Elizalde at New Barili sa Maco at ilang bahagi ng katabing bayan ng Mabini. May bisang 25 taon, na pwedeng palawigin ng dagdag na 25 taon ang dalawnag MPSA. Ibig sabihin, may karapatan ang kumpanya na hukayin ang lupa at hakutin ang ginto rito hanggang 2030 at 2032. Tinatayang makakakuha sa saklaw ng dalawang MPSA ng 1,250,000 onse ng ginto.

Kapalit ng pagdambong ng likas na yaman, hanggang 4% na excise tax lamang ang ibinabayad ng kumpanya na buwis sa reaksyunaryong estado. Kakarampot naman na 1% sa lokal na gubyrno at tribu. Ang naturang mga lugar ay lupang ninuno ng mga Mansaka.

Noong Abril 10, 2014, sinalakay ng mga Pulang gerilya sa ilalim ng BHB-SMR ang Apex bilang parusa sa malawakang pinsalang dala nito sa mga komunidad ng mga Lumad at sa kapaligiran. Kabilang noon sa mapangwasak na operasyon ng Apex ang patuloy na pagpapalawak ng mga underground at open-pit mining nito sa lugar, sa kabila ng paulit-ulit na pagbabala ng rebolusyonaryong kilusan laban dito.

Nagpalawak rin ito ng operasyon at paghuhukay ng lupa sa natitirang kagubatan sa Maco, na idineklarang protektado ng rebolusyonaryong mamamayan sa lugar. Kabilang sa iba pang kasalanan ng Apex ang 1) hindi pagbibigay ng danyos sa mga biktima ng dalawang landslide noong 2007 at 2008, 2) mababang pasahod at

arbitraryong pagsisante ng mga manggagawa nito, 3) kabiguang i-rehabilitate ang mga ilog at tulay sa Maco na ipinangako nito sa residente ng Maco, at 4) aktibong pagpopondo sa mga operasyong kombat ng 9th IB na nakadeploy noon sa prubinsya.

Malinaw na ipinahayag ng BHB noon na ang mga landslide sa Maco sa magkasunod na taon ay dulot ng malawakang pangwawasak ng Apex sa kagubatan at kalupaan, na una nang nagdulot ng dislokasyon ng buu-buong komunidad ng mga Lumad at magsasaka mula pa dekada 1970.

[English Translation]

Apex Mining's devastating operations continue despite tragedy

Pebrero 13, 2024

The mining operations of Enrique Razon's Apex Mining Corporation Inc. continue uninterrupted, despite the landslide on February 6 in its area in Barangay Masara, Maco, Davao de Oro.

According to the latest news, the bodies of 68 company workers were dug up from the landslide, while more than 51 remain missing. In addition to the bus terminal and the barangay hall, there are 55 to 60 houses buried. The local government has not yet released any numbers. About 1,637 families or 6,356 individuals are affected by the disaster from four barangays (Elizalde, Mainit, Masara and Tagbaros) of Maco. They are now stuck in 13 evacuation centers in Maco and Mawab.

The Apex company admitted on February 12 that its operations are at 50% to 80% capacity since February 7. This contradicts the company's initial statement that operations were "limited" to "focus manpower" on "supporting" the efforts to rescue buried workers.

It also made a big show of donating a measly ₱300,000 worth of one-time relief items to its employees and their families. The company made ₱2.306 billion in net income in the first nine months of 2023 alone. (Meanwhile, the DSWD reported that it has already distributed ₱2,296,835.00 worth of relief and aid from February 7 to February 12.)

Until now, Apex has made no official confirmation of the count or the names of its buried workers, despite journalists' questions since the rescue operations began. Its officials kept avoiding its links with other victims.

A radio station reported that Apex immediately paid off the victim's families, along with local barangay officials, to silence them and suppress their demand for justice. Apex's excuse is that their operation does not cover the area because it is one kilometer away from an "active mine." However, the company-owned bus terminal is only 500 meters away from the company gate.

Despite clear evidence of the mining's destruction of the natural terrain and its role in deforestation, the Mines and Geosciences Bureau immediately defended Apex-XI and said Apex's mining had "nothing to do" with the landslide. According to

the agency, the erosion is due to the “type of soil, rainfall and the nature of the slope.”

The local government even blamed the victims for the tragedy for supposedly building their houses in the declared “no build zone.” Ironically, the barangay hall and the Apex bus terminal are also located in this area. According to news reports, Apex workers and their families use the houses in Ward 1 as “transient housing.”

Davao de Oro (formerly Compostela Valley), and Masara itself, have a long history of landslides after heavy and prolonged rains. In August 2007, 10 people died after a landslide in another part of the barangay. In September 2008, two landslides occurred in the exact same area of the current landslide in Masara, killing 24, injuring 31, and forcibly displacing 279 families. These destroyed the same barangay hall and buried 83 houses. That time, Apex also argued that the landslides were “out of their area of operation” because it was three kilometers away from their “active mine.”

History of destruction and plunder

Apex has been mining in Maco since 1976. It started as a small-scale mining company until 1989. Since then, it has been notorious for low wages and unsafe working conditions. In 2000, it completely suspended operations. It returned as large-scale mining under the supervision of foreign companies Goldridge Mining Corporation (a US company), Viclude Mining Corporation, and Mintricolor Inc. in 2003. Crew Gold (then a

Canadian company) bought the company in 2009, which in turn sold to ASVI (Malaysia) in 2009. In 2013, it was bought by Razon's Monte Oro and his comprador partners.

The area currently mined by Apex has been under various Mining/Lode Lease Contracts since 1994. In 2005, the company was granted MPSA-225-2005-XI covering 679.02 hectares in the adjacent villages of Masara and Teresa. The mine's scope was expanded when it was awarded MPSA-234-2007-XI in 2007.

It was given 1,558.53 hectares in the adjacent barangays of Masara, Mainit, Tagbaros, New Leyte, Elizalde and New Barili in Maco and some parts of the adjacent town of Mabini. Both MPSAs are valid for 25 years, each can be extended for an additional 25 years. This means that the company has the right to excavate and extract gold until 2030 and 2032. The two MPSAs will extract an estimated 1,250,000 ounces of gold within its scope.

In exchange for plundering natural resources, the company pays only up to 4% excise tax to the reactionary state. A measly 1% to the local government and the tribes. These areas are part of the ancestral land of the Mansakas.

On April 10, 2014, Red fighters under the NPA-SMR attacked Apex to punish it for the wide-ranging destruction it wrought on Lumad communities and the environment. Apex's destructive operations then included the continued expansion of its underground and open-

pit mining in the area, despite the revolutionary movement's repeated warnings against it.

It also expanded operations and land excavation in the remaining forest in Maco, which was declared protected by the revolutionary people in the area. Apex's other accountabilities include 1) failure to compensate victims of two landslides in 2007 and 2008, 2) low wages and arbitrary worker lay-offs, 3) failure to rehabilitate rivers and bridges in Maco which it promised to Maco residents, and 4) actively funding the combat operations of the 9th IB then deployed in the province.

The NPA clearly stated then that the landslides in Maco in consecutive years were caused by Apex's widespread destruction of forests and land, which earlier caused the dislocation of entire communities of Lumads and farmers since the 1970s.

Panghihimasok at panlilinlang ng 59th IB sa mga unibersidad at kolehiyo sa Batangas, binatikos

Pebrero 13, 2024

Kinundena ng Kabataang Makabayan (KM)-Batangas ang serye ng panghihimasok at panlilinlang ng 59th IB sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo sa Batangas sa nagdaang mga linggo. Anang grupo, ang naturang mga aktibidad ay desperasyon ng 59th IB na pigilan ang pagkamulat ng mga kabataan sa katotohanan at karahasan ng estado laban sa mamamayang

Pilipino at “wakasan” ang rebolusyonaryong kilusan.

Ayon sa grupo, libu-libong estudyante ang pinadalo sa mga “symposium” unibersidad at kolehiyo na ipinatawag ng 59th IB ng AFP, mga pulis at ang pasistang National Task Force-Elcac. Kabilang sa mga eskwelahan ang Batangas State University, Technological University of the Philippines-Batangas, Polytechnic University of the Philippines-Sto. Tomas, Cuenca Institute, at Cuenca Senior High School.

Nagpapakalat ng lason ang 59th IB kaugnay ng kanilang pagpatay sa 9-taong gulang na si Kyllene Casao sa Taysan, Batangas, naghuhugas-kamay sa kanilang responsibilidad at isinisisi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Batangas ang karumaldumal na krimen. Binibigyang katwiran din nito ang pagpatay kay Maximino Digno, isang matandang magsasaka na may kapansanan sa pag-iisip, sa bayan ng Calaca sa pagdadahilang “napatay sa engkwentro.”

“Bagamat paulit-ulit na itong pinasinungalingan at binatikos ng mga kaanak, kaibigan at kabarangay ng dalawa, pinaninindigan pa rin ng berdugong kasundaluhan ang mga kasinungalingang ito,” ayon sa KM-Batangas.

Bumubula din ang bibig ng 59th IB sa paulit-ulit na panrered-tag at pagbabansag na “terrorista” sa mga ligal na samahang masa na nagsusulong ng karapatan sa edukasyon, malayang pag-oorganisa at pamamahayag, at iba pang batayang demokratikong karapatan ng mga kabataan.

Giit ng grupo, sa kabila ng tangkang takutin ang hanay ng mga kabataan at payukuin sa paghaharing militar sa prubinsya, nananatili umanong “ang diwa at paninindigan ng mga rebolusyonaryong kabataan” sa kawastuhan ng pagrerebolusyon bilang natatanging solusyon sa higit na lumalalang krisis ng lipunan dulot ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo.

Pinalalakas ng KM-Batangas ang suporta nito sa hukbong bayan, mula sa parehong mga pwersang nakabase sa kanayunan at kalunsuran. “Masugid ding lumalahok ang rebolusyonaryong kabataan sa gawaing pampulitika, produksyon, militar, at iba pa,” ayon sa grupo.

Anang grupo, nagpapatuloy din ang taus-pusong pagsuporta ng mga kabataan sa digmang bayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang materyal at pinansyal, integrasyon, pag-tour of duty at pagsampa sa Hukbo, hanggang sa paglulunsad ng mga operasyong pinta at dikit at mga rebolusyonaryong pag-aaral upang itaas ang pampulitikang kamulatan ng mga kabataan.

“Hinahamon ng KM-Batangas ang kabataan at estudyante sa prubinsya na patalasin ang kritikal na kaisipan, puspulang pag-aralan ang 55-taon nang digmang bayan sa Pilipinas, at walang humpay na turulin ang mga ugat ng armadong tunggalian sa bansa,” pahayag pa ng grupo.

Mahalaga anito na tuluy-tuloy na magsigasig ang mag kabataan para igiit ang kanilang demokratikong mga panawagan, gayundin ang

disgusto at pagkamuhi sa bulok na kalakaran ng AFP-PNP at isiwalat ito sa malawak na mamamayan sa lahat ng paraan. “Sa gayon, mabibigo ang bawat pagtatangka ng reaksyunaryong estado at militar na bansutin ang kaisipan nating mga kabataan, ikulong tayo sa apat na sulok ng paaralan at ihiwalay sa pakikibaka ng mamamayan sa lipunang ating kinabibilangan,” pagtatapos nito.

[English Translation]

Youths denounce intrusion and deception by the 59th IB in Batangas universities and colleges

Pebrero 13, 2024

The Kabataang Makabayan (KM)-Batangas condemned the series of intrusion and deception by the 59th IB in various universities and colleges in Batangas in recent weeks. The group said such activities are desperate moves of the 59th IB to prevent the youth from becoming aware of the truth about state’s violence against the Filipino people and to “end” the revolutionary movement.

According to the group, the AFP’s 59th IB, police and the fascist National Task Force-Elcac required thousands of students in universities and colleges to attend “symposiums”. Among the schools are Batangas State University, Technological University of the Philippines-Batangas, Polytechnic University of the Philippines-Sto. Tomas, Cuenca Institute, and Cuenca Senior High School.

The 59th IB has spread poison in relation to their killing of 9-year-old Kyllene Casao in Taysan, Batangas to absolve themselves and blame the heinous crime on the New People's Army (NPA)-Batangas. It also justifies the killing of Maximino Digno, a mentally-disabled elderly farmer, in the town of Calaca claiming he was "killed in an encounter."

"Although it has been repeatedly refuted and condemned by the victims' respective relatives, friends and village mates, the military butchers still promote these lies," according to KM-Batangas.

The 59th IB is also foaming at the mouth with their repeated red-tagging and "terrorist" labeling of legal mass organizations that promote the right to education, free association and press, and other basic democratic rights of the youth.

Despite the attempt to intimidate the ranks of the youth and force them to submit to military rule in the province, the group says "the spirit and commitment of the revolutionary youth" remains firm in the correctness of the revolution as the only solution to the worsening social crisis caused by imperialism, feudalism, and bureaucratic capitalism.

KM-Batangas is strengthening its support to the people's army, from both rural and urban-based forces. "The revolutionary youth also actively participates in political, production, military, and other activities," according to the group.

The young people's wholehearted support for the people's war continues by providing material and financial support, integration, immersion and enlistment in the Army, up to carrying out slogan-painting and postering operations and revolutionary discussions to raise the political consciousness of the youth.

"KM-Batangas challenges the youth and students in the province to sharpen their critical thinking, thoroughly study the 55-year-old civil war in the Philippines, and relentlessly grasp the roots of armed conflict in the country," said the group.

It is important for the youth to continuously be enthusiastic in asserting their democratic calls, and expressing indignation and hatred for the rotten practices of the AFP-PNP and expose it to the general public in every way. "Thus, we frustrate every attempt by the reactionary state and the military to stunt the intellect of our youth, lock us within the four corners of the school and isolate us from the people's struggle in the society we belong to," it concluded.

Meralco, ganid sa tubo!

Pebrero 14, 2024

Nagprotesta ang mga myembro ng Bayan Muna sa harap ng isang upisina ng Meralco sa Kamuning, Quezon City noong Pebrero 11 para kundehin ang taas-singil na ipinataw ng kumpanya na ₱0.5738 kada kilowatt hour (kwh) para sa Pebrero. Pangalawang pagtaas na ito ngayong taon. Noong Enero, itinaas na rin ng kumpanya

ang singil nang ₱0.0846/kwh. Sa gayon, nasa ₱11.9168/kWh na ang binabayaran ng mga konsyumer nito, dagdag na ₱115 para sa isang bahay na kumukonsumo ng minimum na 200kwh kada buwan.

“Ang pagtaas sa singil ay dagdag na pasanin sa mga konsyumer na nagdurusa na sa pataas na presyo ng mga batayang pangangailangan,” pahayag ng Bayan Muna sa araw na iyon. Tinawag nitong “di katanggap-tanggap” ang mga dagdag-singil ng kumpanya.

“(D)apat pababa ang kuryente ngayon kasi malamig pa ang panahon at mababa ang demand,” ayon sa grupo. “Pinakikita ng hakbang na ito ng Meralco ang pagiging ganid sa tubo ng kumpanya, kung saan inuuna ang kita kaysa kagalingan ng mamamayan.”

Resulta ito ng deregulasyon ng industriya ng kuryente, na nagbigay ng walang sagkang kapangyarihan sa mga pribadong kumpanya katulad ng Meralco na karakarakang ipasa sa mga konsyumer ang kanilang gastos sa produksyon.

Sa aktwal, arbitraryo ang pagtaas ng Meralco ng singil at ipinatitigil ito ng Energy Regulatory Commission (ERC). Sa balita ngayong araw, Pebrero 14, ipinababalik ng ERC ang hanggang kalahati ng dagdag-singil nitong Pebrero dahil wala itong “clearance” mula sa ahensya.

“Habang wala pa ang clearance ng ahensya, adelantado ang pagpasa ng gayong dagdag gastos (ng kumpanya),” ayon sa ERC. Kailangan

diumanong magsumite muna ang kumpanya ng mga dokumento para patunayan ang batayan ng dagdag-singil.

Idinadahilan ng Meralco ang dagdag-singil sa pagtaas ng gastos sa paggawa ng kuryente na dulot diumano ng mataas na presyo ng imported na liquified natural gas (LNG) na ginagamit ng mga plantang ito. Gayunpaman, aminado ang Meralco mismo na wala pa itong aktwal na datos kung magkano ang dagdag na gastos sa produksyon dahil ngayong Pebrero pa lamang nito sisimulan ang paggamit ng imported na LNG na mula sa US.

Itinaas ng Meralco ang generation cost nito tungong ₱7.1020/kWh nitong Pebrero mula ₱6.6468/kwh noong Enero. Kasunod ito sa pagpasok ng kumpanya sa isang “kasunduan” sa First Gen para sa suplay ng enerhiya gamit ang imported na LNG. Ang First Gen ay pagmamay-ari ng pamilyang Lopez, na may-ari ng higit kalahati ng sapi ng Meralco. Sa ngayon, pinatatakbo ang Meralco ng Metro Pacific Investment Corporation at ng hepe nitong si Manuel Pangilinan.

[English Translation] **Meralco, profit-hungry!**

Pebrero 14, 2024

Members of Bayan Muna protested in front of a Meralco office in Kamuning, Quezon City on February 11 to condemn the latest ₱0.5738 per kilowatt hour (kwh) rate increase for February. This is the second increase this year. In January,

the company also raised its rates by ₱0.0846/kwh. Thus, its consumers pay ₱11.9168/kWh, which means an additional ₱115 for a house that consumes a minimum of 200kwh per month.

“The increase in charges is an additional burden on consumers who are already suffering from the rising prices of basic necessities,” Bayan Muna said that day. It called the company’s increase in charges “unacceptable”.

“Electricity cost should be decreasing because the weather is still cold and the demand is low,” said to the group. “This move by Meralco shows the company’s greed for profit, where profits rank higher the people’s welfare.”

This is a result of the deregulation of the electricity industry, which has given unfettered power to private companies like Meralco to arbitrarily pass on their production costs to consumers.

In fact, Meralco’s rate hike is arbitrary and the Energy Regulatory Commission (ERC) is stopping it. Yesterday, February 14, the ERC ordered Meralco to refund up to half of its February surcharge because it does not have “clearance” to increase rates.

“Pending the agency’s clearance, such additional costs passed (by the company) is premature,” according to the ERC. The company will first have to submit documents to prove the basis of the surcharge.

Meralco attributed the surcharge to the increase in the cost of power generation allegedly caused by the high price of imported liquefied natural gas (LNG) used by these plants. However, Meralco itself admitted that it does not yet have actual data on how much additional production costs will be because it will only start using imported LNG from the US this February.

Meralco raised its generation cost to ₱7.1020/kWh this February from ₱6.6468/ kwh in January. This follows the company entering into an “agreement” with First Gen for energy supply using imported LNG. First Gen is owned by the Lopez family, which owns more than half of Meralco’s stock. Currently, Meralco is operated by Metro Pacific Investment Corporation and its chief Manuel Pangilinan.

Pagmimina ng Apex Mining sa Maco, kinundena ng mga katutubo

Pebrero 14, 2024

Mariing kinundena ng Katribu Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas ang Apex Mining Corporation Inc sa pinsalang dulot ng pagmimina nito sa mga komunidad ng Lumad sa Maco, Davao de Oro. Pinakahuli sa mga krimen nito ang pagguho ng lupa sa Purok 1, Masara kung saan 71 ang naitalang napatay at halos 50 pa ang nawawala.

“Matagal nang nagdudulot ng pinsala ang Apex Mining sa Compostela Valley, at may naitala nang may namatay dulot dito noon pang 2008. Ang mga

kaswalti na ito ay hindi mga 'isolated na kaso' kundi resulta ng tuluy-tuloy na mapangwasak na operasyong pagmimina ng Apex," ayon sa grupo.

Deka-dekada nang dinadambong ng malalaking korporasyon tuladng Apex ang mga lupang ninuno para sa kita, nang walang pakialam sa mga karapatan at kagalingan ng mamamayan na naninirahan sa mga ito, ayon sa grupo. "Tulad ng Maco, kinakaharap ng mga komunidad na kinubabawan ng malalaking operasyon ng mina ang nakagigimbal na mga sakuna."

Kaparehong sakuna ang dinanas ng mamamayan sa Cordillera, katulad ng sakuna sa na sanhi ng pagmimina ng Lepanto Mining noong 1999 at landslide noong 2008 na sanhi naman ng Benguet Mining.

Pinabulaanan ng Katribu ang pagtatanggol ng MGB-XI na nagsabing ang landslide sa Maco ay sanhi ng "natural na mga dahilan" tulad ng klase ng lupa, malakas na pag-ulan at kalikasan ng dahilig.

"Hindi lamang dulot ng mga natural na sakuna ang mga kaso (ng landslide) kundi dulot ito ng malawakan at komersyal na pagmimina," ayon sa grupo. "Pinalala ng mga kumpanyang ito ang epekto ng mga natural na sakuna at nagdadala ng mas mapaminsalang pwera."

Kasabay ng panawagang papanagutin ang Apex, ipinanawagan rin ng grupo ang pagbasura sa Philippine Mining Act na nagbibigay-laya sa mga kumpanyang pagmimina na agawin ang mga

lupang ninuno, dambungin ang mga rekurso nito at iwanang wasak ang kapaligiran.

Nakiramay din ito sa mga pamilyang biktima ng landslide.

[English Translation]

Indigenous people condemn Apex Mining operations in Maco

Pebrero 14, 2024

The Katribu Kalipunan ng Katubong Mamamayan ng Pilipinas has strongly condemned Apex Mining Corporation Inc for the damage it has caused to the Lumad communities in Maco, Davao de Oro. The most recent of its crimes was the landslide in Purok 1, Masara where 71 people were recorded killed and nearly 50 others are missing.

“Apex Mining has been wreaking devastation in the Compostela Valley for a long time, and a fatality has been recorded here as far back as 2008. These casualties are not ‘isolated cases’ but the result of continuous destructive mining operations by Apex,” the group said.

For decades, large corporations like Apex have been plundering ancestral lands for profit, disregarding the rights and well-being of the people who reside on them, according to the group. “Like Maco, communities covered by large-scale mining operations face outrageous disasters.”

The people in the Cordillera suffered the same disaster, notably the disaster caused by Lepanto

Mining in 1999 and the landslide in 2008 caused by Benguet Mining.

Katribu refuted MGB-XI's defense which said the landslide in Maco was caused by "natural causes" such as the type of land, heavy rainfall and the nature of the slope.

"The cases (of landslides) are not only caused by natural disasters but also by large-scale and commercial mining," according to the group. "These companies exacerbate the impact of natural disasters and bring more destructive forces."

Along with the call to hold Apex accountable, the group also called for the repeal of the Philippine Mining Act which gives mining companies the freedom to seize ancestral lands, plunder its resources and leave the environment devastated.

It also sympathized with the families who were victims of the landslide.

Pagpapatupad ng mandamyento de aresto ng ICC, hindi imposible sa Pilipinas

Pebrero 14, 2024

Inilinaw noong Pebrero 10 ng mga abugado ng mga biktima ng "gera kontra-droga" na dumulog sa International Criminal Court na "hindi imposible" na maipatupad ang pag-aresto sa sinumang mapatutunayang nagkasala ng krimen laban sa sangkatauhan sa konteksto ng nagaganap na imbestigasyon kaugnay dito sa Pilipinas.

“Ang mandamyento de aresto na ilalabas ng ICC ay kailangang ipatupad ng pwersa ng mga pulis saanman sa 123 myembrong bansa nito,” ayon sa Natonal Union of People’s Lawyers at Rise up for Life and for Rights. Habang hindi na myembro ng ICC ang Pilipinas, maaari pa ring matulak ng ibang dahilan ang Philippine National Police na ipatupad ito, ayon sa mga abugado.

Isa sa maaaring maganap ang pag-uutos ng presidente ng Pilipinas na ipatupad ang mandamyento sa bisa ng isang extradition request, o bilang pagsunod sa internasyunal nitong mga obligasyon. Gayundin, myembro ang Pilipinas ng International Criminal Police Organization (Interpol), na may kasunduan sa pagbabahaginan ng datos at kooperasyon sa ICC. Anang mga abugado, maaari itong humingi ng tulong sa Interpol para magbigay ng impormasyon at komunikasyon kaugnay sa mga pugante. Hanggang hindi napatutupad, may bisa ang isang internasyunal na mandamyento de aresto.

“Liliit at liliit ang mundo para sa mga lumalabag sa karapatang-tao at mga internasyunal na kriminal,” ayon sa mga grupo. “At dapat lamang ito.”

Samantala, kinundena ng mga abugado ang “pangga-gaslight” ng mga target ng imbestigasyon sa mga biktima ng “gera kontra-droga.” Binatikos nila ang tuluy-tuloy na pang-aatake ng mga Duterte, kabilang si Sara Duterte, at ni Bato de la Rosa sa ICC.

Anang mga abugado, may oportunidad ang mga ito na lumahok sa proseso, para upisyal nilang mairehistro ang kanilang mga pagtutol at pahayag. Sa ngayon, para lamang silang “kumakausap ng poste” sa kanilang mga patutsada.

“Nasa interes nila na ipaabot nang pormal ang kanilang paninindigan bago magdesisyon ang ICC kung mayroon nga bang rasonableng basehan na isangkot sila sa mga krimen laban sa sangkatauhan sa Pilipinas,” ayon sa mga abugado.

[English Translation]

Enforcement of ICC arrest warrant not impossible in the Philippines

Pebrero 14, 2024

The lawyers of the victims of the “war on drugs” who approached the International Criminal Court clarified on February 10 that it is “not impossible” to enforce the arrest of anyone proven guilty of crimes against humanity in the context of the ongoing investigation in the Philippines.

“The arrest warrant issued by the ICC must be enforced by police forces everywhere in its 123 member countries,” according to the National Union of People’s Lawyers and Rise up for Life and for Rights. While the Philippines is no longer a member of the ICC, the Philippine National Police may still be compelled by other reasons to implement it, according to lawyers.

One of the things that can happen is the Philippine president's order to implement the mandate in the effect of an extradition request, or in compliance with its international obligations. Also, the Philippines is a member of the International Criminal Police Organization (Interpol), which has an agreement on data sharing and cooperation with the ICC. The court can seek help from Interpol to provide information and communication related to the fugitives, the lawyers said. Until it is executed, an international arrest warrant is enforceable.

"The world will keep getting smaller and smaller for human rights violators and international criminals," according to the groups. "As it should."

Meanwhile, lawyers condemned the "gaslighting" of investigation targets on victims of the "war on drugs." They denounced the continuous attacks of the Dutertes, including Sara Duterte, and that of Bato de la Rosa, against the ICC.

The lawyers said they have the opportunity to participate in the process, so they can officially register their objections and statements. Right now, they are just "talking to a fence post" with their remarks.

"It is actually in their interest to formally air their side before the ICC decides on whether there is reasonable basis to believe that they were complicit in the commission of crimes against humanity in the Philippines," according to the lawyers.

Plano ng Apex Mining na pumasok sa Benguet, tinutulan

Pebrero 14, 2024

Ipinahayag kahapon, Pebrero 13, ng mga komunidad ng katutubo sa Sitio Dalicno, Barangay Ampucao, Itogon, Benguet ang kanilang pagtutuol sa Application for Production Sharing Agreement 103 (APSA 103) ng Itogon-Suyoc Resources, Inc (ISRI), isang kumpanyang pagmamay-ari ng Apex Mining Corporation Inc ni Enrique Razon Jr sa kanilang lupang ninuno. Anila, maraming iregularidad sa proseso ng pagkuha ng Free, Prior and Informed Consent (FPIC) ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa kanilang komunidad.

Sa isang press conference na pinangunahan ng Dalicno Indigenous Peoples Organization (DIPO), ibinunyag ng mga residente ang pagmanipula ng NCIP para makuha ang bogus na FPIC mula sa mga nakatatanda ng tribu. Noong Enero 29, naghain ng petisyon ang mga residente ng Dalicno para kundenahin ang pagbabasura ng NCIP sa kasong inihapag nila para bawiin ang FCIP. Anila, hindi sapat ang ibinahaging impormasyon sa mga asembliya na humantong sa pirmahan ng Memorandum of Agreement (MoA) noong Setyembre 20, 2023.

“Hindi kami sang-ayon na walang batayan ang aming reklamo,” pahayag ni Regina Sidor, pangkalahatang kalihim ng DIPO. Aniya, hindi kinuha ng NCIP ang pagsang-ayon ng mga

apektadong komunidad, na siyang nararapat at dati nang proseso sa Itogon.

“Sa dating mga proseso ng FPIC, tulad ng para a Binga Dam project at sa Sal-angan Hydropower project, ang desisyon ng mga nakatatanda ng Itogon ay nakabase sa desisyon ng mga apektadong erya,” paliwanaag ni Sidor. Pero sa kaso ng APSA 103 FPIC, tanging ang mga elder na Itogon Indigenous Peoples Organization (IIPO) na inawtorisa ng NCIP ang gumawa ng desisyon nang walang pagsaalang-alang sa paninindigan ng komunidad na direktang tatamaan ng negatibong mga epeto ng proyekto, aniya.

“Hinati ng usaping ito ang mamamayang Itogon. Ang komunidad ng Dalicno, na nag-organisa sa sarili sa DICO, ay binalewala bilang ‘breakaway group’ at pinalabas na masama ng kunwa’y mga ‘awtorisadong mga indigenous organization.’ Gayunpaman, naninindigan ang Dalicno...bilang lehitimong stakeholder dahil ang lupa, buhay at kabuhayan nila ang nakasalang (sa proyekto),” pahayag ng organisasyon.

“Nananawagan kami sa aming kailian (elders) na pakinggan kami at tumanaw nang lampas sa mga nakasulat sa batas ng FPIC. Lagi’t lagi na itong minamanipula, katulad nang naranasan natin sa nakaraan,” ani Sidor. “May banta sa ating mga tahanan, pamana, at ating mga buhay kaya wag tayong malinlang,” aniya. “Ang paninindigan laban sa APSA 103 ay malinaw na deklarasyon na walang FPIC.”

#SaveDalicno

Sasaklawin ng APSA 103 ang 581 ektaryang lupang ninuno sa mga barangay ng Ampucao, Poblacion, at Virac sa Itogon, Benguet. Sasakupin ng mga operasyon ng pagmimina ang buong sityo ng Dalicno, kasama ang kanilang mga pinagkukunan ng tubig, sagradong mga libingan, mga paaralan at mga simbahan na tinawag na mga “built-up zone.”

Hindi naniniwala ang mga taga-Dalicno na dahil lamang na nakalagay sa MOU na magiging “no mining zone” ang mga “built-up zone” at magiging “buffer zone” naman ang watersources ay hindi ito maapektuhan ng mina. Anila, kitang-kita ang epekto ng pagmimina, laluna ng Apex Mining na may-ari ng ISRI, sa kagaganap na landslide sa Masara, Maco, Davao de Oro.

Tulad ng APSA, saklaw ng mga operasyon ng Apex ang buong Masara at katabi nitong barangay na Theresa kahit pa sinasabi nitong isang kilometro ang layo ng landslide sa isang “aktibong mina.”

Ano pa man ang sabihin ng kumpanya at kanilang mga abugado sa ngayon, saklaw pa rin ng mining permit nila ang buong 581 ektarya, ayon sa mga taga-Dalico.

[English Translation]

IPs oppose Apex Mining plans to encroach on Benguet

Pebrero 14, 2024

Indigenous communities in Sitio Dalicno, Brgy. Ampucao, Itogon, Benguet announced yesterday,

February 13, their objection to the Application for Production Sharing Agreement 103 (APSA 103) on their ancestral land by the Itogon-Suyoc Resources, Inc (ISRI), a company owned by Enrique Razon Jr's Apex Mining Corporation Inc. They say there are many irregularities in the process of obtaining Free, Prior and Informed Consent (FPIC) by the National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) in their community.

In a press conference led by the Dalicno Indigenous Peoples Organization (DIPO), residents exposed the NCIP's manipulation to obtain the bogus FPIC from tribal elders. On January 29, the residents of Dalicno filed a petition to condemn the NCIP's dismissal of the petition they filed to revoke the FCIP. They said, insufficient information was shared in the assemblies leading to the signing of the Memorandum of Agreement (MoA) on September 20, 2023.

"We disagree that our complaint lacks merit," said Regina Sidor, DIPO general secretary. She said, the NCIP did not obtain the affected communities' consent, which is the proper and practiced procedure in Itogon.

"In previous FPIC procedures, such as for the Binga Dam project and the Sal-angan Hydropower project, the decision of the elders of Itogon was based on the decision of the affected areas," explained Sidor. But in the case of APSA 103 FPIC, only the NCIP-authorized Itogon Indigenous Peoples Organization (IIPO) elders made the decision without considering the stance of the

community that will directly experience the negative effects of the project, she said.

“This issue has divided the Itogon people. The Dalicno community, who organized themselves as DIPO, is dismissed as a breakaway group and treated with spite from the so-called authorized indigenous organizations. Dalicno, however, [stands] ... as a legitimate stakeholder especially since their land, life, and livelihood are on the line,” the organization said

“We call on our kailian to hear us out, and to see way beyond the written rules of the FPIC. These have always been manipulated, as we see in our previous experiences,” she said. “Our home, our heritage, our lives are being threatened here, [let us not be deceived],” she said. “[Our stand against] APSA 103 is a [clear] declaration that there is no FPIC”, Sidor added.

#SaveDalicno

APSA 103 will cover 581 hectares of ancestral land in the barangays of Ampucao, Poblacion, and Virac in Itogon, Benguet. The mining operations will cover the entire sityo of Dalicno, including their water sources, sacred burial grounds, schools and churches in the so-called “build-up zones.”

The people of Dalicno do not believe that the mine will not affect them just because the MOU stipulates that the “build-up zone” will be a “no mining zone” and the water resources will be in a “buffer zone”. They say the impact of mining,

especially Apex Mining which owns ISRI, is evident in the recent landslide in Masara, Maco, Davao de Oro.

Like APSA, Apex's operations cover the whole of Masara and its neighboring barangay Teresa despite its claims the landslide is one kilometer away from an "active mine."

Regardless of the current claims of the company and their lawyers, their mining permit still covers the entire 581 hectares, according to Dalico people.

5-taong batas sa liberalisasyon ng importasyon ng bigas, patuloy na ipinababasura

Pebrero 15, 2024

Naglunsad ng piket ang mga grupo ng magsasaka at kababaihan sa Mendiola sa Maynila, kahapon, Pebrero 14, para ipanawagan ang pagbabasura sa Rice Liberalization Law (RLL), na naisabatas sa araw ding iyon noong 2018.

Noong katapusan ng 2023, naitala ang pinakamataas na "rice inflation" sa tantos na 19.6%, pinakamabilis sa nakaraang 14 taon. Kumpara sa 2022, tumaas nang halos ₱10 ang bigas kada kilo noong nakaraang taon.

Pagpasok ng 2024, tumaas pa nang ₱1-₱2 ang bigas kada kilo. Inilagay ng Department of Agriculture ang presyo ng lokal na bigas sa ₱53-₱60 kada kilo, habang nasa ₱56-₱65 kada kilo ang imported na bigas noong katapusan ng Enero.

Pero ayon sa grupong Bantay Bigas, umaabot sa ₱75 kada kilo ang bigas sa ilang bahagi ng bansa.

“Palpak na palpak ang liberalisasyon ng bigas,” ayon kay Danilo Ramos, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP.) “Abot-langit na ang presyo ng bigas habang dumaranas ng walang kapantay na pagkalugi ang mga magsasaka dahil sa napakamahal na farm inputs.”

Aniya, di sapat ang ₱455 milyong Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) na malilikom mula sa importasyon para punan ang pagkalugi ng mga magsasaka. Mas malala, wala pang pondong umaabot sa kanila, kahit limang taon na itong kinukulekta ng estado.

Kahit bago pa maisabatas, tinutulan na ng mga magsasaka ang RLL. Ayon sa kanilang mga pag-aaral sa unang tatlong taon ng pagpapatupad ng batas, bumaba ang bilihan ng palay nang abereyds na 19.5%.

Sa mga pag-aaral ng Bantay Bigas, bumagsak nang 17.22% (mula ₱385 bilyon sa 2018 tungong ₱318.8 bilyon sa 2020) ang kabuuang halaga ng produktong palay, kahit pa tumaas ang bolyum o mas malaki ang naani ng mga magsasaka noong 2020. Dahil bumaba sa ₱20/kilo ang bilihan ng palay, tinatayang nalugi ang mga lokal na magsasaka nang mahigit ₱68 bilyon sa taong iyon.

Sa kabila nito at sa gitna ng nagtataasang presyo ng bigas, patuloy ang pagmamamatigas ng reaksyunaryong estado sa pag-import ng bigas.

Noong Enero, pumasok ang rehimeng Marcos, sa pamamagitan ni House Speaker Martin Romualdez, sa isang kasunduan sa Vietnam para mag-angat ang bansa nang hanggang 2 milyong metriko tonelada taun-taon mula rito sa susunod na limang taon, kakailanganin man ito o hindi. Hanggang 90% ng imported na bigas ay inaangkat ng Pilipinas mula sa Vietnam.

Sa halip ng walang-sagktang importasyon, dapat palakasin ng estado ang lokal na produksyon at paglaanan ng sapat na subsidyo sa sektor ng agrikultura, ayon sa mga magsasaka.

“Inuulit namin—tunay na reporma sa lupa, at di importasyon ng bigas, ang magreresolba sa palagiang krisis sa bigas,” ayon sa KMP. Tanging sa paraan na ito makakamit ng bansa ang seguridad sa pagkain at tunay na pag-unlad sa ekonomya.

[English Translation]

Farmers continue to demand the repeal of 5-year rice import liberalization law

Pebrero 15, 2024

Farmers’ and women’s groups launched a picket in Mendiola, Manila, yesterday, February 14, to call for the repeal of the Rice Liberalization Law (RLL), which was enacted on the same day in 2018.

Rice inflation hit 19.6% at the end of 2023, the highest in the past 14 years. Compared to 2022,

rice prices increased by almost ₱10 per kilo last year.

In 2024, rice prices again increased by ₱1-₱2 per kilo. The Department of Agriculture pegged the price of local rice at ₱53-₱60 per kilo, while imported rice was at ₱56-₱65 per kilo at the end of January. According to the Bantay Rice group, prices reached ₱75 per kilo in some parts of the country.

“Rice liberalization is an utter failure,” according to Danilo Ramos, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) president. “The price of rice has skyrocketed while farmers are suffering unprecedented losses due to very expensive farm inputs.”

He said that the ₱455 million Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) generated from imports is not enough to cover the losses of farmers. Worse, the funds have yet to trickle down to them, despite the state started its collection five years ago.

Even before it was enacted, farmers had already opposed the RLL. According to their studies, in the first three years of the law’s implementation, rice farm gate price decreased by an average of 19.5%.

In studies by Bantay Bigas, the total value of rice products fell by 17.22% (from ₱385 billion in 2018 to ₱318.8 billion in 2020), despite the increase in volume or harvests by farmers in 2020. Since rice farm gate prices dropped to ₱20/kilo, local

farmers have lost an estimate of more than ₱68 billion that year.

Despite this and amid rising prices of rice, the reactionary state continues to insist on importing rice.

In January, the Marcos regime, through House Speaker Martin Romualdez, entered into an agreement with Vietnam for the country to import up to 2 million metric tons annually for the next five years, whether needed or not. Up to 90% of rice imported by the Philippines comes from Vietnam.

Instead of unrestrained imports, the state should boost local production and allocate adequate subsidies to the agricultural sector, according to farmers.

“We repeat—genuine land reform, and not rice importation, will solve the constant rice crisis,” according to KMP. Only in this way can the country achieve food security and real economic development.

Bumibisitang asawa ng bilanggong pulitikal sa Negros, inaresto sa kulungan

Pebrero 15, 2024

Binatikos ng Kapatid, grupo ng mga kaanak at kaibigan ng mga bilanggong pulitikal, at nanawagan para sa kagyat na independyenteng imbestigasyon sa nangyaring pag-aresto kay Pertinisa Jereula Charita, 55, habang bumibisita

sa kanyang asawa sa kulungan sa San Carlos, Negros Occidental noong Pebrero 13. Ayon sa Human Rights Advocates Negros (HRAN), pinalalabas ng mga pulis na nakumpiska kay Charita ang isang kalibre .22 pistola nang kapkapan.

Si Charita, kasapi ng Kapatid-Negros at National Federation of Sugar Workers (NFSW), ay asawa ni Leon Charita na inaresto noong Setyembre 2019 sa kasong illegal possession of firearms and explosives. Kasama ni Pertinisa ang kanyang mga anak at apo nang bumisita kay Leon para gunitain ang kanyang kaarawan sa loob ng kulungan.

“Nananawagan ang Kapatid na ibasura ang gawa-gawang kaso laban kay Pertinisa Charita at kagyat siyang palayain,” ayon sa pahayag ng Kapatid. Wala umanong ni katiting na lohika ang sinasabi ng mga pulis na nakakumpiska sila ng pistola mula sa ginang. “Walang lohikal na rason kung bakit ipapahamak ni Pertinisa ang kanyang sariling kalayaan at kaligtasan ng kanyang pamilya sa pagdadala ng baril sa pasilidad,” pagdidiin ng grupo.

Giit nila, hindi siya nagkasala kundi biktima ng mga gusto siyang parusahan sa pagsisiwalat ng katotohanan tungkol sa kalagayan ng karapatang-tao, mga pag-abuso at panunupil sa tabing ng kampanyang kontra-insurhensya ng rehimeng Marcos. Si Pertinisa ay kabilang sa mga humarap at nakipanayam kay UN Rapporteur on Freedom of Opinion and Expression Irene Khan nang bumisita sa Cebu City kamakailan.

Pahayag naman ng HRAN, ang sirkumstansya nang pag-aresto kay Pertinisa ay nagpapakita ng “frame-up” at bagong modus operandi para gipitin at takutin ang mga pamilya ng mga bilanggong pulitikal.

[English Translation]

Police arrest wife of political prisoner in Negros while visiting husband in jail

Pebrero 15, 2024

Kapatid, a group of relatives and friends of political prisoners, denounced and called for an immediate independent investigation into the arrest of Pertinisa Jereula Charita, 55, while visiting her husband in prison in San Carlos, Negros Occidental last February 13. According to Human Rights Advocates Negros (HRAN), the police falsely claimed confiscating a .22 caliber pistol from Charita while she was being frisked.

Charita, a member of Kapatid-Negros and the National Federation of Sugar Workers (NFSW), is the wife of Leon Charita who was arrested in September 2019 on charges of illegal possession of firearms and explosives. Pertinisa was with her children and grandchildren when she visited Leon to commemorate his birthday inside the prison.

“Kapatid calls for the dismissal of the trumped-up case against Pertinisa Charita and for her immediate release,” according to Kapatid’s statement. The police claim that they confiscated a pistol from her does not have the slightest logic. “There is no logical reason why Pertinisa would

risk her own freedom and the safety of her family by bringing a gun to the facility,” the group emphasized.

The group insist that she is not guilty but a victim of those who want to punish her for revealing the truth about the state of human rights abuses and repression under the guise of the Marcos regime’s counter-insurgency campaign. Pertinisa was among those who appeared before and was interviewed by UN Rapporteur on Freedom of Opinion and Expression Irene Khan when she visited Cebu City recently.

According to HRAN, the circumstances of Pertinisa’s arrest show a a new modus operandi of framing families of political prisoners to intimidate and threaten them.

Hustisya para kay Hind Rajab at 12,000 batang Palestinong pinatay ng US-Israel

Pebrero 15, 2024

Mariing kinukundena ng International Women’s Alliance in Asia Pacific, Gabriela at ng Komisyon para sa Kababaihan ng International League of Peoples’ Struggles ang nagpapatuloy na pamamaslang ng US at Israel sa mga batang Palestino. Kabilang sila sa mahigit 28,300 nang Palestinong pinaslang ng US at Israel sa gerang henosidyo nito sa Gaza mula Oktubre 7, 2023.

Kinundena ng nabanggit na mga grupo ang umaabot na sa 12,000 batang pinatay, kabilang

ang 6-taong gulang na si Hind Rajab na natagpuang patay sa loob ng kotse noong Pebrero 12, dalawang linggo matapos huling matawagan niya ang kanyang mga magulang. Kasama ni Hind sa kotse ang kanyang tiyuhin, tiyahin at tatlo niyang batang pinsan. Bumibyahe sila noong Enero 29 palabas ng Gaza City nang paulanan ng bala ang kanilang sasakyan ng mga pwersang Israeli. Pinatay rin ng mga ito ang dalawang paramedik na pinadala ng Red Crescent Society para iligtas sana ang pamilya.

Ayon sa Euro-Med Monitor na nag-imbetiga sa pangyayari dalawang linggo matapos ang insidente, tadtad ng bala at malinaw na kinanyon kapwa ang kotse na sinasakyan ng mga biktima at ang ambulansya ng mga paramedik. Sunog na sunog ang ambulansya, at natanggal ang makina nito. Natagpuan rin ng mga imbestigador ang mga bahagi ng bombang gawang-US na ginamit para pasabugin ito.

Naganap ang pagpaslang habang tirik ang araw at kitang-kita ng mga Israeli na may mga bata sa loob ng sasakyan, ayon sa Euro-Med. Sa gayon, sadya ang sustenido at brutal na pagpaslang ng mga pwersang Israeli sa mga bata, gayundin sa mga paramedik, na lahat may espesyal na istatus bilang mga protektadong indibidwal sa gitna ng armadong sigalot, batay sa internasyunal na makataong batas.

Sa harap nito, iginigiit ng kababaihang nakikibaka laban sa imperyalismo, na papanagutin ang US-Israel sa mga krimen nito.

“(I)ginigiit namin...na papanagutin ang US-Israel sa bawat batang tinortyur at pinatay, bawat buhay na winasak, bawat bahay at ospital na tinupok ng mga ito,” ayon sa kanilang pahayag ngayong araw, Pebrero 15. “Ang imperyalistang agresyon ng US at Israel, at kanilang mga alyado, ay nagbunga sa matinding pagdurusa ng ilang henerasyon na ng mga Palestino— mula sa Zionistang pang-aagaw sa kanilang mga lupa at yaman [75 taon na nakalipas], hanggang sa pang-aatakeng henosidyo na inilulunsad ng mga pwersang mananakop laban sa milyong mamamayan sa Gaza, West Bank at kahit sa kalapit na mga bayang Arabo.”

Tinawag nilang “hepeng tagapanulsol ng imperyalistang gera” ang US, na may layuning ipanatili ang monopolyo nito sa mga merkado at rekurso sa mundo, at para pumiga ng tubo mula sa maiigting na armadong sigalot.

“Sa lahat ng mga kaguluhang ito, lagi’t lagi ang kababaihan at mga bata ang pinakabulnerable sa atosidad ng mga pwersang militar at kanilang mga papet na guberno,” pahayag nila.

Nagreresulta ang mga imperyalistang gera sa malawakang kahirapan, dislokasyon, kawalan ng trabaho at kabuhayan, at matinding panggigipit.

“Sa gayon, makatarungan at kailangan na magpatuloy ang mga kilusan para sa pagpapalaya sa Palestine at iba pang bahagi ng mundo at sumulong tungo sa paggapi sa imperyalismong US. Kailangang tumindig ang lahat ng inaapi at pinagsasamantalang mamamayan sa buong mundo para papanagutin ang US, Israel at lahat

ng kanilang aliyado sa mga atrosidad at krimen sa digma,” ayon sa grupo ng kababaihan.

[English Translation]

Justice for Hind Rajab and 12,000 Palestinian children killed by US-Israel

Pebrero 15, 2024

The International Women’s Alliance in Asia Pacific, Gabriela and the Commission for Women of the International League of Peoples’ Struggles strongly condemn the ongoing US and Israel killing of Palestinian children. Children are among the more than 28,300 Palestinians killed by the US and Israel in its genocidal war in Gaza since October 7, 2023.

The said groups condemned the killing of as many as 12,000 children, including 6-year-old Hind Rajab who was found dead in a car on February 12, two weeks after she last called her parents. Hind was with her uncle, aunt and three young cousins in the car. They were traveling on January 29 out of Gaza City when Israeli forces fired upon their car. The Israelis also killed two paramedics sent by the Red Crescent Society who attempted to save the family.

According to Euro-Med Monitor, which investigated the incident two weeks after the incident, the car carrying the victims and the ambulance of the paramedics were ridden with bullets and was clearly shelled. The ambulance was severely burnt, and its engine was detached.

Investigators also found parts of the US-made bomb used to explode it.

The killing took place in broad daylight, and the Israelis could have clearly seen children inside the car, according to Euro-Med. It is, thus, clear that the sustained and brutal killings by Israeli forces deliberately aim at children, as well as paramedics, all of whom have a special status as protected individuals amid armed conflict, based on international humanitarian law.

In the face of this, women against imperialism demand that US-Israel be held accountable for its crimes.

“(W)e demand...that the US-Israel be held accountable for every child tortured and killed, every life destroyed, every home and hospital burned by them,” according to their statement today, February 15. “The imperialist aggression by the US and Israel, and their allies, has resulted in severe suffering for generations of Palestinians now— from the Zionist seizure of their lands and resources [75 years ago], to genocidal attacks which the occupying forces are launching against millions of citizens in Gaza, the West Bank and even in neighboring Arab countries.”

They called the US the “chief imperialist warmonger,” aiming to maintain its monopoly on the world’s markets and resources, and to squeeze profit from intense armed conflicts.

“In all these conflicts, women and children are always the most vulnerable to atrocities by

military forces and their puppet governments,” they stated. Imperialist wars result in widespread poverty, dislocation, unemployment and livelihoods, and severe oppression.

“Therefore, it is just and necessary that the movements for the liberation of Palestine and other parts of the world continue and advance towards defeating US imperialism. All oppressed and exploited peoples around the world must stand up to hold the US, Israel accountable and all their allies in atrocities and war crimes,” according to the women’s groups.

Mga lider-masa sa Rizal, tiniktikan ng sundalong nagpanggap na empleyado ng lokal na gubyrno

Pebrero 15, 2024

Nagbabahay-bahay ang sundalong si Ssg. Marvin Laguna, elemento ng 2nd ID sa Barangay San Isidro, Antipolo City, Rizal simula pa Pebrero 5 at nag-uusisa kaugnay ng mga lider-masa ng progresibong kilusan sa Rizal. Nakasibilyan si Laguna at nagpapanggap na si Jerwin Lencinas na empleyado ng Antipolo City Hall para isagawa ang paniniktik, ayon sa nakalap na ulat ng Karapatan-Rizal. Kinakalap umano ng sundalo ang mga personal na impormasyon ng mga lider-masa at kanilang selpon number mula sa mga kapitbahay.

Kabilang sa tiniktikan ni Laguna ang mga myembro at lider ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Rizal, Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-Rizal, at Anakpawis Partylist Rizal.

Nagpapakita pa ng larawan ang naturang sundalo sa mga residente para tukuyin ang kanyang hinahanap. Partikular umanong nais matunton ng sundalo si Tatay Henry, ang pamprubinsyang koordineytor ng Anakpawis Partylist-Rizal. Giit ng sundalo na nais lamang niya “makausap” ang organisador para hikayating “linisin ang pangalan.”

Ayon pa sa pahayag ng Karapatan-Rizal, ipinagtatanong din sa mga kapitbahay ang kinaroroonan ni Tatay Henry. Kasabay nito, napansin nilang may umaaligid at nagmamanman na hindi kilalang mga lalaki na naka-mask sa tirahan ng organisador. Liban dito, naiulat din na binabantayan ng mga sundalo ang mga kaibigan at ibang kasama sa organisasyon ni Tatay Henry na bumibisita sa kanya. Nakaranas na rin si Tatay Henry ng katulad na paniniktik noong Nobyembre 29, 2023.

“Nakakahiya at nakaka-walang respeto ang mga taktika ng 2nd ID ng AFP at ng PNP, na tila nag-aagawan sa mga target nila na pilit at pekeng pasukuin,” ayon sa Karapatan-Rizal. Liban dito, pagkubabaw sa sibilyang gubyrno ang paggamit ng militar sa pangalan ng lokal na gubyrno at mga empleyado nito para maniktik. Ang taktikang ito ay higit na pinatindi ng National Task Force-Elcac.

[English Translation]
Soldier disguised as a local government employee surveils mass leaders in Rizal

Pebrero 15, 2024

Soldier Ssg. Marvin Lagua of the 2nd ID, went from house to house in Barangay San Isidro, Antipolo City, Rizal since February 5 and has been inquiring about mass leaders of the progressive movement in Rizal. According to the report by Karapatan-Rizal, Lagua was in plainclothes and pretended to be Jerwin Lencinas, an employee of Antipolo City Hall to carry out the surveillance. The soldier allegedly gathered mass leaders' personal information and cell phone numbers from neighbors.

Among those Lagua surveilled were members and leaders of Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Rizal, Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-Rizal, and Anakpawis Partylist Rizal. The soldier even showed photos to the residents to identify his targets. The soldier specifically wanted to track down Tatay Henry, the provincial coordinator of Anakpawis Partylist-Rizal. He insisted that he only wanted to "talk" to the organizer to encourage him to "clear his name."

According to the Karapatan-Rizal statement, he also asked neighbors about Tatay Henry's whereabouts. At the same time, the neighbors noticed unknown masked men loitering and surveilling the organizer's residence. Apart from this, it was also reported that the soldiers spied on

Tatay Henry's friends and other associates who visited him. Tatay Henry has previously experienced a similar spying scheme last November 29, 2023.

"The tactics of the AFP's 2nd ID and the PNP are shameful and degrading, as they seem to be competing among themselves who can coerce their targets and fake their surrender," according to Karapatan-Rizal. Apart from this, the military's use of the local government's name and its employees for surveillance is a usurpation of a civilian authority. The use of this tactic has been intensified by the National Task Force-Elcac.

Rali ng mga estudyante kontra-pribatisasyon ng PUP, dinahas ng pulis

Pebrero 15, 2024

Marahas na binuwag ng mga pulis ang rali ng mga estudyante ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa House of Representatives sa Quezon City noong Pebrero 12. Nagprotesta ang mga kabataan laban sa noo'y dinidinig na National Polytechnic University (NPU) Bill na anila ay magbibigay-daan sa ibayong pribatisasyon at komersyalisasyon ng edukasyon sa unibersidad.

Binatikos nila ang Kongreso, hindi lamang sa pagsusulong sa panukala, kundi ang pagkakait sa representasyon ng mga estudyante ng PUP para lumahok sa deliberasyon. Ayon sa mga grupo, na pinangunahan ng Sentral na Konseho ng mga Mag-aaral sa PUP, imbes na pag-usapan ang pribatisasyon sa pamantasan, dapat na lamang

dagdagan ang pondo nito para mas maraming estudyante ang makapasok dito.

Nasaktan at nasugatan ang ilang mga estudyante na kalahok sa protesta na magdaraos sana ng programa sa harap ng Kongreso. Higit 50 pulis ang humarang sa protesta at nambatuta nang walang pakundangan.

Binatikos ng mga grupo ng karapatang-tao ang karahasang ito ng pulis laban sa mga kabataan. Nagsalita rin si Mayor Joy Belmonte ng Quezon City na tumuligsa sa ginawang pagbuwag ng rali.

Sa kabila nito, naigiit ng mga estudyante ng PUP na makapasok sa pagdinig ang ilang kinatawan ng mga grupo para igiit ang kanilang pusisyon at pagtutol. Nakapasok si Kim Modelo ng PUP Office of the Student Regent at SAMASA PUP Chairperson Ronjay Mendiola.

Noong hapon sa araw na iyon, nagprotesta rin ang mga estudyante sa PUP-Santa Mesa para irehistro ang pagtutol sa naturang panukala.

[English Translation]

Police attack PUP students' anti-privatization rally

Pebrero 15, 2024

Police violently dispersed the Polytechnic University of the Philippines (PUP) students' rally at the House of Representatives in Quezon City on February 12. The youth protested against the then pending National Polytechnic University (NPU)

Bill saying it would allow further privatization and commercialization of university education.

They denounced Congress, not only for advancing the bill, but for denying the representation of PUP students in the deliberation. According to the groups, led by the PUP Students' Central Council, instead of talking about privatization of the university, its funding should be increased so that it can accomodate more students.

Several students participating in the protest who were supposed to hold a program in front of Congress were hurt and injured. More than 50 policemen blocked the protest and bludgeoned the students.

Human rights groups condemned this case of police violence against young people. Mayor Joy Belmonte of Quezon City also spoke to denounce the dispersal of the rally.

Despite this, the PUP students demanded that some representatives of the groups join the hearing to assert their position and objections. Kim Modelo of the PUP Office of the Student Regent and SAMASA PUP Chairperson Ronjay Mendiola were granted entry.

In the afternoon of that day, students also protested at PUP-Santa Mesa to register their opposition to said proposal.

Mga aktibistang ginawaran ng writ of amparo at habeas data, nagpasalamat sa kanilang mga tagasuporta

Pebrero 16, 2024

Lubos na nagpasalamat sina Jonila Castro at Jhed Tamano sa lahat ng sumuporta sa kanila at aktibong nagkampanya para sa writ of amparo at habeas data na nagtulak sa Korte Suprema na igawad ito sa kanila. “Malaking pag-abante ito sa katuparan ng hiling na proteksyon at pagbibigay ng impormasyong hawak ng gubyrerno patungkol sa amin,” ayon sa pinag-isang pahayag ng dalawa.

Sina Castro at Tamano ay dinukot ng mga sundalo noong Setyembre 2, 2023 at lihim na ikinulong sa loob ng dalawang linggo. Sa press conference kung saan ipipresinta sana sila ng AFP at NTF-Elcac bilang mga “sumuko” na Pulang mandirigma, matapang nilang ibinunyag ang pagdukot, pagtortyrur at pagbabanta sa kanila. Bagamat ibinasura ng Department of Justice ang isinampang kasong perjury laban sa kanila ng 70th IB, inirekomenda naman ng kagawaran na sampahan sila ng paninira sa AFP.

“Marapat lang na nagkaroon ng usad ang petisyon, dahil sa loob ng apat na buwan na paghihintay ay nagpatuloy ang banta sa aming buhay,” ayon sa dalawa. Ang sarbeylans at malinaw na intimidasyon sa kanila ng mga ahente ng estado ay nagiging balakid sa kanilang mga ipinaglalaman. Parehong aktibista si Tamano at Castro na lumalaban sa mapanirang mga proyektong reklamasyon.

Dagdag sa pagkilala sa nagpapatuloy na banta sa kanilang buhay, kinalala rin ng korte ang kanilang kaso bilang kaso ng sapilitang pagwala ng mga ahente ng estado.

“(T)aliwas (ito) sa tugon ng Department of Justice sa kasong Perjury at Grave Oral Defamation. Katulad ng dapat na ginagawa ng anumang sangay ng gubyerno, pinansin at pinakinggan din ng Korte Suprema ang iba-ibang grupo at mga indibidwal na naging aktibo sa pagpapaingay sa totoong nangyari, taliwas sa kasinungalingang ikinakalat ng NTF-ELCAC, AFP, at iba pang ahensya,” anang dalawa.

Temporaryo na “protection order” ang iginawad ng korte, at nakasalang pa sa Court of Appeals ang petisyon para sa Permanent Protection Order at Production Order.

“Repleksyon lamang ang aming kaso sa marami pang tanggol-kalikasan at mamamayan na inaatake dahil sa paglaban para sa karapatan at kalikasan,” anila. Panawagan nila na itigil ang lahat ng porma ng atake sa mamamayan at pakinggan ang karaingan para sa kabuhayan at karapatan.

Alinsunod sa kautusan, ipinagbabawal ng batas na lumapit ang lahat ng pinangalangan sa petisyon, at lahat ng mga entidad na maaari nitong pakilusin o utusan, nang hanggang isang kilometro sa mga naghapag ng petisyon, kanilang mga tahanan, eskwelahan, trabaho o saanmang kasalukuyang lokasyon, gayundin sa kanilang mga kalapit na pamilya.

Samantala, alinsunod sa ibinigay na writ habeas data, may karapatan sina Casto at Tamano na i-akses at burahin ang mga personal na datos na nilikom ng estado kaugnay sa kanila para pangalagaan ang kanilang seguridad at karapatan sa pribasiya.

[English Translation]

Activists awarded writs of amparo and habeas data, thank their supporters

Pebrero 16, 2024

Jonila Castro and Jhed Tamano thanked everyone who supported them and actively campaigned for the Supreme Court to grant them the writs of amparo and habeas data. “This is a big step forward in fulfilling the request for protection and providing information being kept by the government about us,” the two activists said in their joint statement.

Castro and Tamano were abducted on September 2, 2023 and secretly detained for two weeks. In the press conference where the AFP and NTF-Elcac were supposed to present them as “surrendered” Red fighters, they bravely exposed the abduction, torture and threats against them. Although the Department of Justice dismissed the perjury case filed against them by the 70th IB, the department recommended that they be charged with slandering the AFP.

“It is fitting that the petition made progress, because threats to our lives continued during the four months of waiting,” according to them. The

surveillance and clear intimidation by state agents hindered their advocacies. Both Tamano and Castro are activists fighting destructive reclamation projects.

In addition to recognizing the ongoing threat to their lives, the court also recognized their case as one of enforced disappearance by agents of the state.

“(This) counters the Department of Justice’s recommendation to file case of Perjury and Grave Oral Defamation. Just as any branch of government should do, the Supreme Court paid attention and heard the active outcry of various groups and individuals about what really happened, contrary to the lies spread by NTF-ELCAC, AFP, and other agencies,” they said.

The court awarded a temporary “protection order”, and the petition for a Permanent Protection Order and Production Order is pending before the Court of Appeals.

“Our case is just a reflection of many other environmental defenders and citizens who are being attacked for fighting for human rights and the environment,” they said. They called for an end to all forms of attack against the people and for the demands for livelihood and human rights be heeded.

Pursuant to the order, all those named in the petition, and all entities it may mobilize or command, are prohibited from approaching the petitioners within one kilometer of their homes,

schools, work or any current location, as well as their immediate families.

Meanwhile, in accordance with the granted writ of habeas data, Castro and Tamano have the right to access and have personal data collected by the state in relation to them be erased to protect their security and right to privacy.

Black Hearts Day sa Araw ng mga Puso, inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan

Pebrero 16, 2024

Naglunsad ng tinagurang “Black Hearts Day” ang mga manggagawang pangkalusugan mula sa pribado at pampublikong ospital sa Metro Manila at Baguio City noong Pebrero 14, Araw ng mga Puso. Anila, simbolo ang itim na puso ng kanilang pagkadismaya sa rehimeng Marcos sa nagpapatuloy na pagkakait nito sa kanila ng nakabubuhay na sweldo, mga naunsiyaming benepisyong, sa laganap na kontraktwalisasyon sa sektor at iba pang matagal nang kahingian ng mga manggagawang pangkalusugan.

Isinagawa ng mga unyon ng manggagawang pangkalusugan na nabubuklod sa ilalim ng Health Workers United For Wage Increase (HWUWI) ang kanilang protesta sa pambansang opisina ng Department of Health (DoH) sa Santa Cruz, Maynila. Kinalampag nila ang DoH sa anila’y “kalunus-lunos na kalagayan” ng sektor. Pinatindi pa ito ng insensitibong mga aksyon ng rehimeng Marcos.

“Ang sitwasyong ito ay maituturing na nakababahala laluna’t nasa masidhing krisis ang bansa, gayundin ang sistema ng pampublikong kalusugan,” ayon kay Robert Mendoza, pambansang pangulo ng Alliance of Health Workers (AHW) at convenor ng HWUWI. Pagdidiin pa niya, inuuna pa ng rehimeng Marcos ang “charter change” kaysa tugunan ang hinaing na matagal na nilang iginigiit.

Binatikos naman ni Ernesto Bulanadi, pangulo ng Tondo Medical Center Employees Association-AHW, ang paggasta ng rehimeng Marcos para sa confidential at intelligence funds, Maharlika Investment at ngayon sa People’s Initiative gayong ang bilyun-bilyong inilaan dito ay pupwede sanang ibinigay sa mga manggagawang pangkalusugan at sektor pangkalusugan.

Muling iginiit ng mga unyon at manggagawang pangkalusugan ang ₱33,000 entry salary para sa mga manggagawang pangkalusugan sa pribado at publikong ospital, gayundin para sa ibang empleyado ng gubyrno. Dapat din umanong ibigay na ang labis-labis na naantalang Health Emergency Allowance at ang Performance Based Bonus para sa 2021-2022.

[English Translation]
Health workers mark Black Hearts Day on Valentine’s Day

Pebrero 16, 2024

Health workers from private and public hospitals in Metro Manila and Baguio City marked “Black

Hearts Day” on February 14, Valentine’s Day. According to them, the black heart symbolizes their frustration with the Marcos regime for its continued denial of living wages, delayed benefits, widespread contractualization in the sector and other long-standing demands of health workers.

The health workers unions allied with the Health Workers United For Wage Increase (HWUWI) staged their protest before the Department of Health (DoH) national office in Santa Cruz, Manila. They denounced the DoH over what they called the “pathetic state” of the sector. The insensitive actions of the Marcos regime further intensified it.

“This situation can be considered alarming especially since the country is in a severe crisis, so is the public health system,” according to Robert Mendoza, Alliance of Health Workers (AHW) national president and convenor of HWUWI. He further emphasizes, the Marcos regime prioritizes “charter change” instead of addressing their long-standing grievance.

Ernesto Bulanadi, president of the Tondo Medical Center Employees Association-AHW, denounced the spending of the Marcos regime for confidential and intelligence funds, Maharlika Investment and now the People’s Initiative when the billions used for these could have been given to health workers and health sector.

Unions and health workers again demanded the ₱33,000 entry salary for health workers in private and public hospitals, as well as for other

government employees. The much-delayed Health Emergency Allowance and the Performance Based Bonus for 2021-2022 should also be given.

Malawak na alyansang anti-chacha, magpoprotesta sa ika-38 anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA

Pebrero 16, 2024

Nagtipon kahapon, Pebrero 15, ang mga organisasyon at indibidwal sa ilalim ng No to Chacha Network para ipahayag ang plano nitong magsagawa ng malawak at malaking rali sa ika-38 anibersaryo ng EDSA Uprising sa Pebrero 24. Hinikayat nila ang mamamayang Pilipino na maglunsad ng pagkilos saan man sa Pilipinas sa Pebrero 24. Sa Maynila, magtitipon ang mga grupo at indibidwal sa harap ng EDSA Shrine.

“Tatlumpu’t walong taon na ang nakararaan nang lumundo sa 4-araw ang pakikibaka ng mamamayan para sa kalayaan, hustisya at demokrasya sa pag-aalsa sa EDSA na nagpatalsik sa korap at brutal na diktadurang Marcos,” pagbubukas sa pahayag nilang People’s Unity to Defeat Chacha. Anang samahan, isa sa mga tagumpay ng pag-aalsang ito ang Konstitusyong 1987, na nagbawal sa mga dinastiyang pulitikal, nagtakda ng mga limitasyon sa termino ng mga upisyal at iba pang mga pagtitiyak na mayroong “check and balance” sa estado. Tinukoy rin nito ang mga probisyon para tiyakin na ang ekonomya, lupa, likas na yaman at susing mga institusyon sa

edukasyon at kulura ay mananatili sa kamay ng mga Pilipino.

Sa gayon, tutol sila sa mga pagtatangka na amyendahan ang naturang mga probisyon sa pamamagitan ng people's initiative or constituent assembly. Anila, ang mga tangkang ito ay "di kinakailangan, mapanghati, magastos, at nakatuon pangunahin sa pagpapanatili sa pwesto ng mga nasa poder."

Sa halip na atupagin ang chacha, nanawagan ang mga grupo at indibidwal na pagtuunan ng mga nasa pwesto ang pagtataas ng sahod at kita, pagpapababa ng presyo ng mga bilingin at batayang yutiliti, pag-aayos ng mga serbisyong panlipunan, pagsugpo ng korapsyon at red tape, pagtataguyod sa mga karapatang-tao, hustisya at kapayapaan, pagtatanggol sa soberanya sa West Philippine Sea, pangangalaga sa kalikasan at pagtitiyak ng malinis at kapanipaniwalang eleksyon.

Idineklara ng mga grupo ang planong isasagawa ang malawak na kampanya ng impormasyon at edukasyon, ipagpatuloy ang pagbawi ng mga pirma ng mga nalinlang ng huwad na people's initiative na pinasimulan ng mga kongresista, magsagawa ng mga protesta at magsampa ng kinaukulang mga kaso.

Dumalo sa pagtitipon ang mga pambansa-demokratikong organisasyon, mga kongresista ng blokeng Makabayan, mga myembro ng 1Sambayan, mga dating upisyal ng gubyrerno, mga taong-simbahan, grupong estudyante, guro, iba

pang grupo sa paggawa at marami pang iba. Naroon din sina Justice Antonio Carpio, Commissioner Rene Sarmiento, Bishop Gerardo A. Alminaza, Atty. Neri Colmenares, Sr. Mary John Mananzan, dating DSWD Sec. Judy Taguiwalo at marami pang iba.

Pinangasiwaan nina Teddy Casino, presidente ng Bagong Alyansang Makabayan at Atty. Howard Calleja ng 1Sambayan ang press conference.

Kabilang sa mga pumirma sa deklarasyon laban sa chacha ang dating senador na si Kiko Pangilinan, Atty. Lutgardo Barbo ng PDP Laban at ng upisina ni Sen. Koko Pimentel, Fr. Daniel Franklin Pilario, presidente ng Adamson University, Dr. Noel Leyco, dating presidente ng Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, at si Diwa Guinigundo, dating deputy governor ng Bangko Sentral ng Pilipinas.

Samantala, kabi-kabilang protesta ang inilunsad ng iba't ibang grupong pambansa-demokratiko sa Metro Manila para tutulan ang cha-cha nitong nakaraang linggo. Sa araw ng mga puso, nagmartsa tungong Mendiola ang mga grupong magsasaka at kababaihan laban sa Rice Liberalization Law. Panawagan nila: pagkain, hindi cha-cha. Kasabay nito, naglunsad naman ng pagkilos ang mga manggagawa sa harap ng Senado, kasabay ng pagdinig sa panukalang P100 dagdag-sahod na inihain sa kapulungan. Sigaw nila: sahod, hindi chacha.

[English Translation]

Broad anti-chacha network, to protest on the 38th anniversary of EDSA Uprising

Pebrero 16, 2024

Organizations and individuals under the No to Chacha Network gathered yesterday, February 15, to announce its plan to hold a big rally on the 38th anniversary of the EDSA Uprising on February 24. They urged the Filipino people to launch actions anywhere in the Philippines on February 24. In Manila, groups and individuals will gather in front of the EDSA Shrine.

“Thirty-eight years passed when the people’s struggle for freedom, justice and democracy culminated in the 4-day EDSA uprising that ousted the corrupt and brutal Marcos dictatorship,” opened the network’s statement People’s Unity to Defeat Chacha. The network says one of the victories of this uprising was the 1987 Constitution, which banned political dynasties, set term limits for officials and other guarantees for “checks and balances” in the state. It also specified provisions to ensure that the economy, land, natural resources and key educational and cultural institutions remain in the hands of Filipinos.

Thus, they are opposed to attempts to amend such provisions through people’s initiative or constituent assembly. They said, these attempts are “unnecessary, divisive, costly, and focused mainly on keeping those in power in place.”

Instead of working for chacha, the groups and individuals called for officials to focus on raising wages and income, lowering the price of goods and basic utilities, organizing social services, curbing corruption and red tape, promoting human rights, justice and peace, defending sovereignty in the West Philippine Sea, protecting the environment and ensuring clean and credible elections.

The groups declared plans to carry out extensive information and education campaigns, continue to take back the signatures of those deceived by the bogus people's initiative initiated by congressmen, hold protests and file relevant cases.

National-democratic organizations, Makabayan bloc congressmen, 1Sambayan members, former government officials, church people, student groups, teachers, other labor groups and many others attended the gathering. Justice Antonio Carpio, Commissioner Rene Sarmiento, Bishop Gerardo A. Alminaza, Atty. Neri Colmenares, Sr. Mary John Mananzan, former DSWD Sec. Judy Taguiwalo and many others were also there.

The press conference was supervised by Teddy Casiño, president of the Bagong Alyansang Makabayan and Atty. Howard Calleja of 1Sambayan.

Among those who signed the declaration against chacha are former senator Kiko Pangilinan, Atty. Lutgardo Barbo of PDP Laban and the office of Sen. Koko Pimentel, Fr. Daniel Franklin Pilaro, president of the Adamson University, Dr. Noel

Leyco, former president of the Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, and Diwa Guinigundo, former deputy governor of the Central Bank of the Philippines.

Meanwhile, various national-democratic groups launched protests in Metro Manila to oppose chacha this past week. On Valentine's Day, farmers and women's groups marched to Mendiola against the Rice Liberalization Law. Their call: food, not cha-cha. workers also launched an action before the Senate, in time with the hearing on the ₱100 wage increase bill filed before the assembly. They demand: higher wages and salary, not chacha.

Mga unyon ng guro sa National Capital Region, kumilos para sa dagdag-sweldo

Pebrero 16, 2024

Iba't ibang porma ng sama-samang pagkilos ang tuluy-tuloy na inilulunsad ng mga samahan at unyon ng mga guro sa National Capital Region (NCR) para ipanawagan ang pagtataas ng kanilang buwanang sweldo. Sinimulan nila ang pagkilos noong Pebrero 14, araw ng mga puso, at nagtuluy-tuloy hanggang ngayong araw sa pangunguna ng Alliance of Concerned Teachers (ACT)-NCR Union.

Kabilang sa kanilang mga aktibidad ang pagsasabit ng mga tarpolin, noise barrage, pagsayaw bilang protesta, piket, at iba pang malikhaing porma sa kani-kanilng eskwelahan sa

Quezon City, Pasig City, Caloocan City, Muntinlupa, Navotas City, Parañaque City, Las Piñas City, Taguig City, Marikina City at Manila City.

“Sa araw ng mga puso, hindi lamang namin (ipinahayag) ang pagmamahal namin sa pagtuturo kundi igigiit din ang karapat-dapat na pagkalinga at pagmamahal na dapat ipakita ng gubyerno sa aming mga guro,” pahayag ni Teacher Ruby Bernardo, ACT NCR Union President. Aniya, wasak na wasak ang kanilang puso sa pagpasok pa lamang ng 2024 dahil paulit-ulit silang binibigo ng estado sa usapin ng dagdag sweldo at benepisyo.

Pagdidiin ni Bernardo, malinaw ang karaingan ng mga guro para sa ₱50,000 entry-level salary na tutugma sa pangangailan ng kani-kanilang mga pamilya. Labis din umano silang dismayado dahil sa taun-taong pagkaantala ng kanilang mga benepisyo tulad ng Performance-Based Bonus at pagbabawas sa bilang ng araw ng kanilang bakasyon.

“Mabigat din sa loob namin ang lumalalang krisis sa pagkatuto dahil sa hindi sapat na pondo sa edukasyon. Kami at ang mga bata ang direktang apektado sa kakulangan sa silid-aralan, mga pasilidad, mga guro, kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto, at maging sa education support personnel,” dagdag ni Bernardo.

Anang mga guro, malaki ang pananagutan ng rehimeng Marcos at ni Sara Duterte, kalihim ng Department of Education (DepEd), sa mga

kabiguan at kakulangang ito. Anila, imbes na pondohan at gastusan ang walang katuturang charter-change, dapat ilaan na lamang ang pera ng taumbayan sa pagtataas ng sweldo at mga benepisyo para sa guro.

Kasalukuyan ding nakikipagnegosasyon ang ACT NCR Union sa DepEd NCR para sa kanilang Collective Negotiating Agreement (CNA). Iginigiit ng unyon sa negosasyon ang mga benepisyo sa kalusugan, mga pasilidad sa eskwelahan at iba pa. Ang ACT NCR Union ang Sole and Exclusive Negotiating Agent o natatanging kinatawan ng mga guro sa buong NCR sa pakikipagnegosasyon para sa kanilang mga karapatan at benepisyo.

Samantala, inihain ni ACT Teachers Partylist Rep. France Castro at ng Makabayan Bloc sa House of Representatives noong Pebrero 13 ang panukalang batas na naglalayong taasan ang sahod ng mga guro tungong ₱50,000.

[English Translation]

Teachers unions in the National Capital Region push for salary increases

Pebrero 16, 2024

Teachers' associations and unions in the National Capital Region under the leadership of the Alliance of Concerned Teachers (ACT)-NCR Union have been launching various forms of collective action to call for an increase in their monthly salaries since February 14, Valentine's day, up to today.

Their activities include hanging tarpaulins, holding noise barrages, dance protests, picketing, and other creative forms in their respective schools in Quezon City, Pasig City, Caloocan City, Muntinlupa, Navotas City, Parañaque City, Las Piñas City, Taguig City, Marikina City and Manila City.

“On Valentine’s day, we not only (express) our love for teaching but also demand on the just care and love that the government should show us teachers,” said Teacher Ruby Bernardo, ACT NCR Union President. She said their hearts are completely broken at the start of 2024 because the state has repeatedly failed in increasing their salaries and benefits.

Bernardo said that teachers demand ₱50,000 entry-level salary to meet the needs of their respective families. They are also disappointed as their benefits such as Performance-Based Bonus are always delayed and their vacation days are reduced.

“We are also burdened by the worsening learning crisis due to inadequate education funding. We and the children are directly affected by the lack of classrooms, facilities, teachers, teaching and learning equipment, and even education support personnel,” added Bernardo.

Teachers say that the Marcos regime and Sara Duterte, Department of Education (DepEd) secretary, are largely responsible for these failures and deficiencies. Instead of funding and squandering (funds) for the useless charter

change, the people's money should instead be allocated to raising salaries and benefits for teachers, they said.

ACT NCR Union is also currently negotiating with DepEd NCR for their Collective Negotiating Agreement (CNA). The union is demanding for health benefits, school facilities and more in the negotiations. ACT NCR Union is the Sole and Exclusive Negotiating Agent or exclusive representative of teachers throughout the NCR in negotiating for their rights and benefits.

Meanwhile, ACT Teachers Partylist Rep. France Castro and the Makabayan Bloc in the House of Representatives on February 13 filed the bill that aims to increase the salary of teachers to ₱50,000.

Sayaw-protesta laban sa abuso at karahasan sa kababaihan, inilunsad

Pebrero 17, 2024

Inilunsad ng mga grupo at organisasyon sa iba't ibang panig ng bansa noong Pebrero 14 ang taunang sayaw-protesta na One Billion Rising (OBR) na kampanya laban sa abuso at karahasan sa kababaihan. Ang OBR ay isang pandaigdigang kampanya na naglalayong labanan at wakasan ang anumang uri ng pagsasamantala, pang-aabuso, at panggigipit sa mga bata, kababaihan, at LGBTQIA+.

Pinangunahan ng grupong Gabriela, pambansang alyansa ng mga kababaihan, ang pangunahing aktibidad ng OBR sa Pilipinas na isinagawa sa

University of the Philippines (UP)-Diliman. Uminog ang kanilang aktibidad sa temang “Rise for Freedom-Be The New World.”

Tinalakay sa pagtitipon ang mga isyung kinakaharap ng kababaihan. Binigyang pugay din sa programa ang natatanging mga kababaihan na nag-alay ng lakas at talino para sa pagsusulong ng paglaya at kagalingan ng kababaihan at bayan.

Ayon pa sa mga grupo, malinaw na hindi hiwalay ang laban ng kababaihan sa laban ng mga pinakapinagsasamantalahan sa lipunan sapagkat nakaugat sa parehong mga suliraning hinaharap ng sambayanan ang kanilang nararanasan. Kabilang sa mga isyung ito, anila, ang karapatan ng mga magsasaka sa tunay na reporma sa lupa, at ang karapatan ng manggagawa sa regular na trabaho, ligtas na lugar-paggawa, at nakabubuhay na sahod.

Pinatampok din nila sa aktibidad ang pagtutol ng kababaihang Pilipino sa charter change ng rehimeng Marcos. Nanawagan din sila ng pagwawakas sa henodisyo sa mga Palestino ng Zionistang Israel kung saan libu-libong kababaihan, mga bata at buntis ang pinaslang.

Nagsagawa rin ng mural painting ang mga myembro ng Tambisan sa Sining at ibang mga indibidwal at grupong nakikiisa sa kampanyang OBR sa loob ng kampus ng UP-Diliman. Isinagawa rin ang mga aktibidad ng OBR sa iba’t ibang ahensya ng guberno, pamantasan at unibersidad at iba pang mga institusyon sa bansa.

[English Translation]

Dance-protest against abuse and violence on women, launched

Pebrero 17, 2024

Groups and organizations nationwide launched on February 14 the annual dance-protest One Billion Rising (OBR) campaign against abuse and violence on women. The OBR is a global campaign that aims to combat and end all forms of exploitation, abuse, and harassment of children, women, and LGBTQIA+.

Gabriela, a national women's alliance, led the main OBR activity in the Philippines held at the University of the Philippines (UP)-Diliman. Their activity revolved around the theme "Rise for Freedom-Be The New World."

Issues faced by women were discussed in the gathering. The program also paid tribute to outstanding women who have dedicated their strength and talent to promoting the liberation and well-being of women and the people.

According to the groups, it is clear that the fight of women is not separate from the fight of the most exploited in society because what they are experiencing is rooted in the same problems facing the people. Among these issues, they said, are the right of farmers to genuine land reform, and the right of workers for regular work, safe workplaces, and living wages.

They also highlighted in the activity the opposition of Filipino women against the Marcos regime's charter change. They also called for an end to Zionist Israel's genocide of Palestinians which murdered thousands of women, children and pregnant women.

Members of Tambisan sa Sining and other individuals and groups who are in solidarity with the OBR campaign also did a mural painting inside the UP-Diliman campus. OBR activities were also carried out in various government agencies, universities and other institutions in the country.

Martsa ng kabataan kontra “chacha,” inilunsad sa Maynila

Pebrero 17, 2024

Nagmartsa ang mga kabataan at estudyante ng University Belt, sa pangunguna ng ONE U-BELT, sa Maynila noong Pebrero 16 para ipahayag ang pagtutol sa komersyalisasyon ng edukasyon at paglaban sa makadayuhang charter change o “chacha” ng rehimeng Marcos. Nagtipun-tipon ang mga grupong pambansa-demokratiko ng mga kabataan sa University of Sto. Tomas sa España at nagmartsa tungo sa kampus ng Far Eastern University sa Morayta.

Giit ng mga grupo, kung maisasagasa ng rehimeng Marcos ang “chacha” ay ibayo nitong patitindihin ang komersyalisado nang tipo ng edukasyon sa bansa dahil pahihintulutan nito ang buu-buong pag-aari ng dayuhan sa pagpapatakbo ng edukasyon. Mangangahulugan umano ito ng

pagtaas ng matrikula, kakulangan ng mga pasilidad, at pagsupil sa pang-akademikong kalayaan ng mga estudyante.

“Banta ng Charter Change ng rehimeng Marcos ang gawing palaruan ang ating bansa para sa mga naglalakihang dayuhang korporasyon upang gawing komersyalisado at pribatisado ang serbisyo sa mamamayan, lalo na ang edukasyon,” pahayag ng Anakbayan-Morayta. Giit pa ng grupo, patunay ito na hindi nagsisilbi sa mamamayan ang pakanang “chacha” ni Marcos.

[English Translation]

Youth march against “chacha” in Manila

Pebrero 17, 2024

Youth and students in the university belt, led by ONE U-BELT, marched in Manila on February 16 to express opposition to the commercialization of education and resistance against the Marcos regime’s foreign-oriented charter change or “chacha”. National-democratic youth groups gathered at the University of Santo Tomas in España and marched to the Far Eastern University campus in Morayta.

The groups demand that once the Marcos regime railroads “chacha”, it will intensify the commercialization of education in the country because it will allow full foreign ownership of educational institutions. This will mean an increase in tuition, lack of facilities, and suppression of students’ academic freedom.

“The Marcos regime’s charter change threatens to turn our country into a playground for large foreign corporations to commercialize and privatize services to the people, particularly education,” Anakbayan-Morayta said. The group insists, this is proof that Marcos’ “chacha” scheme does not serve the people.

Mga drayber ng Lalamove, nagpiket sa Parañaque City

Pebrero 17, 2024

Nagsagawa ng “Black Valentine”s Day Protest’ ang mga drayber ng Lalamove, isang kumpanya na gumagawa ng mga deliberi, noong Pebrero 14 sa harap ng upisina ng kumpanya sa PITX, Tambo, Parañaque City. Ipinahayag nila ang kanilang hinaing kaugnay ng mapagsamantalang delivery rate (bahagdan na nakukuha nila kada deliberi), mga patakaran nito at iba pang hindi patas na mga kasunduan sa pagitan nila at ng kumpanya.

Sa ulat ng Manila Today, sinabi nitong umaabot lamang sa ₱49 ang minimum na natatanggap kada deliberi ng mga drayber, labis na malayo sa ₱80 kada deliberi na kinikita nila noong 2016.

Mayroon pang kinakaltas na 20% commission ang Lalamove kada deliberi habang ang maintenance ng mga yunit ay pasan-pasan ng mga indibidwal na drayber.

Ang Lalamove Philippines ay mayroong mga operasyon sa Metro Manila, Southern Luzon, Cebu at Pampanga. Pag-aari ito ng kumpanyang itinatag ni Shing Chow Shing-yuk sa Hong Kong noong

Disyembre 2013. Ayon sa impormasyon ng kumpanya, mayroong itong hindi bababa sa 700,000 drayber at 1,400 empleyado sa buong mundo. Mayroon itong mga operasyon sa Asia at Latin America.

Malaon nang iginigiit ng mga grupo sa paggawa sa bansa, at maging sa mundo, na kilalanin ang mga drayber o tinatawag din na “gig o platform workers” bilang empleyado ng mga katulad na kumpanya, at gayon ay dapat gawing regular na manggagawa.

[English Translation]

Lalamove drivers picket in Paranaque City

Pebrero 17, 2024

Drivers of Lalamove, a delivery company, staged a “Black Valentine’s Day Protest” on February 14 before the company’s office in PITX, Tambo, Paranaque City. They expressed grievances regarding the exploitative delivery rate (percentage they get per delivery), its policies and other unfair agreements between them and the company.

In a Manila Today report, drivers receive a minimum of only ₱49 per delivery, a far cry from the ₱80 per delivery they earned in 2016. Lalamove even deducts a 20% commission per delivery while individual drivers bear the maintenance cost of the units.

Lalamove Philippines has operations in Metro Manila, Southern Luzon, Cebu and Pampanga. The company was founded by its current owner Shing Chow Shing-yuk in Hong Kong in December 2013. According to company information, it has at least 700,000 drivers and 1,400 employees worldwide. It has operations in Asia and Latin America.

Labor groups in the country, and even abroad, have long demanded that drivers or “gig or platform workers” be recognized as employees of similar companies, and be employed as regular workers.

Paniniktik at panggigipit ng militar sa dalawang organisador sa Bicol, kinundena

Pebrero 17, 2024

Kinundena ng Kilusang Magbubukid ng Bicol (KMB) at Defend Bicol Stop the Attacks Network (Defend Bicol) ang paniniktik at panggigipit ng mga sundalo ng 9th ID sa isang manggagawang pangkaunlaran at organisador ng magsasaka sa rehiyon.

Pinaghahanap at nangalap ng impormasyon ang mga sundalo sa mga komunidad sa ikatlong distrito ng Albay sa kinaroroonan nina Administrative Officer Maggie Seva at istap na si Fidel Mirando ng Farmer’s Assistance for Resource Management, Education and Rehabilitation Incorporated (FARMER Inc). Ipinailalim sa iligal na interogasyon ang mga kaanak ng dalawa.

Ayon sa FARMER Inc, simula Pebrero 1 hanggang Pebrero 15 ay nakaranas ng pinatinding harasment at pananakot ang pamilya nina Seva at Mirando mula sa mga elemento ng 9th ID.

Noong Pebrero 15, dalawang lalaki ang nagpunta sa bahay ng kapatid ni Seva sa Barangay Zone 1, Libon, Albay. Nagpakilala umano ang dalawa bilang sina Sgt. Jason Gevero mula sa Camp Simeon Ola, Legazpi City at Angel Mendosa na nagpakilalang alyas “Lakay” mula sa Paniqui, Tarlac. Ipinailalim sa interogasyon ang kapatid ni Seva.

Noon namang Pebrero 8, dalawang lalaki ang nagpunta sa bahay ng kapatid ni Mirando sa Barangay Agos, Polangui, Albay. Nagpanggap pang kapitbahay ni Seva ang isang lalaking nagpunta sa bahay. Sa paglalarawan ng mga kaanak, malalaki ang pangangatawan nito at matatangkad. Kumuha pa umano ng mga larawan ang mga lalaki sa kanilang bahay at sa daanan sa harap nito.

Naitala ng Karapatan-Bicol ang mga kaso ng pananakot, panggigipit at intimidasyon sa mga “pagbisita” nito sa upisina ng FARMER Inc sa Sityo Bololo Barangay Zone 5 sa Libon, Albay, at sa bahay nina Seva at Mirando simula pa noong nakaraang taon.

Sina Seva at Mirando ay parehong nanguna sa mga kampanya para sa karapatan sa lupa, pagkain at hustisya para sa mga magsasaka. Nakatuwang din ng mga magsasaka ang FARMERS Inc sa pamamahagi ng mga binhi at iba pang farm input

para makaagapay sa kanilang pagsasaka. Si Mirando ay organisador ng Samahan at Unyon ng mga Mangagawang Bukid sa Kabikolan (SUMABAK).

[English Translation]

Military surveillance and intimidation on two organizers in Bicol, condemned

Pebrero 17, 2024

The Kilusang Magbubukid ng Bicol (KMB) and Defend Bicol Stop the Attacks Network (Defend Bicol) condemned soldiers of the 9th ID for surveillance and harassment of a development worker and a farmer organizer in the region.

The soldiers searched and gathered information in the communities in the third district of Albay where Administrative Officer Maggie Seva and staff member Fidel Mirando of Farmer's Assistance for Resource Management, Education and Rehabilitation Incorporated (FARMER Inc) were. The relatives of the two were subjected to illegal interrogation.

According to FARMER Inc, from February 1 to February 15, the family of Seva and Mirando experienced intensified harassment and intimidation from elements of the 9th ID.

On February 15, two men went to Seva's brother's house in Barangay Zone 1, Libon, Albay. The two introduced themselves as Sgt. Jason Gevero from Camp Simeon Ola, Legazpi City and Angel

Mendoza who identified himself as “Lakay” from Paniqui, Tarlac. Seva’s brother was interrogated.

On February 8, two men went to the house of Mirando’s brother in Barangay Agos, Polangui, Albay. A man who went to the house even pretended to be Seva’s neighbor. According to relatives, the men were stocky and tall. The men even took pictures of their house and the facing road.

Karapatan-Bicol recorded cases of threats, harassment and intimidation by the military during its “visits” to the FARMER Inc office in Sityo Bololo Barangay Zone 5 in Libon, Albay, and to the homes of Seva and Mirando since last year.

Seva and Mirando both led campaigns for land rights, food and justice for farmers. Farmers also joined FARMERS Inc in the distribution of seeds and other farm inputs to support their farming. Mirando is an organizer of the Samahan at Unyon ng mga Mangagawang Bukid sa Kabikolan (SUMABAK).

King-king Mining sa Davao de Oro, minamadaling buksan ng mga Villar

Pebrero 19, 2024

Aktibong naghahanap ng mga “dayuhang kasosyo” ang dinastiyang Villar para buksan ang King-king Copper-Gold Project, isang minahan sa Davao de Oro, ang prubinsyang idineklarang mapanganib sa pagmimina at bulnerable sa pagguho ng lupa. Nitong Pebrero lamang, lampas 100 ang napatay

nang gumuho ang lupa sa Masara, Maco dulot ng matagal at masaklaw na pagmimina ng Apex Mining Corporation Inc. sa lugar.

Kasalukuyang pinatatakbo ng mga Villar ang St. Augustine Gold and Copper Ltd. (SAGCL), na siya ngayong may hawak ng titulo at lisensya para minahin ang King-king tenements sa Pantukan, Davao de Oro (dating Compostela Valley). Pangalawang pinakamalaking proyekto ito ng pagmimina, kasunod lamang sa Tampakan Gold Mining Project sa Far South Mindanao. Matagal at madugo ang kasaysayan ng mga paglaban ng mamamayang Lumad at mga grupong makakalikahan laban sa parehong proyekto.

Pinaglalawayan ng mga Villar ang tinatayang produksyon ng mina na 3.1 bilyong libra ng tanso (copper), 5 milyong onse ng ginto at ipinapalagay na 10 milyong onse ng pilak (silver). Inilulusot nito ang mapanganib, mapaminsala at maruming operasyon ng pagmimina ng copper ng isasagawa sa paraang open-pit bilang “tugon sa climate change.” Malaki ang demand sa tansong mamimina rito para sa pagmanupaktura ng electric battery para sa mga sasakyan patatakbuhan ng kuryente.

Tiyak na abuso at mga sakuna

Mula’t sapul, tinutulan na ng mga residente, Lumad, mga grupong makakalikahan at para sa karapatang-tao ang pagmimina ng noo’y Nadecon at St. Augustine sa Pantukan. Ayon sa Panalipdan-Southern Mindanao, banta ang proyektong pagmimina sa ekolohiya, mga komunidad, buhay

at kabuhayan ng mga residente sa lugar. Hindi pa man ito nagsisimulang gumana, mahaba na ang rekord nito sa pamamaslang, pang-aaresto at pagpapalayas sa tangkang supilin ang pagtutol sa pagbubukas ng mina.

Sinasabing “natuklasan” ng Nationwide Development Corporation (NADECOR) ang potensyal na mineral sa King-king noon pang 1966. Sa pagitan nito hanggang 1997, nagmina sa lugar ang Mitsubishi Corporation (Japan), ang Benguet Corporation, and Echo Bay Mining (Canada). Noong 2009, napasakamay ng Russell Mining and Minerals, Inc. (RMMI), isang kumpanyang Amerikano na noo’y may-ari rin ng SAGCL, ang karapatan, titulo at interes para ituloy ang pagmimina sa King-king.

Noong 2011, iginawad ng RMMI sa subsidyaryo nitong St. Augustine Gold and Copper Limited ang buong proyekto, at inirehistro ang kumpanya sa Canada. Binili ng dinastiyang Villar ang mga sapi ng kumpanya na kalauna’y napasakamay nila. Sa ilalim ng mga Villar, pasasaklawin pa ang operasyon ng mina nang dagdag na 1,656 ektaryang lupang ninuno ng mga Mansaka sa prubinsya.

Noong 2016, sisimulan na sana ang operasyon ng mina, pero nabalam ito nang ipagbawal ng noo’y kalihim ng DENR na si Gina Lopez ang open-pit mining sa buong bansa. Sinalubong ng mawalak na pagtutol ang pagbubukas nito matapos sipain si Lopez sa DENR at pinabwelo ng rehimeng Duterte ang pagmimina sa lahat ng bahagi ng Pilipinas.

Ginantihan ang kontra-minang kilusang ito ng walang kapantay na karahasan ng estado.

Noong 2016, pinatay ng mga sundalong tagapagtanggol ng mga interes ng mina (noo'y 46th IB) si Teresita Navacilla, 60-taong gulang. Myembro si Navacilla ng Save Pantukan Movement, isang network ng mga Lumad sa Compostela Valley, na nakikibaka laban sa pang-aagaw ng Nadecor at St. Augustine sa kanilang lupang ninuno. Isa siya sa mga lider na namuno sa paglaban sa pagpasok ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina sa lugar at para sa mas mahihigpit na batas sa pagmimina, laluna sa kaso ng King-king Mining.

Tinukoy ng Save Pantukan Movement ang pinsalang idudulot ng malakihang pagmimina sa kagubatan ng Compostela Valley. Ayon sa isang pag-aaral noong 2013 (Technical Report and Preliminary Feasibility Study of M3 Engineering & Technology), pipinsalain ng pagmimina ng SAGCL ang 12 “bulnerable o critically endangered” o nanganganib na mga halaman (at puno), 74 species o mga uri ng ibon, 17 species ng mga mammal, 10 species ng mga reptile, na nabubuhay sa lugar. Malaki rin ang mga pinsala ng pagmimiba sa ekosistema sa baybayin at katubigan na aabutin ng mga basura sa pagmimina. Kabilang sa mga dumadayo sa malapit na karagatan ang mga dugong at pagong sa dagat na itinuturing ding endangered.

Villars rush to open King-king Mining in Davao de Oro

Pebrero 19, 2024

The Villar oligarchs are actively seeking “foreign partners” to open the King-king Copper-Gold Project, a mining site in Davao de Oro, a province declared dangerous for mining and vulnerable to landslides. This February alone, over 100 were killed when the ground collapsed in Masara, Maco caused by Apex Mining Corporation Inc.’s long and extensive mining in the area.

The Villars currently run the St. Augustine Gold and Copper Ltd. (SAGCL) which now holds the title and license to mine the King-king tenements in Pantukan, Davao de Oro (formerly Compostela Valley). This is the second largest mining project, next only to the Tampakan Gold Mining Project in Far South Mindanao. The Lumad people and environmental groups have a long and bloody history of resistance against the same project.

The Villars drool over the mine’s estimated production of 3.1 billion pounds of copper, 5 million ounces of gold and an estimated 10 million ounces of silver. They use “climate change response” to hide the dangerous, harmful and dirty open-pit copper mining operations. There is great demand for copper mined here for the manufacture of electric batteries for electric vehicles.

Certain abuse and disasters

Residents, Lumads, environmental and human rights groups have historically opposed mining operations once under the then Nadecor and St. Augustine in Pantukan. Panalipdan-Southern Mindanao says the mining project threatens the ecology, communities, lives and livelihoods of residents in the area. Even before operations began, it already chalked up a long record of killings, arrests and evictions in an attempt to suppress opposition to the opening of the mine.

Nationwide Development Corporation (NADECOR) claims to have “discovered” mineral potential in King-king as early as 1966. Between then and 1997, Mitsubishi Corporation (Japan), Benguet Corporation, and Echo Bay Mining (Canada) mined in the area. In 2009, Russell Mining and Minerals, Inc. (RMMI), an American company that then owned SAGCL, acquired the right, title and interest to pursue mining in King-king.

In 2011, RMMI awarded the entire project to its subsidiary St. Augustine Gold and Copper Limited, and registered the company in Canada. The Villars bought the shares of the company which they later acquired. Under the Villars, the mine operation will further expand to cover an additional 1,656 hectares of Mansaka ancestral land in the province.

In 2016, the supposed onset of mining operations was blocked when then DENR secretary Gina Lopez banned open-pit mining nationwide. Its opening was met with widespread opposition after Lopez was fired from the DENR and the Duterte regime unleashed mining in all parts of the

Philippines. The anti-mining movement was met with unprecedented state violence.

The same year, soldiers (then 46th IB) defending mining interests murdered 60-year-old Teresita Navacilla. Navacilla is a member of the Save Pantukan Movement, a network of Lumads in Compostela Valley struggling against Nadercor and St. Augustine's seizure of their ancestral land. She was one of the leaders who led the fight against the entry of foreign mining companies in the area and for stricter mining laws, especially in the case of King-king Mining.

The Save Pantukan Movement enumerated the damage that large-scale mining will cause the forests of Compostela Valley. According to a 2013 study (Technical Report and Preliminary Feasibility Study of M3 Engineering & Technology), SAGCL's mining will destroy 12 "vulnerable or critically endangered" plants (and trees), 74 species or types of birds, 17 species of mammals, 10 species of reptiles, all thriving in the area. The mining waste's damage to coastal and aquatic ecosystems is also significant. Among those migrating to the nearby ocean are dugongs and sea turtles, which are also considered endangered.

Espesyal na operasyon malapit sa sentrong bayan, inilunsad ng BHB-Northern Negros

Pebrero 20, 2024

Nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Negros ang isang ripleng .22 at 44 na bala nito, isang pistolang .357 at mga bala mula sa isang kontra-rebolusyonaryong kriminal na kanilang pinarusahan noong Pebrero 13 sa Toboso, Negros Occidental.

Ang mga armas, pati na dalawang selpon at mga papeles ay nasamsam mula kay Allan Macasling, na malaon nang inirereklamo ng mga residente sa mga kaso ng pamamaril, pang-aagaw ng lupa at iba pang krimen. Isinagawa ang pagparusa sa Sityo Banquerohan, Barangay Salamanca sa naturang bayan.

“Malaki ang naging tulong ng masa sa pagpapatupad ng operasyon sa eksteryor na bahagi ng larangang gerilya, malapit sa nasyunal haywey, malapit sa baybay at malapit sa sentro ng bayan,” ayon kay Ka Cecil Estrella, tagapagsalita ng BHB-Northern Negros.

Labis ang naging tulong ng mga residente dahil nais nilang makamtan ang hustisya sa grabeng mga pag-abuso at pandarahas na idinulot niya sa kanila at kanilang kabuhayan.

Samantala, inilinaw ni Ka Cecil na walang kinalaman ang kanilang armadong aksyon sa usapin ng rebolusyonaryong pagbubuwis dahil isang negosyante si Macasling. Nanawagan din siya sa iba pang mga kontra-rebolusyonaryo na itigil na ang kanilang aktibidad at wakasan ang kanilang kontra-mamamayang mga gawi.

[English Translation]

NPA-Northern Negros launches special operations near town center

Pebrero 20, 2024

Red fighters of the New People's Army (NPA)-Northern Negros confiscated a .22 rifle and 44 bullets, a .357 pistol and its ammunition from a counter-revolutionary criminal meted punishment last February 13 in Toboso, Negros Occidental.

The weapons, as well as two cell phones and documents were seized from Allan Macasling, who has long been accused by residents for shooting, land grabbing and other crimes. The punishment was carried out in Sitio Banquerohan, Barangay Salamanca in said town.

“The masses greatly helped in the implementation of the operation in the exterior part of the guerrilla front, near the national highway, near the coast and near the town center,” according to Ka Cecil Estrella, spokesperson of the NPA-Northern Negros.

The residents were very helpful because they wanted to get justice for the severe abuses and violence Macasling caused them and their livelihood.

Meanwhile, Ka Cecil clarified that their armed action had nothing to do with the issue of revolutionary taxation just because Macasling was a businessman. He also called on other counter-

revolutionaries to stop their activities and end their anti-people practices.

Panghihimasok at pagrerekut ng AFP sa University of San Carlos, kinundena

Pebrero 20, 2024

Kinundena ng mga organisasyon sa Cebu ang panghihimasok at pagrerekut ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kampus ng University of San Carlos (USC) noong Pebrero 17. Ayon sa ulat ng mga estudyante, isinagawa ang “recruitment” sa isang klase kung saan ipinagyabang ng AFP ang “magagandang aktibidad” at “patriyotismo” nito.

Dismayado ang Student Alliance for Nationalism and Democracy (STAND)-USC sa pagpapahintulot ng administrasyon ng unibersidad na pumasok ang AFP sa kampus nito. Anang grupo, katumbas ito ng militarisasyon sa kampus at naghahatid ng labis na pangamba sa mga estudyante laluna at lantad na lantad ang pasista at duguang rekord ng AFP sa mga paglabag sa karapatang-tao.

“Pinahintulutan ito gayong hindi pa tinutugunan ng administrasyon ang katanungan ng mga etudyante hinggil sa tumitinding presensya ng armadong pulis sa loob ng unibersidad sa nagdaang mga buwan,” pahayag ng STAND-USC. Iginiit nila sa administrasyon na magsalita kaugnay ng naturang isyu at ipaliwanag ang pakikipagmabutihan nito sa pulis at militar at pagpapapasok sa dapat ay ligtas at payapang espasyo ng pagkatuto.

Samantala, binatikos ng League of Filipino Students (LFS)-Cebu ang aktibidad ng AFP at ang pagtatago nito sa bandila ng “patriyotismo” habang gumagawa ng karumal-dumal na mga krimen. Anang grupo, ang AFP ang pangunahing sangkot sa mga kaso ng pagpatay, pagdukot, pagaresto at patung-patong na mga krimen laban sa mga aktibista, progresibo at kritiko ng gubyrerno. Kabilang umano dito ang mga kaso ng pagdukot sa mga organisador na sina Dyan Gumanao at Armand Dayoha.

Wala din umano ni katiting na patriyotismo ang AFP at pulis ng Pilipinas dahil sa pagpapakatuta at pagsusunud-sunuran nito sa kumpas ng imperyalismong US. “Malinaw na ang AFP ay walang iba kundi isang mersenaryong pwera na kumikilos sa interes ng imperyalistang US at lokal na pasismo,” dagdag ng LFS-Cebu.

[English Translation]

Groups condemn AFP intrusion and recruitment at the University of San Carlos

Pebrero 20, 2024

Organizations in Cebu condemned the Armed Forces of the Philippines (AFP) for intrusion and recruitment at the University of San Carlos (USC) campus on February 17. Students report that the “recruitment” was carried out in a class where the AFP boasted of its “good activities” and “patriotism”.

The Student Alliance for Nationalism and Democracy (STAND)-USC is outraged at the university administration for allowing the AFP to enter its campus. The group says this amounts to militarization of the campus and terrorizes students given the barefaced fascist and bloody record of the AFP in human rights violations.

“This is allowed ... while the administration has yet to answer students’ queries on the increasing armed police presence in the university the past few months,” STAND-USC said. They demand the administration to speak on the issue and explain its collusion with the police and the military and allowing them to enter what should be safe and peaceful spaces of learning.

Meanwhile, the League of Filipino Students (LFS)-Cebu denounced AFP activities and for hiding itself under the banner of “patriotism” while committing heinous crimes. The group said the AFP is the primary perpetrator in cases of murder, abduction, arrests and multiple crimes against activists, progressives and critics of the government. These include the cases of abduction of organizers Dyan Gumanao and Armand Dayoha.

They added the AFP and Philippine police do not have the slightest bit of patriotism because of their puppetry and subservience to the command of US imperialism. “It is clear that the AFP is nothing more than a mercenary force working for the interests of US imperialism and domestic fascism,” LFS-Cebu added.

Panunupil at pagpapatahimik ng administrasyon ng UST sa isang pahayagan sa kampus, binatikos

Pebrero 20, 2024

Kabi-kabila ang pagbatikos ng mga demokratikong organisasyon at samahan ng mga mamamahayag sa lantarang panunupil at pagpapatahimik ng administrasyon ng University of Sto. Tomas (UST) sa Tomasino Web, isang online na organisasyon sa midya sa kampus. Inatasan ng Office of Student Affairs (OSA) ang naturang organisasyon na tanggalin ang isang larawang ipinaskil sa social media sa pagdadahilang iyon daw ay “public ridicule” (panghihiya o panunuya) sa UST.

Nilaman ng naturang larawan na ipinaskil sa social media noong Pebrero 15 ang mga estudyante ng College of Information and Computing Sciences (CICS)-UST na nakasuot ng kanilang unipormeng “Type B” habang nasa 7-Eleven, isang komersyal na tindahan. Mistulang nainsulto, pilit ipinatanggal kinabukasan ang mga larawan ng OSA, nang naging tampulan ng biruan dahil halos magkatulad ang uniporme ng mga estudyante sa uniporme ng mga empleyado ng naturang tindahan. Pinilit ng OSA na maglabas ang Tomasino Web ng pahayag ng “apology” (paghingi ng paumanhin).

Dulot nito, nagresayn bilang tagapayo ng Tomasino Web si Leo Laparan II, isang mamamahayag at instruktur sa kursong dyurnalismo sa UST, noong Pebrero 19. Aniya, ang pakikialam ng OSA at pagpapatahimik sa

pahayagan ay lantarang “censorship” at hindi niya kayang panindigan ang aksyong ito ng OSA.

Giit ni Laparan, isa itong insulto sa kanya bilang mamamahayag na dahilan ng kanyang pagresayn bilang tagapayo. “Prinessure niyo, pinilit niyo ipa-takedown, tapos may threat na ‘pag ‘di ginawa, puwedeng ma-sanction. Saan kami lulugar?” pahayag ni Laparan.

Bilang pagkundena, nagsagawa ng protesta at nagtirik ng kandila ang mga estudyante at organisasyon sa UST sa tarangkahan ng kampus sa bahaging P. Noval. Binatikos nila ang “media censorship” ng administrasyon. Nagpaabot din ng suporta ang iba’t ibang mga organisasyon sa Tomasino Web.

“Ang panibagong interbensyong ito ng administrasyon sa mga organisasyon at institusyon ng mga estudyante ay matagal nang ginagawa ng mga awtoridad ng Unibersidad sa tangkang supilin ang ating karapatan sa pampulitikang partisipasyon at pagpapahayag,” ayon sa League of Filipino Students-UST.

Pahayag naman ng UST Journalism Society, “ang censorship na ito sa mga mamamahayag pangkampus ay throwback sa lipas nang mga panahon ng kolonyal na paghahari at panunupil noong batas militar at walang kahit anong lugar sa UST.”

Giit naman ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP), hindi lamang ito porma ng censorship, kundi tahasang atake sa “integridad

ng pahayagang pangkampus at atake sa mga diskurso sa mga usapin sa kampus.” Dagdag pa ng CEGP, walang obligasyon ang mga publikasyon na humingi ng paumanhin sa mga ulat nito at kung paanong uunawain ito ng publiko. Nagpahayag din ng suporta ang National Union of Journalists of the Philippines sa Tomasino Web.

Kasalukuyang nakahinto ang lahat ng operasyon ng Tomasino Web dahil sa insidente.

[English Translation]

Groups denounce UST administration's suppression, silencing of campus newspaper

Pebrero 20, 2024

Democratic organizations and journalists' associations denounced the University of Sto. Tomas (UST) administration's blatant repression and silencing of the Tomasino Web, an online media organization on campus. The Office of Student Affairs (OSA) ordered the said organization to remove a photo posted on social media on the grounds that it was "public ridicule" at UST.

A photo posted on social media on February 15 shows students of the College of Information and Computing Sciences (CICS)-UST wearing their "Type B" uniforms while at 7-Eleven, a commercial store. Apparently insulted, OSA forced the photos to be deleted the next day, when it became the focus of jokes pointing to how the students' uniforms were similar to that of the

store's employees. OSA forced Tomasino Web to issue an "apology" statement.

As a result, Leo Laparan II, a journalist and a UST journalism course instructor, resigned as Tomasino Web's advisor on February 19. He said the OSA's interference and silencing of the newspaper was blatant "censorship" and he could not stand OSA's action.

Laparan insisted this is an insult to him as a journalist which is why he resigned as counselor. "You pressured us, you forced a takedown, then threatened us with a sanction. Where should we stand?" Laparan's statement.

In condemnation, UST students and organizations held a protest action and lit candles at the campus gate in the P. Noval section. They denounced the administration's "media censorship". Various organizations have also extended support to Tomasino Web.

"This recent intervention by the administration in student organizations and institutions has long been practiced by University authorities in attempting to suppress our right to political participation and expression," according to the League of Filipino Students-UST.

The UST Journalism Society said, "this censorship of campus journalists is a throwback to the past eras of colonial rule and martial law repression and has no place in UST."

The College Editors Guild of the Philippines (CEGP) insists, this is not only a form of

ensorship, but a blatant attack on the “integrity of the campus newspaper and an attack on discourses on campus matters.” CEGP added that publications are under no obligation to apologize for their reports and how the public will perceive them. The National Union of Journalists of the Philippines also expressed support for Tomasino Web.

All Tomasino Web operations are currently halted due to the incident.

Isang linggong pagsasanay pulitiko-militar ng BHB-Central Negros, isinagawa

Pebrero 20, 2024

Isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang nakapagtapos ng isang linggong pagsasanay ng Batayang Kurso sa Pulitiko-Militar noong Enero 20-27. Layunin ng aktibidad na armas ang mga Pulang mandirigma ng batayang mga prinsipyong pulitiko-militar para matapang na harapin ang estratehikong kampanyang kontra-rebolusyon ng rehimeng Marcos.

Naisagawa ng yunit ang pagsasanay sa gitna ng pinatinding operasyong militar sa larangang gerilya. Naging susi sa matagumpay at ligtas na pagtatapos ng pagsasanay ang mahigpit na koordinasyon at kooperasyon ng mga Pulang mandirigma at kumander, at ang walang humpay na suportang masa sa ekonomya, pinansya at pagtitiyak sa seguridad ng yunit.

Ayon kay Ka Monique, Pulang mandirigma na kalahok sa pagsasanay, “iba talaga kapag nakapagsanay ka dahil hindi ka matatakot sa pagharap sa mga kaaway laluna at bahagi ito ng sentral na tungkulin natin bilang hukbo.”

Nagsilbing inspirasyon din sa mga mandirigma ang mga rebolusyonaryong martir ng yunit na nag-alay ng kanilang buhay sa armadong pakikibaka, pagbabahagi nila. Bahagi din umano ang naturang pagsasanay sa pangingibabaw ng larangang gerilya sa mga kahinaan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon na nakababalaho sa komprehensibong pagsulong ng digmang bayan sa nasasakupang lugar.

Pahayag naman ni Ka Turko, makatutulong ang mga pagsasanay pulitiko-militar katulad nito para “iwasan ang lantay-militar o pagiging militarista... dahil dapat kung mahusay sa militar, dapat mahusay din sa pulitika. Siya ang tumatayong platun lider ng yunit at nagsilbing pangunahing instruktur sa pagsasanay.

Ang isang linggong pagsasanay ay ibinatay sa silabus ng mas mahabang kursong nagtatagal nang isang buwan. Pinaiksi ito bilang pag-angkop sa matagalang operasyong dumog ng mga armadong pwersa ng estado. Ilan sa mga pinag-aaralan sa kurso ang regular na ehersisyo sa umaga, batayang kumand sa pormasyon tulad ng drill, marching at manual of arms, at pormasyong pangkombat at mga maniobrang militar sa iba’t ibang senaryo ng labanan.

[English Translation]

NPA-Central Negros completes week-long politico-military training

Pebrero 20, 2024

A unit of the New People's Army (NPA)-Central Negros completed a week-long Political-Military Basic Course training last January 20-27. The activity aimed to arm Red fighters with basic political-military principles to bravely resist the strategic counter-revolutionary campaign of the Marcos regime.

The unit conducted the training amid intensified military operations in the guerilla front. Tight coordination and cooperation of the Red fighters and commanders, and the unwavering mass support for the economic, financial and security needs of the unit were key to the successful and safe completion of the exercise.

According to Ka Monique, a Red fighter participant, "it's really better when you train because you won't fear facing the enemy, especially considering that this is part of our central duty as an army."

The unit's revolutionary martyrs who sacrificed their lives in the armed struggle also served to inspire the fighters, they shared. The training also forms part of the guerrilla front's effort to overcome ideological, political and organizational weaknesses that hinder the comprehensive advancement of the people's war in their area of responsibility.

According to Ka Turko, political-military trainings like this helps “avoid a purely military mindset or being militaristic...because to be good militarily, is to be good at politics.” He is the platoon leader of the unit and served as primary training instructor.

The one-week training is based on the syllabus of a longer course lasting a month. It was shortened in order to accommodate the long-term siege operations of state armed troops. Some of the activities conducted in the course were regular morning exercises, basic formation commands such as drill, marching and manual of arms, and combat formation and military maneuvers in different battle scenarios.

Kawalang aksyon ng BFAR laban sa mga dayuhang poacher, binatangkos

Pebrero 20, 2024

Binatikos ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalalakaya) ang kawalang aksyon ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) sa litaw na litaw na mga kaso ng poaching o walang pahintulot na pangingsida ng dayuhang mga fishing vessel sa teritoryong pandagat ng bansa. Giit ng Pamalakaya, napakahigpit ng BFAR sa pagpapatupad ng batas sa mga lokal na mangingsida pero wala itong ginagawa laban sa dayuhang mga fishing vessel o barkong pangisda.

Ayon sa grupo, nakasaad umano sa Chapter VI, Section 91 ng Amended Fisheries Code o Republic Act 10654, na labag sa batas ang operasyon ng

kahit sinong dayuhan, korporasyon o sinuman na mangisda o mag-operasyon sa katubigan ng Pilipinas. Ayon pa sa batas, ang pagpasok pa lamang nila sa teritoryong pandagat ng bansa ay mangangahulugan na kaagad na nangingisda ang mga ito.

“Malupit ang batas sa mga Pilipinong mangingingisda na mabilis na inaakusahan ng iligal na pangingingisda. Samantala, lantaran ang pandarambong ng China at iba pang mga bansa sa West Philippine Sea pero hindi ito nasasawata ng pamahalaan sa kabila ng umiiral na batas laban sa mga ito,” pahayag ni Fernando Hicap, pambansang tagapangulo ng Pamalakaya.

Aniya, mismong BFAR na rin ang nagpatunay na laganap ang paggamit ng cyanide ng China at Vietnam sa Bajo de Masinloc na mabilis na nagresulta sa pagkasira ng bahura at pagkaubos ng mga isda. Sa kabila nito, labis na kwestyunable kung bakit tila walang planong aksyunan ito ng BFAR para panagutin ang mga dayuhang sangkot sa mapaminsalang pangingingisda sa karagatan.

“Dapat kundenahin ang makaisang-panig na implementasyon ng mapanupil na batas na ito sa mga Pilipinong mangingingisda, habang pinababayaan ang dayuhang mapanirang pangisda sa ating karagatan,” pagdidiin ni Hicap.

Nilalaman din ng batas na mayroong multa ang dayuhang mga poacher na \$600,000 hanggang \$1,000,000 at karagdagang parusa na anim na buwan hanggang dalawang taon na pagkakakulong.

“Sa lawak ng sinirang bahura ng China at iba pang mga bansa sa West Philippine Sea, malaki na sana ang maaaring makulektang bayad-pinsala sa mga ito, na pwedeng gamitin para tulungan ang mga Pilipinong mangingisdang bagsak ang kabuhayan dahil sa pagkasira ng pangisdaan,” pagtatapos ni Hicap.

Liban sa ilegal na pangingsda sa West Philippine Sea, hindi rin maitatangi ang pagkawasak at epekto sa kabuhayan na idinudulot ng mga operasyon at ehersisyong militar ng mga tropang Amerikano at Pilipino sa naturang karagatan sa ilalim ng hindi pantay na mga tratadong militar. Noong Pebrero 9 lamang, inilunsad nito ang ikatlong Philippine-US Maritime Cooperative Activity (MCA) na nagsagawa ng ilang wargames sa West Philippine Sea at South China Sea.

[English Translation]

Fisherfolk condemn BFAR's inaction against foreign poachers

Pebrero 20, 2024

The Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) denounced the Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)'s inaction amid blatant cases of poaching by foreign fishing vessels in the country's maritime territory. Pamalakaya pointed out how BFAR is very strict in enforcing the law against local fishermen but does nothing against foreign fishing vessels.

The group says Chapter VI, Section 91 of the Amended Fisheries Code or Republic Act 10654 states that it is illegal for any foreigner, corporation or anyone to fish or operate in Philippine waters. According to law, just entering the country's maritime territory automatically means they are fishing.

"The law is cruel to Filipino fishermen who are hastily accused of illegal fishing. Meanwhile, blatant plunder by China and other countries in the West Philippine Sea goes unhindered by the government despite existing laws against it," said Fernando Hicap, national chairman of Pamalakaya.

BFAR itself has confirmed the widespread use of cyanide by China and Vietnam in Bajo de Masinloc, which quickly resulted in the destruction of the reef and depletion of fish. It is questionable that, despite this, the BFAR does not seem to be doing anything to hold accountable foreigners involved in harmful ocean fishing.

"The unilateral implementation of this repressive law against Filipino fishermen, while neglecting foreign destructive fishing in our waters, must be condemned," Hicap stressed.

The law also provides fining foreign poachers \$600,000 to \$1,000,000 and an additional penalty of six months to two years in prison.

"With the extent of the reefs damaged by China and other countries in the West Philippine Sea, a large amount of damage fees could be collected

from them, which can be used to aid Filipino fishermen whose livelihoods fell due to the destruction of ocean resources,” Hicap concluded.

Aside from illegal fishing in the West Philippine Sea, the destruction and impact on the economy caused by American and Filipino military operations and exercises at sea under unequal military treaties cannot be denied. Only on February 9, it launched the third Philippine-US Maritime Cooperative Activity (MCA) conducting several wargames in the West Philippine Sea and South China Sea.

Hustisya para sa mga biktima ng Apex Mining sa Masara landslide, ipinanawagan

Pebrero 21, 2024

Nagtipon-tipon kahapon ang mga kabataan sa Freedom Park, Davao City kahapon, Pebrero 20, para ipanawagan ang hustisya para sa mga biktima sa pagguho ng lupa sa Masara, Maco, Davao de Oro. Pinangunahan ang kilos-protesta ng Anakbayan-Southern Mindanao Region, at iba pang progresibong grupo.

Itinuro nila ang deka-dekada, malawakan at mapanirang pagmimina ng Apex Mining Corp. Inc bilang salarin ng sakuna. Sa huling mga balita, lampas 100 bangkay na ang nahukay mula sa gumuhong lupa, 32 ang naitalang sugatan at mayroon pang mga nawawala. Napilitang lumikas ang 1,600 mula sa kani-kanilang komunidad dulot ng sakuna.

Malaking tipak ng Davao de Oro ang itinuturing na “geohazard area” (mapanganib na lugar) para sa pagmimina. Sa kabila nito, nagsabwatan ang lokal na mga upisyal, ahensya sa pangangalaga ng kalikasan at reaksyunaryong gubyrerno para bigyan ng permit ang dayuhang mga kumpanya, at kanilang mga kasosyong lokal na burgesya, para magmina sa prubinsya.

“Malaking kasinungalingan ang pahayag na nagliligtas sa Apex Mining and Mines at ng Geosciences Bureau na wala umanong kinalaman ang kumpanya at natural causes lamang ang dahilan sa pangyayari,” pahayag ng Anakbayan-SMR. Taong 1970 pa nang magsimula ang operasyon ng Apex sa lugar, at ang kumpanyang ito ang nagdambong sa kalikasan sa Maco, anito. “Mahigit 20,000 ektarya ang konsesyon sa pagtotroso ang sinaklaw nito, na nagprodyus ng 8,500 kubic meters ng kahoy kada taon,” ayon sa grupo.

Lumikha rin ito ng 200,000 tonelada ng basura o mine tailings dahil sa operasyong pagmimina. Ang mga lasong basurang ito ay itinapon lamang sa Ilog ng Masara, na dumadaloy sa Ilog ng Hijo. “Ang Ilog ng Masara ang pinagkukuhaan ng maiinom na tubig ng magkanugnog na komunidad, pero ngayon ay sobra nang dumi,” ayon sa grupo.

Liban sa dating mga hawak na permit, pinalawak pa ng rehimeng Marcos noong 2023 ang saklaw ng mapaminsalang pagmimina ng Apex. Ang Apex ay pag-aari ni Enrique Razon, isa sa pinakamalaking burgesyang komprador na pinapaburan ni Marcos. Binili niya ang Asia

Alliance Mining Resources Corporation at nakuha ang permit para minahin ang 20,000 ektaryang kabundukan sa prubinsya.

“Ibig sabihin, lampas 50 taon nang nilalapastangan ng Apex mining ang kalupaan ng Maco,” ayon sa kabataan. Kaya ang pagguho ng inaabot na siyam na ektaryang lupa, na may taas na 700 metro, ay hindi lamang dahil sa malakas na pag-ulan, kundi higit sa lahat, dulot ng tuluy-tuloy na pagmimina sa Maco sa matagal na panahon.

“Kailangang papanagutin ang Apex at hindi dapat ibaon ng rehimeng Marcos Jr ang pananagutan ng malalaking kumpanya sa mina tulad ng Apex dahil hindi ito isolated case,” ayon sa grupo.

“Malaking kasalanan laban sa mamamayan ang pagpapahintulot ng mga nasa kapangyarihan sa pagdambong sa natitirang reserbang mineral (ng bansa.) Sa itinutulak ngayon ni Marcos Jr na charter change kung saan maaari nang 100% magmay-ari ang mga dayuhan, magiging pamalagiang palabigasan ng mga dayuhang kumpanya sa mina, gayundin ang mga lokal na naghaharing uri, ang kalikahsan at kayamanan ng bansa.”

[English Translation]

Youths demand justice for Apex Mining victims of Masara landslide

Pebrero 21, 2024

Youths gathered at the Freedom Park, Davao City yesterday, February 20, to demand justice for the

victims of the landslide in Masara, Maco, Davao de Oro. The protest was led by Anakbayan-Southern Mindanao Region, and other progressive groups.

They said Apex Mining Corp's decades-long, massive and destructive mining as the reason for the disaster. Based on latest reports, over 100 bodies have been recovered from the collapsed ground, 32 were injured and many remain missing. Some 1,600 people were forced to evacuate their communities due to the disaster.

Large portions of Davao de Oro are declared a "geohazard area" for mining. Despite this, local officials, conservation agencies and the reactionary government conspired to grant permits to foreign companies, and their local big bourgeoisie partners, to mine in the province.

"The statement absolving Apex Mining and Mines, with the Geosciences Bureau claiming the company had nothing to do with the incident and that only natural causes are to blame are all big lies," said Anakbayan-SMR. Apex's operations in the area began in 1970, and this company plundered the resources in Maco, it said. "It has plundered more than 20,000 hectares of logging concessions, producing 8,500 cubic meters of wood per year," according to the group.

Its mining operation also produced 200,000 tons of mine tailings. These toxic wastes are recklessly dumped into the Masara River, which flows into the Hijo River. "The Masara River is source of

drinking water of neighboring communities, but is now too contaminated,” according to the group.

In addition to previously held permits, the Marcos regime in 2023 gave expanded the scope of the destructive operations of Apex mining. Apex is owned by Enrique Razon, one of the biggest Marcos-favored comprador bourgeoisie. He bought the Asia Alliance Mining Resources Corporation and obtained the permit to mine 20,000 hectares of highlands in the province.

“This means Apex mining has been despoiling Maco for over 50 years,” according to the youth group. The landslide covering nine hectares and reaching 700 meters high, was not only due to the heavy rains but most of all by the unrestrained mining in Maco for a long time.

“Apex must be held accountable and the Marcos Jr regime should not obscure the accountability of big mining companies like Apex because this is not an isolated case,” according to the group.

“It is a great offense against the people to allow those in power to plunder the remaining mineral reserves (of the country). Worse, with Marcos’ charter change that will give foreigners the right to 100% ownership, the country’s environment and resources will be a permanent milking cow of foreign mining companies, as well as of the local ruling classes.”

Resolbahin ang usapin ng pandaraya ng eleksyong 2022, imbes na chacha

Pebrero 21, 2024

Nagprotesta sa harap ng Commission on Elections (Comelec) noong Pebrero 19 ang mga myembro ng Bayan, Kontra-Daya, TNTrío at mga pambansa-demokratikong organisasyon para igiit sa ahensya na harapin at resolbahin ang mga usapin ng pandaraya sa eleksyong 2022. Anila, ito ang dapat atupagin ng Comelec, imbes na ang huwad na people's initiative.

Hinamon ng Bayan ang ahensya na mapagpasyang itakwil ang pekeng people's initiative sa pamamagitan ng pagbabalik o pagbabasura sa mga lagdang naisumite at tinanggap na nito. "Ang mga lagdang ito ay nalikom sa kwestyunableng mga paraan at gamit ang rekurso ng gubyrerno," anito.

Nagbabala ang Bayan na ang agresibong pagtutulak sa people's initiative ay maaaring humantong sa senaryong "no-el" (no elections). Sa halip, palalawigin na lamang ang mga termino ng nakaupong mga upisyal. "Magiging kasabwat ang Comelec sa malisyosong mga maniobra ng mga pulitiko kung patuloy itong mag-uurong-sulong sa pagbeberipika ng mga pekeng lagda para sa PI (people's initiative," dagdag ng grupo.

Ayon sa Kontra-Daya, hindi nito kinakalimutan ang mga pandaraya at hindi nito palalampasin ang mga tangkang dayain ang susunod na eleksyon. Ito umano ang dapat asikasuhin ng Comelec,

imbis na ang huwad na people's initiative at mga pirmang isinumite para sa chacha o charter change.

Ayon sa grupo, dapat din nitong mapagpasyang harapin ang mga usapin, partikular ang mga inihapag ng grupong TNTrío, kaugnay sa elektronikong pandaraya sa eleksyong 2022 na nagpwesto kay Ferdinand Marcos Jr at Sara Duterte sa poder. Partikular na tinukoy ng TNTrío ang pagkakaroon ng isang IP address na pinanggalingan ng maraming electoral return.

Sa ngayon, dalawang petisyon na ang inihain ng grupo para buksan at usisain ang mga ballot box at mga electoral returns na natukoy na dumaaan sa iisang makina, taliwas sa prosesong inilatag ng Comelec bago ang eleksyon. Hindi pa ito inaaksyunan ng Comelec.

[English Translation]

Resolve the 2022 election fraud issue, instead of chacha

Pebrero 21, 2024

Members of Bayan, Kontra-Daya, TNTrío and national-democratic organizations protested before the Commission on Elections (Comelec) on February 19 to demand the agency to deal with and resolve matters of fraud in the 2022 election. This is What the Comelec should do, instead of the fake people's initiative, the groups asserted.

Bayan challenged the agency to decisively reject the fake people's initiative by returning or

throwing away the signatures submitted to and accepted by it. “These signatures were gathered through dubious means and done using government resources,” it said.

Bayan warned that the aggressive push for the fake PI could lead to a no-election scenario. This might lead to simply extending the term of elected officials. “The Comelec would be complicit in the malicious maneuver of politicians if it continues to waver on whether it will verify the fake PI signatures,” the group added.

According to Kontra-Daya, it has not forgotten the fraud and it will not tolerate attempts to cheat the next election. This is what Comelec should work on, instead of the fake people’s initiative and signatures submitted for chacha or charter change.

The groups say it must also decisively tackle the issues, particularly those laid out by the TNTrio group, related to the electronic fraud in the 2022 election that installed Ferdinand Marcos Jr and Sara Duterte in power. TNTrio specifically identified the anomaly of a single IP address from which multiple electoral returns originated.

For now, the group has filed two petitions to open and inspect the ballot boxes and electoral returns identified to have gone through the same machine, contrary to the process laid down by the Comelec before the election. The Comelec has yet to act on this.

Ika-52 anibersaryo ng Christians for National Liberation, ipinagdiwang

Pebrero 23, 2024

Ipinagdiwang ng mga rebolusyonaryong pari, madre at mga taong-simbahan noong Pebrero 17 ang ika-52 anibersaryo ng Christians for National Liberation (CNL). Sa okasyon ng kanilang anibersaryo, ipinanawagan ng pambansang pamunuan ng CNL sa buong kasapian nito sa bansa, sa Europe, North America at Asia-Pacific: “Iwasto ang mga pagkakamali, ikonsolida at palawakin ang ating hanay! Biguin ang rehimeng US-Marcos II! Isulong ang digmang bayan!”

Kasabay ng kanilang anibersaryo, ginunita rin ng grupo ang ika-152 taon ng pagkamartir ng tatlong paring Pilipino na sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora na kilala sa katawagang Gomburza. Sila ay mga paring pinaslang ng kolonsyalistang Espanyol na isa sa nagsilbing mitsa ng pagsulong ng Rebolusyong 1896 na nagwakas sa kolonisasyon ng Espanya sa bansa.

Sa okasyong ito, “pinagpupugayan natin at ibinibigay ang pinakamataas na parangal sa ating mga rebolusyonaryong martir at bayani na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay sa pakikibaka at rebolusyon,” pahayag ng grupo.

Sa kasaysayan ng CNL, nakapaglunsad ang grupo ng siyam na pambansang kongreso at naglatag ng mga programa at plano nito sa pagpapalakas sa organisasyon para isulong ang rebolusyon. Inilunsad ng CNL ang ika-9 na Kongreso nito

noong Setyembre 2022 kung saan pinagtibay nito ang Limang Puntong Programa ng CNL.

“Daan-daang mga kasapi ng CNL ang nagsisilbing rebolusyonaryong tagapagbunsod ng pagbabago sa mga Kristyanong simbahan at mga komunidad sa iba’t ibang mga rehiyon at erya sa bansa,” ayon sa CNL. Anila, tumutulong ang mga ito sa pagtatayo at pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan. Ibinahagi din ng grupo na marami sa kanilang mga kasapi ang nagboboluntir para direktang tumulong sa paghahanda at pagpapanatili ng mga sonang gerilya, pagbubuo ng base at pagsusulong ng rebolusyong agraryo.

Pinamumunuan din ng CNL, mula sa limitasyon ng reaksyunaryong mga institusyong kanilang kinikilusan, ang pakikibaka para sa demokratikong mga reporma sa loob ng mga simbahan sa lahat ng antas, at binibigo ang reaksyunaryong mga kalakaran at nagsusulong ng progresibong mga pagbabago sa loob nito. Sinisikap din ng CNL na gamitin ang kapangyarihan at rekurso ng mga simbahan sa panig ng pambansa demokratikong rebolusyon, pagbabahagi ng CNL.

“Sa harap ng mga ito, kinikilala ng CNL ang mga kakulangan at hamon na kailangan nitong iwasto at pangibabawan para maisulong ang rebolusyon,” pahayag nito. Anang grupo, kabilang sa mga dapat nitong bakahin ay ang suhetibismo sa porma ng empirisismong ibinubunga ng burgis at petiburgis na kaisipan at kilos.

Sa panibagong taon nitong haharapin, nangako ang CNL na magpupursigi sa konsolidasyon at pagpapalawak sa kasapian sa buong bansa para suportahan pangunahin ang armadong pakikibaka, habang pinamumunuan ang anti-imperyalista, anti-pasista at anti-pyudal na kilusang masa.

[English Translation]
Christians for National Liberation celebrates 52nd anniversary

Pebrero 23, 2024

Revolutionary priests, nuns and church people celebrated on February 17 the 52nd anniversary of Christians for National Liberation (CNL). On the occasion of their anniversary, the CNL national leadership called on its entire membership in the country, in Europe, North America and Asia-Pacific: “Rectify weaknesses, consolidate and expand our ranks! Defeat the US-Marcos II regime! Advance the people’s war!”

With their anniversary, the group also commemorated the 152nd anniversary of the martyrdom of three Filipino priests, Mariano Gomez, Jose Burgos, and Jacinto Zamora, collectively known as Gomburza. Murdered by the Spanish colonialists, they were one of the catalysts for the advancement of the 1896 Revolution that ended Spain’s colonization of the country.

On this occasion, “we salute and give the highest honor to our revolutionary martyrs and heroes

who selflessly sacrificed their lives for the struggle and the revolution,” the group said.

The CNL has launched nine national congresses laying out its programs and plans to strengthen the organization to advance the revolution. CNL launched its 9th Congress in September 2022 where it adopted CNL’s Five Point Program.

“Hundreds of CNL members serve as revolutionary initiators of change in Christian churches and communities in various regions and areas of the country,” according to CNL. They said they help in building and promoting the revolutionary armed struggle in the countryside. The group also shared that many of their members volunteer to directly assist in preparing and maintaining guerrilla zones, building bases and advancing agrarian revolution.

From the confines of the reactionary institutions they operate in, the CNL also leads the struggle for democratic reforms within the churches at all levels, and opposes reactionary trends and promotes progressive changes within. The CNL said it also tries to bring the power and resources of the churches to the side of the national democratic revolution.

“In the face of these, the CNL recognizes the weaknesses and challenges it needs to correct and overcome in order to advance the revolution,” it said. The group says among those it must overcome is subjectivism in the form of empiricism arising from bourgeois and petty-bourgeois ideas and practices.

In the new year it will face, the CNL promised to strive for the consolidation and expansion of membership throughout the country to support primarily the armed struggle, while leading the anti-imperialist, anti-fascist and anti-feudal mass movement.

Dayuhang kumpanyang sangkot sa dayaan at mga anomalya, kinontrata ng Comelec para sa 2025

Pebrero 23, 2024

Iginawad ng Commission on Elections kahapon, Pebrero 22, ang kontrata para sa pag-upa ng mga makina na gagamitin sa eleksiyong 2025 sa Miru Systems Co. Ltd., isang kumpanyang South Korean. Ito ay matapos pagbawalan nito ang Smartmatic—na ginamit sa nakaraang mga elektronikong eleksyon—dulot ng sumulpot na kaso ng panunuhol sa isang dating komisyoner ng Comelec na isinampa sa US.

Ang Miru ang kaisa-isang kumpanyang nagsumite ng panukala para sa kontrata, matapos hindi pahintulutan ang dalawa pang kumpanya bago pa makapag-bid ang mga ito.

Sa gayon, manggagaling sa Miru System ang lahat ng gagamiting materyal sa eleksyon, kabilang ang 110,000 automated counting machine, sistema ng pagbibilang ng boto at pagbabato ng mga resulta mula sa mga presinto. Ang kumpanya na rin ang mag-iimprenta ng mga balota, gagawa ng mga ballot box at iba pang kagamitang pang-eleksyon. Nagkakahalaga ang kontrata ng ₱18 bilyon.

Maraming kinasangkutanang anomalya ang Miru Systems sa mga bansang gumamit ng mga makina nito. Kabilang dito ang pagpalya ng mga makina at mga kaso ng anomalya, pandaraya at iba pang iregularidad.

Sa kakatapos lamang na eleksyon sa bansang Congo noong Disyembre 2023, tinawag na mga “makina ng pandaraya” ang mga makina ng Miru. Halos kalahati (41%) ng mga presinto ang nagulat ng pagpalya ng mga makina sa araw ng eleksyon. Sa gayon, idineklarang palpak ang buong eleksyon ng bansa. Bago at pagkatapos nito, hindi nakakuha ng suporta mula sa mga internasyunal na tagamasid ang kumpanya. Iniatras ng estado ng South Korea ang pagtulong sa eleksyon matapos ang mga anomalyang naungkat sa Miru. Dumistansya rin ito sa kumpanya.

Nagkaroon rin ng mga anomalya sa mga eleksyong kinasangkutan ng Miru sa Kyrgyzstan at Iraq. Noong 2018, idineklarang nasa “sentro” ng pandaraya ang mga makina ng Miru sa eleksyon sa Iraq kung saan kinakitaan ang mga makina ng mga palatandaan ng “tampering” at “hacking” para ibahin ang resulta ng botohan. Dahil dito, isinagawa ang manwal na pagbibilang ng mga boto sa ilang bahagi ng bansa.

Isa sa tatlong lokal na kumpanyang kasosyo ng Miru Systems sa Pilipinas ay direktang nakaugnay sa gabinete ng rehimeng Marcos Jr. Ang Integrated Computer Systems ay pagmamay-ari ni George T. Barcelon, na itinalaga ni Ferdinand Marcos Jr noong 2022 bilang espesyal na

kinatawan ng pribadong sektor sa Legislative, Executive Development Advisory Council o LEDAC. Kasalukuyang presidente siya ng Philippine Chamber of Commerce and Industry at bise-presidente ng ECOP.

Ang dalawa pa ibang kumpanya ay ang St. Timothy Construction Corporation, at Centerpoint Solutions Technologies.

[English Translation]

Comelec awards 2025 contract to foreign company mired in fraud and anomalies

Pebrero 23, 2024

The Commission on Elections awarded yesterday, February 22, the contract to rent machines for the 2025 election to Miru Systems Co. Ltd., a South Korean company. This comes after it banned Smartmatic—used in previous electronic elections—over bribery complaints against a former Comelec commissioner filed in the US.

Miru was the only company to submit a bid for the contract, after two other companies were disqualified even before they could bid.

Thus, the Miru System will provide all the materials used in the election, including 110,000 automated counting machines, vote counting systems and tabulation of results from the precincts. The company will also print ballots, manufacture ballot boxes and other election paraphernalia. The contract is worth ₱18 billion.

Miru Systems has been involved in numerous anomalies in countries where its machines were used. This includes machine failures and cases of anomalies, fraud and other irregularities.

In the recently concluded elections in Congo last December 2023, Miru machines were called “fraud machines.” Almost half (41%) of the precincts reported machine failure on election day. Thus, the entire country declared a failure of elections. Before and after this, the company did not get support from international observers. The South Korean state withdrew support to the election after discovering Miru anomalies. It also distanced itself from the company.

Miru was also involved in election anomalies in Kyrgyzstan and Iraq. In 2018, Miru machines were declared “central” to electoral fraud in Iraq where machines bore signs of “tampering” and “hacking” to alter voting results. Because of this, manual counting of votes was carried out in some parts of the country.

One of the three local partner companies of Miru Systems in the Philippines is directly linked to the cabinet of the Marcos regime. Integrated Computer Systems is owned by George T. Barcelon, appointed by Ferdinand Marcos Jr in 2022 as the special private sector representative in the Legislative, Executive Development Advisory Council or LEDAC. He is currently president of the Philippine Chamber of Commerce and Industry and vice-president of ECOP.

The other two companies are St. Timothy Construction Corporation, and Centerpoint Solutions Technologies.

5 Pulang mandirigma, minasaker ng PNP at AFP sa Bilar, Bohol

Pebrero 24, 2024

Hindi sa engkwentro namatay ang limang Pulang mandirigma sa Bilar, Bohol kundi sadya silang minasaker ng mga elemento ng 47th IB at PNP Bohol. Nadakip nang buhay sina Domingo Compoc, Hannah Cesista, Parlito Historia, Marlon Omosura at Alberto Sancho sa bahay na kanilang tinigilan sa Sityo Matin-ao 2, Barangay Campagao noong Pebrero 23 nang umaga. Taliwas sa internasyunal na mga alituntunin ng digma, tinortyur at sadya silang pinatay.

Ayon sa mga saksi, pinagapang pa sa putik ang Cesista, isang abugadang pumiling magsilbi sa uring inaapi, bago siya barilin. Samantala, si Compoc na nasa mahigit nang 60 ang edad at umiinda ng sakit na arthritis ay tinortyur sa harap ng mga residente ng baryo. Tinaga siya sa leeg at tiyan, anila.

Kumalat sa mamamayan ng Bohol at social media ang isang larawan ni Compoc, na hawak sa likod ng isang sundalo, at animo'y nakagapos ang kamay sa likod. Makikitang lihim na kuha ang larawan. Matunog na matunog sa usapan ng taumbaryo ang pagdakip at pagpatay sa lima na hindi itinago sa kanila at animo'y sadya pang ipinamalas para sindakin at takutin sila.

Pinabubulaanan ng mga saksi ang pinalalabas ng mga pulis na “findings” sa “scene of the crime” o SOCO na kasabwat ng mga sundalo at pulis sa pagtago ng krimen. Sa radyo at telebisyon, pinalabas ng mga ito na “nanlaban” ang lima habang “hinahainan” ng madamyento de aresto. Naglabas pa ang mga ito ng mga video clip ng animo’y “bakkaban” kung saan napatay ang isang pulis at nasugatan ang iba pa. Walang pagsusuri itong ikinakalat ng mga maka-AFP na mga akawnt sa FB para lunurin ang katotohanan. Pinalikas ng mga ito ang mga residente sa lugar matapos ang “bakkaban.”

Mariing kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang rehimeng US-Marcos at ang pasistang AFP at PNP sa pagmasaker sa lima.

“Walang katotohanan ang ipinakakalat ng pulis na napatay ang lima sa isang engkwentro,” ayon kay Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng PKP. “Saksi ang mamamayan (ng Bilar) sa brutalidad ng militar at pulis sa pagtortyur at sadyang pagpatay sa limang rebolusyonaryo.”

“Ang sadyang pagptay kina Compoc, Casista, Historia, Omosura at Sancho matapos sila dakpin at habang nasa kustodiya ng militar at pulis ay malalang paglabag sa internasyunal na makataong batas,” ayon kay Valbuena. “Ang 47th IB at pulis ng Bohol, ang liderato ng AFP at PNP, gayudin si Marcos mismo, ay may pananagutan sa krimen sa digmang ito at dapat usigin at parusahan.”

Tuluy-tuloy na kinakalap ng mga rebolusyonaryo ng dagdag na mga detalye ng krimen.

“Tiyak na malaki ang maitutulong sa pangagalap ng dagdag na mga detalye na inilahad na ng mga residente ng komunidad kung isasagawa ng mga independyenteng pathologist ang awtopsiya sa mga bangkay ng mga biktima,” pahayag ni Valbuena.

Nanawagan ang Partido sa mamamayang Pilipino, mga asosasyong magsasaka, unyon ng mga manggagawa, grupo ng kabataan, abugado, midya, taong-simbahan, kababaihan at iba pa na makiisa at tumindig kasama ng mga pamilya, kaibigan at mahal sa buhay ng mga biktima ng masaker sa kanilang panawagan para sa hustisya.

“Gagawin ng Partido at ng BHB ang lahat ng makakaya nito para maparusahan ang mga pasista at teroristang kriminal,” ani Valbuena.

[English Translation]

PNP and AFP massacre 5 Red fighters in Bilar, Bohol

Pebrero 24, 2024

The five Red fighters in Bilar, Bohol were not killed in an encounter but were deliberately massacred by elements of the 47th IB and PNP Bohol. Domingo Compoc, Hannah Cesista, Parlito Historia, Marlon Omosura and Alberto Sancho were captured alive at house in Sitio Matin-ao 2, Barangay Campagao on February 23 in the morning. Contrary to international rules of war, they were tortured and willfully killed.

Witnesses say Cesista, a lawyer who chose to serve the oppressed classes, was made to crawl through the mud before she was shot. Meanwhile, Compoc who was over 60 years old and suffering from arthritis was tortured in front of the village residents. He was hacked on the neck and stomach, they said.

A photo of Compoc circulated among Bohol people and social media, showing him accosted from behind by a soldier and with his hands apparently tied behind his back. The photo was visibly taken surreptitiously. People in the village knew that the arrest and killing of the five, done in plain sight, was meant to terrorize them.

Witnesses contradict the “findings” of the so-called “scene of the crime operatives” who are in collusion with the police and military criminals in covering up the crime. On radio and television, the five were falsely claimed to have “exchanged gunfire” while “resisting arrest”. They even released video clips of a semblance of a “battle” which killed a policeman and wounded others. These were blindly promoted in pro-AFP social media accounts to drown the truth. Residents in the area were forced to evacuate after the “battle.”

The Communist Party of the Philippines (CPP) strongly condemned the US-Marcos regime and the fascist AFP and PNP for the massacre of the five.

“There is no truth to the lie being circulated by police that the five were killed in an encounter,”

according to Marco Valbuena, chief information officer of the CPP. "What people (of Bilar) witnessed was the brutality of the military and police torturing and killing the five revolutionaries."

"The willful killing of Compoc, Casista, Historia, Omosura and Sancho after being captured and placed under the custody of the military and police consists of gross violations of international humanitarian law," according to Valbuena. "The 47th IB and Bohol police, the leadership of the AFP and PNP, and Marcos himself, are liable for war crimes and must be prosecuted and punished for their nefarious deeds."

More details of the crime are being gathered.

"A post-mortem autopsy of the remains of the victims ... conducted by independent pathologists will surely add more details to the initial facts which have been put forward by the community," Valbuena said.

The Party called on the Filipino people, farmer associations, labor unions, youth groups, lawyers, media, church people, women and others to unite and stand together with the families, friends and loved ones of the massacre victims in their call for justice.

"The Party and the NPA will do everything it can to punish the fascist and terrorist criminals," said Valbuena.

Koalisyon ng kontra-chacha, binuo sa Panay

Pebrero 24, 2024

Nagtipun-tipon sa isang porum sa Iloilo City ang iba't ibang mga grupo at personahe noong Pebrero 20 para itatag ang koalisyon sa rehiyon ng Panay na lalaban sa isinusulong na charter change o "chacha" ng rehimeng Marcos. Dumalo sa pagtitipon at nagsilbing panauhing pandangal sina Atty. Neri Colmenares ng Bayan Muna Partylist, at Bishop Gerardo Alminaza, tumatayong Jaro Auxiliary Archbishop at obispo ng Diocese of San Carlos sa Negros Occidental.

Sa pagtatapos ng porum, inianunsyo ng No to Charter Change Coalition-Panay ang ilulunsad nitong protesta sa darating na Pebrero 25 bilang paggunita sa Pag-aalsang EDSA at paglaban sa "chacha." Ayon sa grupo, magkakaroon ng isang misa sa Jaro Cathedral sa umaga bago ang martsa tungong Iloilo Provincial Capitol para sa protesta.

"Isinusulong nila ang chacha para tanggalin ang proteksyunistang ekonomya sa Konstitusyon, itulak ang pagpapalawig ng termino at unicameral na lehislatura, at tanggalin ang ilang makamamayang probisyon sa Konstitusyon," pahayag ni Atty. Colmenares. Giit niya, mahalaga ang pagkakaisa ng mamamayan ng Panay at buong bansa para pigilan ang "chacha" ni Marcos.

Samantala, ipinahayag naman ni Bishop Alminaza ang kanyang pangarap sa bayan na makatarungan at matagalang kapayapaan, at naniniwala siyang

hindi ito matutugunan ng “chacha” sa halip ay pahihirapan pang lalo ang bayan na ito’y makamtan. Aniya, patitindihin lamang ng “chacha” ang pag-aalsa ng masa at maging ang armadong rebelyon sa bansa dahil pababagsikin nito ang umiiral nang mga ugat ng rebolusyon.

Aniya, kabilang sa mga usaping ito ang kahirapan, inhustisya, hindi pagkakapantay-pantay, korapsyon, dinastiya at hindi sapat na mga serbisyong panlipunan mula sa lokal at pambansang gubyrno.

[English Translation]

Anti-chacha coalition formed in Panay

Pebrero 24, 2024

Various groups and individuals gathered in a forum in Iloilo City on February 20 to launch a coalition in the Panay region to fight the Marcos regime’s charter change or “chacha” scheme. Atty. Neri Colmenares of Bayan Muna Partylist, and Bishop Gerardo Alminaza, acting Jaro Auxiliary Archbishop and bishop of the San Carlos Diocese in Negros Occident attended the gathering and served as the guests of honor.

After the forum, the No to Charter Change Coalition-Panay announced that it will launch a protest on February 25 to commemorate the EDSA Uprising and fight “chacha.” The group says a mass will be held at the Jaro Cathedral in the morning before the march to the Iloilo Provincial Capitol for the protest.

“They are promoting chacha to remove protectionist economics from the Constitution, push for term extension and unicameral legislature, and remove some pro-people provisions from the Constitution,” said Attorney Colmenares. He stressed that the unity of the people of Panay and the whole country is important to stop Marcos’ “chacha”.

Meanwhile, Bishop Alminaza expressed his dream for just and long-lasting peace for the people and he believes “chacha” will not provide this, instead it will further hinder the people from achieving it. He said “chacha” will only intensify the uprising of the masses and even the armed rebellion in the country because it will aggravate the existing roots of the revolution.

He said, these issues include poverty, injustice, inequality, corruption, dynasties and inadequate social services from the local and national government.

Black Friday Protest laban sa chacha, inilunsad sa Maynila

Pebrero 24, 2024

Magkakasabay at magkakasunod na aktibidad at aksyong protesta ang inilunsad ng iba’t ibang grupo ng kabataan, pambansang minoritya at ibang demokratikong sektor kahapon, Pebrero 23, laban sa maka-dayuhan at anti-mamamayang pakanang pagbabago sa Konstitusyong 1987 o charter change (chacha).

Sa Maynila, nagmartsa ang mga grupo ng kabataan sa tinaguriang university belt (U-Belt) laban sa chacha, laluna sa pagbubukas nito sa sektor ng edukasyon sa buong pagmamay-ari ng mga dayuhan. Anila, palalalain nito ang dati nang komersyalisadong edukasyon kung saan tinatratong kalakal ang mga estudyante.

Kasama sa pwedeng ibukas sa dayuhang pagmamay-ari ang Far Eastern University, University of Sto. Tomas, University of the East, at iba pang pribadong pamantasan sa U-Belt. Sa kasalukuyan, kinakaharap ng mga estudyante sa mga paaralang ito ang panibagong tuition fee increase at paniniil sa mga publikasyong pangkampus.

Nagkaroon rin ng mga pagkilos sa mga kampus ng University of the Philippines-Diliman, UP-Manila, Polytechnic University of the Philippines, De la Salle University at sa harap ng Ateneo University.

“Malinaw sa kabataan-estudyante ang makadayuhan at kontra-mamamayang charter change ni Marcos,” pahayag ng League of Filipino Students. Hinikayat nila ang kanilang mga kapwa estudyante na lumahok sa gagawing pagkilos sa harap ng Edsa Shrine sa Pebrero 25.

Pinangunahan naman ng mga grupo ng pambansang minorya ang martsa sa Mendiola sa Maynila laban sa chacha. Mariin nilang itinatakwil ang panukalang pagbabago na magpapahintulot sa dayuhang pagmamay-ari sa kanilang mga lupang ninuno at teritoryo.

“Ang mga katutubo ang isa sa pinakaapektado sa pagsusulong ng chacha sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr,” pahayag ng Katribu. “Lalala ang pang-aagaw ng lupa, at magpapatuloy ang pandarambong, militarisasyon at pambobomba sa kanayunan.”

Sa protesta, isinagawa nila ang simbolikong pagbabasura sa panukalang chacha, kasama ang mga mukha nina Marcos, Sara Duterte at Martin Romualdez. Lumahok sa pagkilos ang mga myembro ng Bayan Muna Partylist at iba pang grupong tapagpagtanggol sa karapatan ng katutubo.

Malalawak na alyansang anti-chacha

Kasabay na inilunsad ng mga guro, sa pangunguna ng Alliance of Concerned Teachers, ang alyansang Teachers, Education Workers, and Academics Against Cha-Cha (TEACH).

Panawagan ng mga guro, iprayoritisa ng gubyerno ang mga hinaing ng iba’t ibang sektor ng lipunan, imbes na atupagin ang chacha. Kasama rito ang lumalalang krisis sa edukasyon at kakulangan nito sa badyet. “Ang oras at kaban ng bayan ay dapat ituon sa pagpapataas ng sahod ng kaguruan at ng iba pang mga manggagawa, pagdadagdag ng mga silid-aralan, pagpaparami ng serbisyong pampubliko para sa benepisyo ng masa,” ayon sa TEACH. Panawagan nito: “Chacha iatras! Sweldo, itaas!”

Bago nito, itinayo ng mga grupong kabataan ang Movement Against Charter Change Youth Alliance

(Matcha Alliance) noong Pebrero 21 para buklurin ang iba't ibang mga grupong kabataan laban sa chacha.

[English Translation]

Various groups launch Black Friday Protest against chacha in Manila

Pebrero 24, 2024

Yesterday, February 23, various youth groups, national minorities and other democratic sectors launched simultaneous and successive activities and protests against the foreign-orient and anti-people scheme to amend the 1987 Constitution or charter change (chacha).

In Manila, youth groups marched along the university belt (U-Belt) against chacha, especially for opening up the education sector to full foreign ownership. They said this will worsen the already commercialized education where students are commodified.

Far Eastern University, University of Sto. Tomas, University of the East, and other private universities in the U-Belt are among those that can be opened to foreign ownership. Currently, students at these schools face another tuition fee increase and suppression of campus publications.

There were also actions in the campuses of the University of the Philippines-Diliman, UP-Manila, Polytechnic University of the Philippines, De la Salle University and in front of Ateneo University.

“Marcos’ pro-foreigner and anti-people charter change is clear to the student-youth,” said the League of Filipino Students. They encouraged their fellow students to participate in the action to be held before the Edsa Shrine on February 25.

National minority groups led the march in Mendiola in Manila against chacha. They vehemently reject the proposed change that would allow foreign ownership of their ancestral lands and territories.

“Indigenous people are one of the most affected by the promotion of chacha under the Marcos Jr. administration,” Katribu said. “Land grabbing will worsen, and plunder, militarization and bombing of the countryside will continue.”

In the protest, they carried out the symbolic trashing of the chacha proposal, along with the faces of Marcos Jr, Sara Duterte and Martin Romualdez. Members of the Bayan Muna Partylist and other groups to defend indigenous rights participated in the action.

Broad anti-chacha alliances

At the same time, the teachers, led by the Alliance of Concerned Teachers, launched the Teachers, Education Workers, and Academics Against Chacha (TEACH) alliance.

Teachers call for the government to prioritize the grievances of different sectors of society, instead of working for chacha. These include the worsening crisis in education and its budget shortfall. “The time and treasury of the people

should be directed to increasing the salaries of teachers and other workers, adding classrooms, increasing public services for the benefit of the masses,” according to TEACH. Its call: Chacha back off! Increase wages!”

Earlier, youth groups formed the Movement Against Charter Change Youth Alliance (Matcha Alliance) on February 21 to unite various youth groups against chacha.

₱38 dagdag-sahod sa Region XI, malayong di nakasapat

Pebrero 24, 2024

“Hindi sapat para tustusan ang pangangailangan ng aming mga pamilya,” ito ang husga ng mga manggagawa sa rehiyon ng Davao sa kakalabas lamang na kautusan ng Regional Tripartite Wage Board (RTWPB)-XI noong Pebrero 20 para sa dagdag-sahod. Iginawad ng ahensya ang kakarampot na ₱38/araw na dagdag sa dating ₱443/araw na minumum.

Isa ang rehiyon sa pinakahuling nagtaas ng sahod. Bagamat kakarampot din, halos lahat ng ibang rehiyon ay nagtaas ng sahod noong nakaraang taon.

“Sa harap ng tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng langis, pagkain at iba pang batayang pangangailangan, tubig at kuryente, walang halaga ang ₱38 sa karaniwang manggagawa,” pahayag ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao Region (KMU-SMR). Ang bagong

minimum na ₱481/araw ay malayong-malayo sa nakatakda noong Enero na ₱1,163/araw nakabubuhay na sahod sa rehiyon.

Panawagan ng grupo, kasama ng iba pang organisasyon ng manggagawa at sa komunidad, ang makabuluhang pagtataas ng sahod at pagpapatupad ng ₱1,100 arawang nakabubuhay na sahod sa buong bansa.

[English Translation]

₱38 wage increase in Region XI, far inadequate

Pebrero 24, 2024

“It is not enough to provide for the needs of our families,” this is the verdict of Davao region workers over the recently issued order of the Regional Tripartite Wage Board (RTWPB)-XI on February 20 for wage increases. The agency awarded a meager ₱38/day increase over the previous ₱443/day minimum wage.

The region was one of the last to raise wages. Almost every other region increased likewise meager wages last year.

“In the face of the continuous increase in the price of oil, food and other basic necessities, water and electricity [bills], ₱38 is worthless to the average worker,” said Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao Region (KMU-SMR). The new minimum of ₱481/day is a far cry from the ₱1,163/day regional living wage estimated in January.

The group's call, along with other labor organizations and the community, is for a significant increase in wages and the implementation of a ₱1,100 daily living wage nationwide.

Pambobomba, pekeng mga engkwentro, isinagawa ng 79th IB sa Northern Negros

Pebrero 25, 2024

Isa lamang sa walong “engkwentro” na ibinalita ng 79th IB ang totoong naganap noong Pebrero 21-22 sa Escalante City, Negros Occidental. Pinarami lamang ng militar ang bilang para bigyang-katwiran ang walang pakundangang pamamaril, pang-iistraping at pambobomba na isinagawa nito sa hangganan ng Escalante at Toboso.

Kinumpirma ng Bagong Hukbong Bayan-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command o RJPC) na naganap ang isang engkwentro sa pagitan ng isa sa mga yunit nito at ng AFP bandang alas-11 ng umaga sa Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan sa Escalante. Namartir sa engkwentrong ito sina Emarie Pastidio (Ka Jandy), 27 gulang, ang ina ng sanggol na si Baby Marx na kinidnap ng militar noong 2021. Nasawi rin si Joshua Sultan (Ka Jorge), 19, Pulang mandirigma na manggagawang bukid mula sa Calatrava.

Pinabulaanan ng RJPC ang mga kasinungalingang ipinagkalat ng 79th IB tungkol sa “serye” ng mga

engkwentro, dalawang namartir na kasama at isang magsasakang pinatay.

Sa kaso ni Ka Jandy, inilinaw ng RJPC na hindi totoong “batang mandirigma” siya nang inaresto siya noong 2018 sa isang “engkwentro,” tulad ng ipinagkakalat na kasinungalingan ng militar. (Sinasabi ng militar na ito ang dahilan kung bakit siya “pinalaya” noon. Sa aktwal, 22 anyos na si Ka Jandy sa taong iyun.) Nadakip siya sa pangalawang pagkakataon noong 2021, sa panahong nagpapagaling matapos manganak, at ikinulong sa loob ng kampo militar kung saan ginahasa at dumanas siya ng matinding tortyur. Samantala, inagaw ng militar ang kanyang sanggol na sa Baby Marx mula sa tagapag-alaga noon na mag-asawa.

Gayundin, hindi totoong “anak ng NPA” si Ka Jorge. Hindi siya ang tinutukoy ng militar na “Michael,” isang menor de edad na kunwa’y “ni-reskyu” ng mga sundalo, pero sa aktwal ay ginamit lamang para pasukuin ang mga magulang na mandirigma.

Lalong hindi totoo na mayroong “pangatlong NPA” na namatay sa kasunod na mga “engkwentro.” Nakarating sa RJPC ang ulat na hinahanap ng kanyang pamilya si Jose Caramihan, isang magsasakang noo’y nagtatanim ng palay sa kanyang sakahan sa Sityo Mansulao sa panahon ng engkwentro. Pinaniniwalaang pinatay siya ng mga sundalo ng 79th IB at siya ang idineklarang “pangatlong mandirigma” na napatay sa “engkwentro.”

Malaking kalokohan ang sinabi ng militar na “nakordon” nila ang yunit ng RJPC kung kaya nagkaroon ng “serye” ng mga engkwentro. Gumamit pa ang militar ng dalawang Agusta 109 na helikopter at nang-istraping at nagpakawala ng di bababa sa limang rocket sa Trangkal Range noong Pebrero 22, ala-7 ng gabi. Walang katotohanan ang sinasabi nitong may “heavy resistance” mula sa natitirang Pulang mandirigma, na anitoy’ “lilima na lamang.” Tumagal ang pambobomba nang 45 minuto.

Ang totoo’y wala na sa lugar ang yunit matapos ang unang sagupaan.

“Kung paniniwalaan ang paulit-ulit na deklarasyon ng AFP at ng 79th IB na matagal nang na-dismantle,” “mahina” at “nasa walo na lang katao” ang RJPC, paano nila bibigyang-katwiran ang sunud-sunod, malawakan at nakapokus na mga operasyon sa AFP?” pagkutyang ng RJPC sa mga kasinungalingan ng militar. Ilang araw lamang bago nito, pinuri pa ni Gen. Romeo Brawner Jr, hepe ng AFP, ang 3rd ID na sumasaklaw sa Negros sa “tagumpay” nitong gapiin ang “lahat ng limang larangan sa Negros.”

Pinsala sa kalikasan at mga komunidad

Napwersang lumikas ang 1,000 residente sa Barangay Pinapugasan sa Escalante City at mga sityo ng Mainit, Mansulao, Mag-aso, Danao, at Balod, lahat sa Barangay San Isidro, sa katabing bayan ng Toboso, dulot ng pamamaril at pambobomba ng militar. Napilitan rin ang meyor ng Toboso na ikansela ang mga klase sa siyam na

barangay. Sa gayon, malaking kalokohan ang hambog ng mga sundalo na “tiniyak” nila ang “kaligtasan” ng mga sibilyan sa gawa-gawa nilang mga engkwentro.

Sa harap nito, nagpaabot ng matinding pagkabahala ang Human Rights Advocates Negros (HRAN) sa epekto ng walang patumanggang pamamaril at pambobomba ng AFP sa mga magsasaka at manggagawang bukid.

Anito, mahigipit na ipinagbabawal ang walang patumanggang pang-aatake sa ilalim ng internasyunal na makataong batas dahil di nito napag-iiba ang mga kombatant at sibilyan, at nagreresulta ang mga ito sa pagkapinsala o pagkamatay ng mga sibilyan. Nagpahayag ang grupo ng kahandaang imbestigahan ang sinasabing mandirigma na napatay sa mga “engkwentro.”

“Notoryus ang AFP sa pagdedeclarang mga ‘NPA’ ang pinapatay nilang mga magsasaka,” anito. “Pagwaldas ng pondo ng bayan ang pagbili ng mga helikopter... sa gitna ng tag-init na dala ng El Niño at di natatapos na krisis sa industriya ng asukal.”

[English Translation]

79th IB drops bombs, falsifies reports of encounters in Northern Negros

Pebrero 25, 2024

Of the eight “encounters” reported by the 79th IB, only one actually transpired on February 21-22 in

Escalante City, Negros Occidental. The military padded their numbers to justify the brazen shootings, strafing and bombing it carried out on the border of Escalante and Toboso.

The New People's Army-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command or RJPC) confirmed that an encounter between one of its units and the AFP took place at around 11 a.m. in Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan in Escalante. Emarie Pastidio (Ka Jandy), 27 years old, the mother of Baby Marx kidnapped by the military in 2021, was martyred in this encounter. Joshua Sultan (Ka Jorge), 19, Red fighter farm worker from Calatrava was also killed.

The RJPC refuted the lies spread by the 79th IB about the "series" of encounters, with two martyred comrades and one farmer killed.

"Ka Jandy and Ka Jorge are not "child warriors," the RJPC said. It is also not true that Ka Jandy was previously arrested in an encounter in 2021. Instead, soldiers raided the house where she was recuperating, kidnapped her newborn, Baby Marx, and imprisoned her in a military camp where she was raped and subjected to severe torture. Ka Jorge is also not the "son of an NPA" filmed pressuring his parents to surrender.

More mendacious is the claim that a "third NPA" was killed in subsequent "encounters". The RJPC received a report that the family of Jose Caramihan, a farmer sowing rice in his farm in Sityo Mansulao at the time of the encounter, was looking for him. He was believed killed by soldiers

of the 79th IB and declared the “third fighter” killed in the “encounter.”

The military’s claims that they had “cordoned off” the RJPC unit triggering a “series” of encounters is a big lie. The military even used two Agusta 109 helicopters and strafed and fired at least five rockets at the Trangkal Range on February 22, at 7 pm. Claims that “heavy resistance” from the remaining Red fighters, who were allegedly “only five,” are baseless. The bombing lasted 45 minutes.

The truth is that the NPA unit was no longer in the area after the first clash.

“If the repeated declarations of the AFP and the 79th IB are to be believed that the RJPC has long been “dismantled,” “weak” and “down to eight men”, how can they justify the AFP’s successive, widespread and focused operations?” RJPC scoffed at the military’s lies. Just a few days earlier, Gen. Romeo Brawner Jr, AFP chief, even praised the 3rd ID covering Negros for its “success” in defeating “all the five Negros fronts”.

Damage to environment and communities

Around 1,000 residents were forced to evacuate from Barangay Pinapugasan in Escalante City and the towns of Mainit, Mansulao, Mag-aso, Danao, and Balod, all in Barangay San Isidro, in the neighboring town of Toboso, due to military shooting and bombing. The Toboso mayor was also forced to cancel classes in nine barangays. Thus, the soldiers’ boast of “ensuring” the “safety”

of the civilians in their fictitious encounters is utter nonsense.

Amid all of these, the Human Rights Advocates Negros (HRAN) expressed deep concern over the effect of the AFP's indiscriminate shooting and bombing on peasants and farm workers.

It says indiscriminate attacks are strictly prohibited under international humanitarian law because they do not differentiate between combatants and civilians, and they result in the injury or death of civilians. The group expressed its willingness to investigate alleged fighters killed in "encounters."

"The AFP is notorious for misreport as 'NPA' the farmers they kill," it said. "Buying helicopters is a waste of public funds... amid the El Niño-induced drought and an unending sugar industry crisis."

Sundalong Amerikano, nagsunog sa sarili bilang protesta sa henosidyo ng US-Israel sa Palestine

Pebrero 27, 2024

"Ayoko nang maging kasabwat sa henosidyo." Ito ang pahayag ni Aaron Bushnell, isang pilotong Amerikano, bago niya silaban ang kanyang sarili noong Pebrero 25 sa harap ng embahada ng Israel sa Washington, D.C. sa US.

"Isasagawa ko ang isang pinakamatinding akto ng protesta, pero kumpara sa dinaranas ng mamamayan sa Palestine sa kamay ng mga mananakop, hindi ito matatawag na matindi. Ito

na ang itinakda ng mga naghahari na pangkaraniwan (normal).”

Ayon sa mga saksi, ang huli niyang mga salita ay “Palayain ang Palestine,” bago siya bumagsak. Nadala pa siya sa ospital pero agad rin siyang namatay.

Aktibong myembro ng US Air Force si Bushnell sa panahon ng kanyang kamatayan. Naganap ang pagsunog niya sa sarili dalawang araw matapos hinarang ng US, sa pangatlong pagkakataon, ang panukalang tigil-putukan sa Gaza noong Pebrero 23.

Bilang pagkilala sa kanyang protesta, nag-alay ng bulaklak at nag-vigil ang mga kapwa niyang Amerikano na kontra sa henosidyo ng US at Israel. Pinarangalan din siya ng kinabilangang niyang organisasyong Serve The People, isang grupong tumutulong sa mga walang bahay at nagugutom sa US.

Kinilala ng Islamic Resistance Movement (Hamas) ang kabayanihan ni Bushnell. “ (I)binuwis ni Bushnell ang kanyang buhay para itulak ang gubyrno ng kanyang bansa na patigilin ang kriminal na Zionistang hukbo na atakehin (ang Gaza) at ang pagpapatupad nito ng mga masaker at mga iba pang pang-aabuso.” Inalala rin ng Hamas ang kamatayan ng aktibistang Amerikana na si Rachel Corrie na namatay matapos sagasaan ng bulldoser ng Zionistang Israel sa Rafah noong 2003.

Sa Gaza, umabot na nang 30,000 ang pinatay ng US at Israel sa walang patid na pambobomba at pang-aatake nito sa mga sibilyan noong oras na sinilaban ni Bushnell ang kanyang sarili.

Ang pagsisilab sa sarili bilang porma ng protesta ay isinagawa na rin sa Vietnam laban sa papet ng US na gubyerno noong dekada 1960. Noong 2010, sinilaban ng isang 26-anyos ang sarili sa Tunisia, bilang protesta sa korapsyon at brutalidad. Nagsilbi itong hudyat sa malawakang mga protesta sa tinawag ng Westen media na “Arab Spring.”

Noong nakaraang taon lamang, sinilaban ng isang unyonista sa South Korea ang sarili bilang protesta sa panggigipit ng estadong Korean sa kinabibilangan niyang unyon.

[English Translation]

American soldier self-immolates to protest US-Israeli genocide in Palestine

Pebrero 27, 2024

“I no longer want to be an accomplice to genocide.” This was the statement of Aaron Bushnell, an American pilot, before he set himself on fire on February 25 before the Israeli embassy in Washington, D.C. in the US.

“I will carry out the most extreme act of protest, but compared to what the people in Palestine are suffering at the hands of the occupiers, it cannot

be called extreme. This is what the rulers have set as normal.”

According to witnesses, his last words were “Free Palestine,” before he collapsed. He was taken to the hospital but died immediately.

Bushnell was an active member of the US Air Force at the time of his death. His self-immolation occurred two days after the US blocked, for the third time, a ceasefire proposal in Gaza on February 23.

In recognition of his protest, fellow Americans offered flowers and held a vigil against the genocide by the US and Israel. He was also honored by his organization Serve The People, a group that helps the homeless and hungry in the US.

The Islamic Resistance Movement (Hamas) recognized Bushnell’s heroism. “Bushnell gave his life to demand his country’s government to stop the criminal Zionist army from attacking (Gaza) and implementing massacres and other abuses.” Hamas also recalled the death of American activist Rachel Corrie who died after being run over by a Zionist Israeli bulldozer in Rafah in 2003.

In Gaza, the US and Israel had already killed 30,000 in their relentless bombing and attacks on civilians by the time Bushnell set himself on fire.

Self-immolation as a form of protest was also practiced in Vietnam against the US puppet government in the 1960s. In 2010, a 26-year-old set himself on fire in Tunisia, in protest of

corruption and brutality. It served as a signal for mass protests in what Western media called the “Arab Spring.”

In Just last year, a unionist in South Korea set himself on fire in protest of the Korean state’s pressure on his union.

Aktibistang manunulat, dinukot at itinago ng militar at pulis sa Zamboanga

Pebrero 28, 2024

Sa isang pahayag noong Pebrero 27, kinundena ng Anakbayan-Southern Mindanao Region ang pagdukot at pagdesaparesido ng militar at pulis sa isang aktibistang manunulat at kanyang kasama. Dinukot at hanggang ngayon ay di pa inililitaw ng mga sundalo at pulis ng Siay, Zamboanga Sibugay si Nelson Bautista Jr, dating mamamahayag sa kampus ng Notre Dame College sa Kidapawan City.

Pinasok ng mga pulis at sundalo ang tinitigilang bahay ni Bautista at kasama niyang si Ademar Anciero Etol, 64 taong gulang, sa Barangay Balingasan sa nabanggit na bayan noon pang Enero 25. Inilitaw at sinampahan si Etol ng mga kasong pagpaslang. Nakakulong siya ngayon sa Siay Municipal Police Station. Samantala, hindi na nakontak si Bautista ng kanyang pamilya at mga kaibigan mula sa araw na iyon.

“Malaon nang target sina Bautista at Etol ng pang-aatake ng estado,” ayon sa pahayag ng

Anakbayan-SMR. Si Etol ay tubong San Isidro, Davao del Norte, ay inakusahan ng militar na Pulang mandirigma. Ayon sa grupo, sinampahan siya ng gawa-gawang mga kaso, matapos taniman ng ebidensyang baril at bala.

Si Bautista ay naging tagapangulo ng College Editors Guild of the Philippines sa North Cotabato noong 2004. Naging kumbenor din siya ng KALAMPAG, isang alyansa laban sa pang-aabuso ng pamilyang Pinol sa North Cotabato. Iginugol niya ang halos dalawang dekada ng kanyang buhay sa malalayong lugar kung saan naging aktibo siya sa mga kampanya laban sa mapaminsalang pagmimina at karapatan ng mga Lumad at magsasaa sa iba't ibang bahagi ng rehiyon ng Davao. Si Bautista ay myembro rin ng LGBTQIA+ community at matatag na tagapagtanggol ng mga karapatan ng sektor.

Dulot ng kanyang mga aktibidad, itinuring at tinutugis siya ng militar bilang “terrorista.”

“Ang sapilitang pagkawala kay Bautista ay sumusunod sa padron ng mga pagdukot sa ilalim ng rehimeng Marcos na isinasagawa ng mga ahente ng militar at NTF-Elcac para ipresenta sila bilang mga pekeng surederi,” ayon sa grupo. Ganito rin ang ginawa sa mga aktibistang sina Jhed Tamano at Jonila Castro sa Bataan, at kina Dyan Gumanao at Armand Dayoha sa Cebu, at pinakahuli, kay Jose Marie Estillier sa Batangas.

“Ilitaw si Bautista!” panawagan ng grupo. Anito, kailangang galangin ng estado ang kanyang mga ligal at pulitikal na karapatan at ipresenta siya sa

korte. Panawagan rin nito ang pagpapalaya kay Etol.

Nanawagan ang grupo sa lahat ng mga kasama at kaibigan ni Baustita, mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at kapayapaan, na palakasin ang panawagan para sa kagyat at ligtas na pagpapalitaw kay Bautista.

[English Translation]
**Activist writer in Zamboanga,
abducted and disappeared by the
military and police**

Pebrero 28, 2024

In a statement on February 27, Anakbayan-Southern Mindanao Region condemned the military and police for the abduction and enforced disappearance of an activist writer and his companion. The soldiers and police of Siay, Zamboanga Sibugay abducted and have not yet released Nelson Bautista Jr, a former journalist from the Notre Dame College campus in Kidapawan City.

On 25 January, police and soldiers raided the house where Bautista and his companion Ademar Anciero Etol, 64, were staying in Barangay Balingasan in the same town. Etol was arrested and charged with murder. He is currently being held at the Siay City Police Station. Meanwhile, Bautista's family and friends have not heard from him since.

“Bautista and Etol have long been targets of the state,” according to the Anakbayan-SMR statement. Etol, a native of San Isidro, Davao del Norte, was accused by the military of being a Red fighter. According to the group, he was falsely charged with planted evidence of gun and ammunition.

Bautista was president of the College Editors Guild of the Philippines in North Cotabato in 2004. He was also the convener of KALAMPAG, an alliance against the abuses by the Piñol family in North Cotabato. He has spent almost two decades of his life in remote villages where he was active in campaigns against destructive mining and for the rights of Lumads and peasants in different parts of the Davao region. Bautista is also a member of the LGBTQIA+ community and a staunch defender of the sector’s rights.

Because of his activities, the military considered and hunted him as a “terrorist.”

“The enforced disappearance of Bautista follows the pattern of abductions under the Marcos regime carried out by agents of the military and NTF-Elcac to present the victims as fake surrenderees,” the group said. The same was done to activists Jhed Tamano and Jonila Castro in Bataan, and to Dyan Gumanao and Armand Dayoha in Cebu, and most recently, to Jose Marie Estillier in Batangas.

“Surface Bautista!” the group calls. It demanded the state to respect his legal and political rights

and present him in court. It also called for the release of Etol.

The group urged all Baustita's colleagues and friends, defenders of human rights and peace, to strengthen the call for Bautista's immediate and safe release.

Tusong pakanang chacha, sinimulan nang dinggin sa Kongreso

Pebrero 28, 2024

Sa unang araw ng pagdingig sa Resolution of Both Houses 7 (RBH7) sa Mababang Kapulungan kahapon, Pebrero 27, agad nang inirehistro ng mga makabayang kongresista ang kanilang pagtutol dito. Ang RBH7 ang panukalang naglalayong baguhin ang konstitusyong 1987. Katapat na panukala ito sa inihapag sa Senado na RBH6. Ayon sa pamunuan ng Kongreso, walang binago ang mga kongresista at kopya lamang ng RBH6 ang RBH7, na ang pangunahing layunin ay baguhin ang mga probisyong naglilimita sa dayuhang pag-aari sa ilang sektor ng ekonomya.

“Bilang kinatawan ng mga guro, dapat nating protektahan at panatilihin ang pagmamay-ari nating mga Pilipino sa sarili nating mga institusyon laban sa impluwensya ng mga dayuhan,” pahayag ni House Deputy Minority Leader at ACT Party Rep. France Castro. Isa sa mga sektor na balak ibukas sa 100% pagmamay-ari ng dayuhan ay sektor ng edukasyon at mga institusyon nito.

“Kung magpapatuloy ang mga planong pagbabago na ito ay mas lalong mawawalan ng access ang ating mamamayan sa edukasyon dahil sa nagmamahalang tuition fee na ipapataw sa ilalim ng kontrol ng mga dayuhan,” aniya. Maaari nang kontrolin at magkaroon ng malaking impluwensya ang mga dayuhan sa ating edukasyon na magpapatingkad sa kaisipang kolonyal.”

Hinikayat niya ang mga estudyante at mga guro na magsalita at tutulan ang chacha na aniya’y magpapahamak sa kinabukasan ng edukasyon sa bansa. Sinabi rin niyang dapat pagtuunan ng pansin ng Kongreso ang mga usapin kaugnay sa sahod, mataas na presyo ng bilihin at iba pang mga hinaing at problema ng mamamayan, imbes na atupagin ang chacha.

“Bilang mga edukador, iangat natin ang kamalayan ng ating mga estudyante ukol sa panganib na dala-dala ng Cha-Cha at bigyang tapang ang kanilang puso para tumayo at igiit ang kapakanan ng kanilang hanay,” aniya.

RBH 6 at RBH 7

Itinulak ng Senado ang RBH 6 para kontrahin ang people’s initiative na ipinaarangkada ng pamunuan ng Kongreso nitong simula ng taon. Nilayon ng inisyatibang ito na tanggalan ng papel ang senado sa anumang charter change. Sa pagpapanukala ng RBH6, muling naagaw ng senado ang pangunguna sa chacha at natiyak ang sarili nitong adyenda.

Alinsunod sa resolusyon, tatlong probisyon lamang ang babaguhin oras na mabuo ang Mababa at Mataas na Kapulungan tungo sa isang constituent assembly na may hiwalay na botohan. Bibigyan na ng karapatan ang mga dayuhan na buong magmay-ari ng mga pampublikong utilidad (Artikulo XII, Seksyon 11); sektor ng edukasyon (Artikulo IX, Seksyon 4); at sa advertising o pagpapatalastas (Artikulo XVI, Seksyon 11). Alinsunod sa plano ng rehimen, ang mga pagbabago ay isasalang sa plebisito kasabay ng eleksiyong 2025.

[English Translation]

Congress starts hearing devious chacha schema

Pebrero 28, 2024

On the first day of the hearing on Resolution of Both Houses 7 (RBH7) in the Lower House yesterday, February 27, patriotic congressmen immediately registered their opposition to it. RBH7 is the proposal that seeks to change the 1987 constitution. It is the same proposal as RBH6 filed in the Senate. According to the Congress leadership, the congressmen did not change anything and the RBH7 is only a copy of RBH6, whose main purpose is to change provisions limiting foreign ownership in some sectors of the economy.

“As teachers’ representatives, we must protect and preserve Filipino ownership of our own institutions against the influence of foreigners,” said House Deputy Minority Leader and ACT Party

Rep. France Castro. The education sector and its institutions are among the sectors being considered for 100% foreign ownership.

“If these planned changes continue, our people will further lose access to education because of the high tuition fees that will be imposed under the control of foreigners,” she said. Foreigners can now control and have great influence in our education which will worsen colonial mentality.”

She encouraged students and teachers to speak out and oppose chacha that, she said, would harm the future of education in the country. She also said that Congress should focus on issues related to wages, high commodity prices and other grievances and problems of the people, instead of working for chacha.

“As educators, let’s raise our students’ awareness about the danger that Cha-Cha brings and give them courage to stand up and assert their welfare,” he said.

RBH 6 and RBH 7

The Senate pushed RBH 6 to counter the people’s initiative driven by the Congress leadership at the beginning of this year. This initiative aims to remove the senate’s role in any charter change. With the proposal of RBH6, the senate once again is leading the chacha and securing its own agenda.

According to the resolution, only three provisions will be changed when the Lower and Upper Houses are formed into a constituent assembly

with separate voting. Foreigners will be given the right to fully own public utilities (Article XII, Section 11); educational institutions (Article IX, Section 4); and advertising (Article XVI, Section 11). According to the regime's plan, the amendments will be undertaken in a plebiscite together with the 2025 election.

Dagdag-sweldo, iginiit ng unyon ng mga guro sa Bacolod City

Pebrero 28, 2024

Nagsagawa ng aktibidad ang mga guro at istap ng Bacolod City National High School (BCNHS) noong Pebrero 26 sa loob ng kanilang eskwelahan para suportahan ang panawagan ng mga guro sa bansa na itaas ang sweldo ng sektor tungong ₱55,000. Pinangunahan ang aktibidad ng BCNHS Faculty and Staff Union (FASU).

Kasabay ng kanilang flag-raising ceremony, nagpormang hugis '50K' ang mga guro bilang kanilang panawagan para itaas ang sweldo. Giit nila, makatarungan lamang umanong bigyan ng dagdag-sweldo ang mga guro sa harap ng nagtataasang mga presyo at mga singilin. Panawagan din nilang gawing ₱33,000 ang pasahod para sa mga non-teaching personnel.

Nakiisa sa aktibidad si BCNHS FASU President Marilyn Lecciones. Dumalo rin sa pagtitipon si BCNHS Principal at Bacolod City Public School Teacher's Federation (BCPSTF) President Mr. Richard M. Gelangre.

Noong Pebrero 22, inianunsyo ng BCPSTF kasama ang Alliance of Concerned Teachers (ACT) na magkikilos-protesta ang mga guro sa Bacolod City sa darating na Marso 8, International Women's Day, para ipanawagan ang dagdag-sweldo.

Sa panayam ni Mr. Gelangre sa lokal na radyo sa Bacolod City, sinabi niyang mukhang malaki na ang ₱27,000 na tinatanggap na sahod ng mga guro sa kasalukuyan, ngunit sa katotohanan ay napakalaki ng kinakaltas dito at napakaraming pinagkakagastusan ng mga guro. Aniya, halos ₱5,000 na lamang ang talagang naiuuwi ng mga pampublikong guro para sa kanilang pamilya. Dahil dito, nalulubog sila sa utang.

Magmamartsa ang mga guro kasama ang iba pang demokratikong mga sektor sa Marso 8 mula sa Rizal Park tungo sa Fountain of Justice sa Bacolod City.

[English Translation]

Teachers' union in Bacolod City demands salary increase

Pebrero 28, 2024

The teachers and staff of the Bacolod City National High School (BCNHS) held an activity on February 26 inside their school to support the national call of teachers to raise the salary of the sector to ₱55,000. The BCNHS Faculty and Staff Union (FASU) spearheaded the activity.

During their flag-raising ceremony, the teachers lined-up to form "50K" representing their call for

salary increases. They asserted that it is only fair to give teachers a salary increase in the face of rising prices and bills. They also called for increasing the salary of non-teaching personnel to ₱33,000.

BCNHS FASU President Marilyn Lecciones joined the activity. BCNHS Principal and Bacolod City Public School Teacher's Federation (BCPSTF) President Mr. Richard M. Gelangre also attended the gathering.

On February 22, the BCPSTF together with the Alliance of Concerned Teachers (ACT) announced that teachers in Bacolod City will join protests on March 8, International Women's Day, to call for a salary increase.

Nine Bacolod City teachers raising their fist in demand to increase salary. UPGRADE TEACHERS SALARY. The Bacolod City Public School Teachers Federation and Alliance of Concerned Teachers held a press conference in Bacolod City last February 22 announcing their participation in marking the Int'l Women's Day on March 8. They join the demand to increase teachers' salaries nationwide. Photo screenshot from Aksyon Radyo Bacolod video.

In an interview on local radio in Bacolod City, Mr. Gelangre said that the current ₱27,000 teachers' salary seem big, but in reality, deductions are huge and teachers have a lot to spend on. He said public school teachers take home only about ₱5,000 for their families. As a result, they struggle with debt.

Teachers will march with other democratic sectors on March 8 from Rizal Park to the Fountain of Justice in Bacolod City.

Dinukot na kapatid ng lider-pesante sa Sorsogon, pinalalabas na “sumurender”

Pebrero 28, 2024

Pinalalabas ng pulis at militar na “sumurender” noong Pebrero 23 sa 903rd IBde sa Barangay San Rafael, Castilla, Sorsogon ang dinukot na kapatid ng lider-pesante sa Sorsogon na si Jose Marie Estiller. Nauna nang iniulat ng mga kaanak ni Estiller at ng Karapatan-Sorsogon ang pagdukot sa kanya ng naka-sibilyang mga armadong kalalakihan ng pinagsanib na pwersa ng 22nd IB, 59th IB at pulis ng Sto. Tomas, Batangas noong Pebrero 20.

Sa pahayag ng hepe ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) na si Maj. Gen. Romeo Caramat Jr, si Estiller ay tinaguriang “2nd Most Wanted” sa Bicol. Pinararatangan siya ng estado bilang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sorsogon at sinampahan ng mga kaso kabilang ang pagpatay, at tatlong bilang ng illegal possession of firearms sa Sorsogon.

Taliwas sa kasinungalingang ito, malinaw na nakunan ng CCTV ang akto ng pagdukot kay Estiller nang wala kahit anong ipinakitang ligal na dokumento. Sa bidyo, naglalakad pabalik sa bahay na tinutuluyan si Estiller nang biglang pinalibutan

siya ng limang lalaki bandang alas-5 ng hapon at kinaladkad siya palayo.

Kitang-kita rin sa kuha ng CCTV na armado ang dalawa sa limang dumampot sa biktima. Natukoy din ng Karapatan-Sorsoon na kabilang si Jimmy Dela Torre, ahenteng militar na dating Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan-Sorsogon, ang isa sa mga dumukot sa biktima. Anang grupo, notoryus si Dela Torre sa Sorsogon sa pagpapahamak sa mga aktibista at mga masang pinararatangan nitong may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan.

Paulit-ulit na itinanggi ng mga pwera ng estado na nasa kustodiya nila ang biktima hanggang sa maglabas ng anunsyo kahapon, Pebrero 27, ng “pagsurender” ni Estiller. Ayon sa mga kaanak, hindi pa rin nila natutunton ang mismong kinaroroonan ng biktima.

Si Jose Marie ay kapatid ng lider-pesante ng Amihan-Sorsogon at dating bilanggong pulitikal na si Jean Estiller. Aniya, magkasama sila ng kanyang kapatid sa Batangas sa panahon na iyon dahil naka-iskedyul sa mismong araw ang pagpapagamot sa inindang altapresyon, diabetes, high uric acid at kidney stones ang kanyang kapatid. Giit niya at kanilang mga kaanak, gayundin ng Karapatan-Sorsogon, na ilitaw nang ligtas ang biktima. “Dapat kilalanin ang batas at dapat sundin ang karampatang proseso sa paglilitis kung mayroon siyang kinahaharap na kaso,” pahayag ng Defend Bicol.

Maihahalintulad ang kaso ni Jose Marie sa naging pagdukot ng militar at halos dalawang linggong pagkulong, pagtortyr at panggigipit sa mga aktibistang pangkalikasan na sina Jhed Tamano at Jonila Castro noong Setyembre 2023.

[English Translation]

Police claims abducted brother of Sorsogon peasant leader “surrendered”

Pebrero 28, 2024

The police and military abducted Jose Marie Estiller, brother of a Sorsogon peasant leader, and falsely claimed he “surrendered” on February 23 at the 903rd IBde in Barangay San Rafael, Castilla, Sorsogon. Estiller’s relatives and Karapatan-Sorsogon previously reported he was abducted by armed men in civilian clothes of the combined forces of the 22nd IB, 59th IB and the police of Sto. Tomas, Batangas on February 20.

In the statement of Maj. Gen. Romeo Caramat Jr, Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) head, Estiller was considered the “2nd Most Wanted” in Bicol. The state accused him of being a New People’s Army (NPA)-Sorsogon fighter and charged him with several cases including murder, and three counts of illegal possession of firearms in Sorsogon.

Contrary to this lie, a CCTV clearly show how Estiller was abducted without presenting any legal documents. In the video, Estiller was walking back to his rented house when five men suddenly

surrounded him around 5 p.m. and dragged him away.

The CCTV footage also clearly shows two of the five men who abducted the victim were armed. Karapatan-Sorsogon also identified one of the abductors of the victim as Jimmy Dela Torre, a military agent who was a former Red fighter of the New People's Army-Sorsogon. The group says Dela Torre is notorious in Sorsogon for endangering activists and the masses he accuses of being linked to the revolutionary movement.

State forces repeatedly denied having custody of the victim until Estiller's "surrender" was announced yesterday, February 27. According to relatives, they are still unable to trace the exact whereabouts of the victim.

Jose Marie is the brother of Amihan-Sorsogon peasant leader and former political prisoner Jean Estiller. She said they were together in Batangas at that time because her brother was scheduled to undergo treatment for hypertension, diabetes, high uric acid and kidney stones on that day. She, their relatives and Karapatan-Sorsogon, demand the safe release of the victim. "The law must be respected and due process must be enforced if he has a case to face," Defend Bicol said.

Jose Marie's case is similar to the military abduction and nearly two weeks of detention, torture and harassment of environmental activists Jhed Tamano and Jonila Castro in September 2023.

Ika-2 taong anibersaryo ng pagpaslang sa New Bataan 5, ginunita

Pebrero 28, 2024

Ginunita ng mga grupo ng kabataan, pambansang minorya at tagapagtanggol ng karapatang-tao ang ikalawang taong anibersaryo ng pagpaslang ng militar sa dalawang guro ng Lumad na sina Chad Booc at Jurain Ngujo, development worker na si Elegyn Balonga, at kasama nilang dalawang drayber na sina Tirso Añar at Robert Aragon. Kinilala bilang New Bataan 5 ang lima na dinakip, walang kaabog-abog na pinatay at pinalabas na mga Pulang mandirigmang napatay sa engkwentro sa New Bataan, Compostela Valley (ngayon ay Davao de Oro) noong Pebrero 24, 2022.

Sa Davao City, naglunsad ng protesta at nagsindi ng mga kandila sa Freedom Park ang mga grupong kabataan at kanilang mga tagasuporta para ipanawagan ang hustisya para sa mga biktima ng masaker sa New Bataan.

“Dalawang taon nang nag-aastang bingi at bulag ang berdugong militar sa kanilang krimen sa pagmasaker sa New Bataan 5,” pahayag ni Beverly Gofredo, tagapagsalita ng Anakbayan Southern Mindanao Region. Kinilala ang New Bataan 5 sa kanilang pakikibaka para sa karapatan ng mga Lumad para sa lupa at kalikasan.

Anang mga kabataan, ang mga naipong ebidensya ay nagpatunay na hindi napatay sa isang engkwentro ang lima. Sa halip, brutal silang

pinahirapan bago tagain at barilin ng mga pasistang sundalo.

Ayon kay Gofredo, hindi “isolated case” ang sinapit ng New Bataan 5, laluna mula pirmahan ni Rodrigo Duterte ang Executive Order No. 70 na nagbuo sa pasistang makinaryang NTF-Elcac. Patuloy na umiiral ang ahensyang ito at sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng Marcos, lalupang lumala ang mga atake laban sa mga aktibista, unyonista, mamamahayag, tagapagtanggol sa karapatang-tao at iba pa.

“Hindi naiiba ang pagmasaker sa New Bataan 5 sa libu-libong biktima ng paglabag sa karapatang-tao,” ani Gofredo. Panawagan ng kabataan ang kagyat na pagbubuwag sa NTF-Elcac at pagpapanagot sa rehimeng Duterte at Marcos sa malalalang paglabag ng mga ito sa karapatang-tao.

Nanawagan rin ng hustisya ang grupo ng mga pambansang minorya na Katribu. Kinundena nila ang reaksyunaryong estado at mga ahensya nito. Anila, hindi lamang ang New Bataan 5 ang hindi pa nabibigyan ng hustisya kundi pati ang iba pang pambansang minorya na biktima ng pamamaslang ng estado, tulad ng mga biktima ng masaker sa Lianga (2015), masaker sa Tumandok sa Panay (2020) at sa Bloody Sunday at pangalawang masaker sa Lianga na naganap noong 2021.

“Habang pinahihintulutan ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) ang mga proyektong pangkaunlaran sa mga lupang ninuno, tulad sa kaso ng Gened Dam sa Apayao,

Kaliwa Dam sa Rizal at Quezon, at Jalaur Dam sa Iloilo, walang habas naman nitong nilalabag ang mga karapatan ng mga katutubo...,” ayon sa grupo.

Lalupa itong papalalain ng charter change ng rehimeng Marcos, na magpapahintulot sa 100% pagmamay-ari ng mga lupa, kabilang ang mga lupang ninuno. Taliwas na taliwas ito sa ipinaglaban nina Chad at Jurain, at patuloy na ipinaglalaban ng mamamayang katutubo, ayon sa grupo.

[English Translation]

Various groups commemorate 2nd year anniversary of the New Bataan 5 killings

Pebrero 28, 2024

Groups of youth, national minorities and human rights defenders commemorated the second anniversary of the military killing of two Lumad teachers Chad Booc and Jurain Ngujo, development worker Elegyn Balonga, and their two drivers Tirso Añar and Robert Aragon. Known as the New Bataan 5, they were captured, mercilessly killed and misrepresented as Red fighters killed in an encounter in New Bataan, Compostela Valley (now Davao de Oro) on February 24, 2022.

In Davao City, youth groups and their supporters launched a protest and lit candles at Freedom Park to call for justice for the victims of the New Bataan massacre.

“For two years, the military butchers have been playing deaf and blind over their crime in the New Bataan 5 massacre,” said Beverly Gofredo, Anakbayan Southern Mindanao Region spokesperson. They honored the New Bataan 5 for their struggle for the rights of the Lumads for land and environment.

The youths said evidence gathered prove that the five were not killed in an encounter. Instead, they were brutally tortured before being hacked and shot by fascist soldiers.

According to Gofredo, what the New Bataan 5 suffered is not an “isolated case”, especially since Rodrigo Duterte signed Executive Order No. 70 forming the NTF-Elcac fascist machinery. This agency continues to exist and under the current Marcos regime, attacks against activists, unionists, journalists, human rights defenders and others have worsened.

“The New Bataan 5 massacre is no different from the thousands of victims of human rights violations,” Gofredo said. The youth demanded the immediate dissolution of the NTF-Elcac and accountability of the Duterte and Marcos regimes for their grave human rights violations.

The Katribu group of national minorities also called for justice. They condemned the reactionary state and its agencies. They say the New Bataan 5 are not the only ones who have been denied justice but also other national minorities who are victims of state killings, such as the Lianga Massacre (2015), the Tumandok massacre in

Panay (2020) and the Bloody Sunday and second massacre in Lianga that occurred in 2021.

“While the National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) allows development projects on ancestral lands, as in the case of the Gened Dam in Apayao, Kaliwa Dam in Rizal and Quezon, and Jalaur Dam in Iloilo, it indiscriminately violates indigenous people’s rights ...,” the group says.

The situation will be worsened further by the Marcos regime’s charter change, which will allow 100% ownership of land, including ancestral lands. This is the exact opposite of what Chad and Jurain fought for, and what the indigenous people continue to fight for, according to the group.

Magaang hatol ng korte sa mga pulis na pumatay sa menor-de-edad na mangingisda sa Navotas, binatikos

Pebrero 28, 2024

“Pagkakait ng hustisya,” para sa Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) ang napakababang hatol ng Navotas City Regional Trial Court (RTC) Branch 286 laban sa mga pulis na sangkot sa pagpaslang sa 17-anyos na binatang mangingisda na si Jehrode “Jemboy” Baltazar noong Agosto 2, 2023. Si Baltazar ay pinatay ng mga pulis nang paulanan ng bala matapos mapagkamalan diumano siyang isang suspek.

Sa ulat, naglilinis si Baltazar ng kanyang bangka, kasama ng isa pa, sa ilog sa Barangay NBBS

Kaunlaran, Navotas City nang dumating ang mga pulis mula sa PNP-Navotas City noong Agosto 2, 2023. Sa salaysay ng mga pulis, tumalon si Baltazar sa ilog, bago sila nagpapatok. Pero ayon sa salaysay ng kanyang kapatid, nagpapatok na ang mga pulis, bago nahulog sa ilog ang biktima. Nang nasa tubig, pinaulanan siya ng bala na sanhi ng kanyang pagkamatay.

Tinamaan siya ng bala sa kanyang kanang kamay, na isang “defensive wound,” at mayroong isa pang tama ng bala sa likod ng kanyang tainga, na may “exit wound” sa kanyang ilong. Tatlong oras pa ang lumipas bago kunin ng mga pulis ang kanyang bangkay mula sa tubig. Ayon kay Dr. Raquel Fortun, isang forensic pathologist, may posibilidad na buhay pa si Baltazar kung nakuha lamang siya kaagad sa ilog.

Sa hatol ng korte, isa lamang sa anim na pulis na sangkot na sinampahan ng kasong pagpatay ang hinatulang maysala sa mas mababang krimen na homicide. Illegal discharge of firearms o iligal na pamamaril lamang ang hatol sa apat pa, habang ang isa ay ipinawalang-sala.

Makukulong ng higit apat na taon si Police Staff Sergeant Gerry Maliban alinsunod sa hatol sa kanya. Pinagbabayad din siya ng danyos na ₱50,000 sa kanyang krimen. Liban sa anim na pormal na kinasuhan at nahatulan, ang mga upisyal ng pulis na mayroong kinalaman sa naturang krimen ay ipinailalim lamang “administratibong suspensyon” noong nakaraang taon.

“Nararapat na makulong ang lahat ng mga pulis na sangkot sa pagpaslang...ang kamakailang hatol sa mga pulis ay nakapanggagalit at dapat kundenahin,” ayon kay Fernando Hicap, pambansang tagapagsalita ng Pamalakaya. Giit niya na napakalinaw nitong manipestasyon ng “impunity” o kawalang pakundangan at tahasang pagbalewala ng estado sa buhay ng ordinaryong mga mamamayan.

Ganito rin ang sentimyento ng grupong Karapatan. Ayon kay Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng grupo, “ang magang na hatol at mahinang parusa sa mga pulis...ay nagpapakita kung paanong pinananatili ng sistema ng hustisya sa Pilipinas ang impunity, kung saan ang mga nasa poder na gumagawa ng krimen ay hindi buong-buong napapanagot.”

Naninindigan din ang pamilya ng binatilyo na hindi sapat ang ipinataw na parusa sa mga pumaslang sa kanilang anak. “Siya [maliban] po apat na taon lang siya makukulong. ‘Yung anak ko habang buhay na wala. Pinagtulong-tulungan nila ‘yung anak ko barilin tapos ano? Gano’n lang? Makakalaya lang sila,” pahayag ng ina ni Baltazar.

Labis ang kanyang galit na tinrato ng mga pulis na parang aso o pusa lamang ang buhay ng kanyang anak. “Nasaan po ‘yung hustisya, ‘yung katarungan para sa anak ko?” aniya.

Nagpaabot ng pakikiisa ang Pamalakaya sa pamilya ni Baltazar. “Nakikiisa kami sa paglaban ng pamilya ni Baltazar, kanyang mga kaibigan at

mga tagapagtanggol sa karapatang-tao sa inhustisyang ito,” dagdag ni Hicap. Aniya, itutuluy-tuloy ng kanilang grupo at mga tagapagtanggol sa karapatang-tao ang kanilang pakikibaka para makamtan ang hustisya at hindi na maulit pa ang ganitong krimen ng mga pwera ng estado.

[English Translation]

Fisherfolk condemns lenient verdict against police killers of Navotas minor

Pebrero 28, 2024

The extremely light sentence of the Navotas City Regional Trial Court (RTC) Branch 286 against policemen accused of killing 17-year-old fisherman Jehrode “Jemboy” Baltazar on August 2, 2023 is a “denial of justice” for the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya). Baltazar was killed by the police in a hail of bullets after mistaking him for a suspect.

According to reports, Baltazar was cleaning his boat, along with another, in the river in Barangay NBBS Kaunlaran, Navotas City when PNP-Navotas City police arrived on August 2, 2023. Police say Baltazar jumped into the river, before they opened fire. But his brother says police opened fire before the victim fell into the river. While in the water, a hail of bullets fell on him causing his death.

A bullet hit his right hand, which was a “defensive wound,” while another hit him behind his ear, with an “exit wound” through his nose. Three hours passed before the police retrieved his body from

the water. Dr. Raquel Fortun, a forensic pathologist, said there was a possibility that Baltazar would have been alive had he been pulled from the river immediately.

In the court's verdict, only one of the six police officers charged with murder was found guilty of the lesser crime of homicide. The other five were only sentenced for illegal discharge of firearms.

Police Staff Sergeant Gerry Maliban faces just four years of imprisonment in accordance with his sentence. He was also ordered to pay ₱50,000 in damages for his crime. Except for the six who were formally charged and convicted, police officers involved in the crime were only placed under "administrative suspension" last year.

"All the policemen involved in the killing deserve to be jailed...the recent sentence against the policemen is outrageous and must be condemned," according to Fernando Hicap, Pamalakaya's national spokesperson. He insisted that this is a very clear manifestation of "impunity" or the state's blatant disregard for the lives of ordinary citizens.

This is also the sentiment of Karapatan. According to Cristina Palabay, secretary general of the group, "the light sentence and weak punishment of the policemen...shows how the justice system in the Philippines perpetuates impunity, with those in power who commit crimes not made fully accountable."

The teenager's family also maintains that the punishment imposed on those who murdered their son was not enough. "He will only be imprisoned for four years. My son is gone forever. They connived to shoot my son, then what? That's it? They were set free," said Baltazar's mother.

She was outraged at how the police treated his son like a dog or a cat. "Where is justice, the justice for my son?" he said.

Pamalakaya extends its condolences to Baltazar's family. "We stand in solidarity with Baltazar's family, his friends and human rights defenders in the fight against this injustice," Hicap added. He said, their group and human rights defenders will continue their struggle to obtain justice and prevent this kind of crime by state forces from happening again.

Mga krimen at karahasan ng 22nd IB, kinundena ng mga Sorsoganon

Pebrero 28, 2024

Nagdadalamhati ang pamilya at mga residente ng San Juan Daan, Bulan, Sorsogon sa pagkamatay ni Eddie Berania, 58 anyos, magsasaka at kagawad ng barangay. Natagpuan siyang nakabigti sa kanyang kubo bandang alas-7 ng gabi nitong Pebrero 25.

Ayon sa kanyang pamilya, binisita si Berania sa kanyang kubo ng ilang sundalo noong umaga ng araw na iyon. Kasama ng mga sundalo ang surenderi at ngayo'y aset militar na si Ronnie

Albao. Mula pa noong 2022, walang patid na hinaharas at pinipilit pasukuin ng mga sundalo si Berania na pinagbibintangan nilang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan.

Hindi pa matiyak ng pamilya kung nagpatiwakal si Berania dahil sa presyur ng mga pasista o sadya siyang ibinigti ng mga sundalo ng 22nd IB na nanggigipit sa kanya. Nais ng pamilya na paimbestigahan ang pangyayari upang magkaroon ng linaw at mabigyan ng hustisya ang biktima.

Kinundena naman ng Defend Bicol: Stop the Attacks Network at Karapatan Sorsogon ang pagdukot ng pinagkumbinang pwersa ng 22nd IBPA, 59th IB at PNP Sto. Tomas, Batangas kay Jose Marie Estiller, 27, kapatid ng aktibista at dating bilanggong pulitikal na si Jean Estiller nitong Pebrero 20. Nangyari ang pagdukot dakong alas-5 ng hapon sa kanyang apartment sa isang subdibisyon sa Barangay San Pedro, Sto. Tomas, Batangas.

Sa kuha ng security camera ng naturang apartment, makikitang dinukot siya ng may limang lalaki na armado ng mga pistola. Nakilala ang isa sa mga suspek na si Jimmy dela Torre alias Nick, isang sumukong mandirigma na residente ng Barangay Gabao, Irosin at kasalukuyang aset ng 22nd IB. Ayon naman sa pahayag ni P/Col Ariel Red ng CIDG Region 5 ay sumuko diumano si Estiller sa 903rd Brigade noong Pebrero 23. Hindi pa inililitaw si Estiller hanggang sa kasalukuyan.

Takot at abala sa trabaho naman ang hatid ng mga operasyong kombat at pagsosona sa mga baryo na isinasagawa ng 22nd IB sa mga baryo ng Macabari, Sta. Lourdes sa bayan ng Barcelona at Sta. Barbara, San Francisco, San Jose, Tinampo, San Bernardo sa bayan ng Bulusan. Ayon sa mga sibilyan, hinihingan sila ng ID ng mga sundalo tuwing pumapasok sa naturang mga barangay.

Kasalukuyan namang nakakampo ang mga sundalo sa barangay hall at covered court ng mga baryo sa San Antonio, Alegria at Bugtong sa bayan ng Barcelona; Cadandanan, Beguin, San Juan Daan at Calpi sa bayan ng Bulan; at Lajong sa bayan ng Juban.

Kinundena ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Sorsogon “ang tuluy-tuloy na pananalasa ng AFP at PNP sa probinsya, sa pamumuno ng tiranikong pasista at teroristang rehimeng US-Marcos. Dapat magkaisa ang mga Sorsoganon para ilantad, kundenahin at labanan ang lahat ng porma ng paglabag ng mga pasista at mga alipores nito sa karapatang-tao ng mamamayan.”

“Nananawagan din kami sa mga kagawad ng midya na pumanig sa hanay ng mga inaapi at magsilbing totoong boses ng mga Sorsoganon” dagdag pa ng PKM-Sorsogon. (ulat ng Radyo Bulusan)

[English Translation]

Sorsoganons condemn the 22nd IB's crimes and violence

Pebrero 28, 2024

Residents of San Juan Daan, Bulan, Sorsogon and relatives of Eddie Berania, mourn the death of the 58-year old farmer and barangay councilor. He was found hanging in his hut around 7 pm on February 25.

Berania's family said some soldiers went to his hut that morning. The soldiers were accompanied by "surrenderee" and now military asset Ronnie Albao. Since 2022, the military has relentlessly harassed to force the surrender of Berania, whom they accuse of being a supporter of the revolutionary movement.

The family are uncertain if Berania committed suicide due to pressure from the fascists or if he was hanged by the 22nd IB soldiers who intimidated him. The family wants the incident to be investigated to determine the truth and attain justice for the victim.

Defend Bicol, Stop the Attacks Network and Karapatan Sorsogon, meanwhile, condemned the 22nd IBPA, 59th IB and PNP Sto. Tomas, Batangas for the abduction of Jose Marie Estiller, 27, brother of activist and former political prisoner Jean Estiller on February 20. The abduction took place on around 5 pm outside his apartment in a subdivision in Barangay San Pedro, Santo Tomas, Batangas.

Footage from the apartment's security camera show how Estiller was abducted by five men armed with pistols. One of the suspects was identified as Jimmy dela Torre alias Nick, a "surrenderee", resident of Barangay Gabao, Irosin and currently working as asset of the 22nd IB. According to the statement of P/Col Ariel Red of CIDG Region 5, Estiller allegedly surrendered to the 903rd Brigade on February 23. Estiller has not been surfaced since.

The combat and zoning operations carried out by the 22nd IB in barangays Macabari, Santa Lourdes in the town of Barcelona, and Sta. Barbara, San Francisco, San Jose, Tinampo, San Bernardo in the town of Bulusan bring terror and disrupt people's lives. According to civilians, the soldiers ask for their ID whenever they enter said barangays.

The soldiers are currently camped at the barangay hall and covered court of barangays San Antonio, Alegria and Bugtong in the town of Barcelona; Cadandanan, Beguin, San Juan Daan and Calpi in the town of Bulan; and Lajong in the town of Juban.

The Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Sorsogon condemned the AFP and PNP "for wreaking havoc in the province, under the leadership of the tyrannical fascist and terrorist US-Marcos regime. The people of Sorsogon must unite to expose, condemn and resist all forms of human rights violations by the fascists and their minions against the people."

“We also call on media personnel to side with the oppressed and serve as the true voice of the people of Sorsogon,” added PKM-Sorsogon. (Radio Bulusan report)

Dating tagapagsalita ng NTF-Elcac, “guilty” sa “indirect contempt” dulot ng pangre-Redtag

Pebrero 29, 2024

Isinapubliko kahapon, Pebrero 28, ang hatol ng Korte Suprema na “guilty” sa “indirect contempt” ang dating tagapagsalita ng NTF-Elcac na si Lorraine Badoy-Partosa dulot ng pangre-Red-tag niya sa isang husgado noong 2022.

Ang hatol ay kaugnay ng pambabanta ni Badoy kay Judge Marlo Magdoza-Malagar, husgado ng Manila Regional Trial Court, na nagbasura sa kasong isinampa ng Department of Justice para ideklarang terorista ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.

Ayon sa desisyon, ang mga post o ipinaskil noon ni Partosa sa kanyang social media account laban kay Malagar ay “improper conduct” na direkta o di direktang naging sagabal, humarang at nagmaliit sa paghahatid ng hustisya.” May petsang Agosto 15, 2023 ang desisyon ng korte na isinulat ni Associate Justice Marvic Leonin.

“Ang kanyang malinaw na pagbabanta laban kay Judge Magdoza-Malagar at sa ibang myembro ng hudikatura ay nagpapakita ng kanyang walang dudang intensyon na manloko,” ayon sa desisyon.

“Sa kanyang mga aksyon, inilagay niya sa alanganin ang hudikatura sa paghikayat ng duda at kawalang-tiwala dito at pinahina (niya) ang kumpyansa ng publiko sa integridad, at kawalang-kinikilingan ng mga huwes.”

Pinagmulta si Partosa ng ₱30,000. Binalaan din siyang papatawan ng mas mabigat na parusa kung uulitin niya ang aksyon.

Hindi bababa sa 14 pang kaso ng Red-tagging ang kinakaharap ni Partosa. Pinakahuling nagsampa ng kaso laban sa kanya at kanyang kasabwat na Red-tagger na si Jeffrey Celis ay ang mamamahayag na si Atom Araullo. Pinakauna sa mga nagsampa ang Ibon Foundation na naghain ng administratibong reklamo laban sa kanya, kay Celiz, General Parlade, at Hermogenes Esperon noong Pebrero 2020.

[English Translation]

**Former NTF-Elcac spokesperson,
“guilty” of “indirect contempt” for
Red-tagging**

Pebrero 29, 2024

Yesterday, February 28, the Supreme Court publicly released its verdict citing former NTF-Elcac spokesperson Lorraine Badoy-Partosa “guilty” of “indirect contempt” for Red-tagging a court in 2022 was made public.

The verdict relates to Badoy’s threat against Judge Marlo Magdoza-Malagar, judge of the Manila Regional Trial Court, who dismissed the case filed

by the Department of Justice to declare the Communist Party of the Philippines and the New People's Army as terrorists.

According to the decision, Partosa's social media posts against Malagar were "improper conduct" that directly or indirectly hindered, obstructed and undermined the delivery of justice." The court's decision written by Associate Justice Marvic Leonen was dated August 15, 2023.

"Her clear threats against Judge Magdoza-Malagar and other members of the Judiciary leave no doubt that she was imbued with bad faith in making her post," according to the decision. "In so doing, respondent jeopardized the Judiciary by sowing distrust and impairing the public's confidence in the honesty, integrity, and impartiality of those donning judicial robes."

Partosa was fined ₱30,000. She was also warned of a heavier punishment if she repeats the action.

Partosa is facing at least 14 other cases of Red-tagging. The latest to file a case against her and her accomplice Red-tagger Jeffrey Celis is journalist Atom Araullo. The Ibon Foundation was the first to file an administrative complaint against her, Celiz, General Parlade, and Hermogenes Esperon in February 2020.

Pagkuha ng "strike vote," sinimulan ng mga manggagawa ng FCF Manufacturing Corp sa Bataan

Pebrero 29, 2024

Nagsimula ngayong araw at tatagal hanggang Marso 3 ang proseso ng pagkuha ng “strike vote” o pagboto ng mga manggagawa ng FCF Manufacturing Corporation para ilunsad ang welga sa pagawaan kaugnay ng labis na binarat at insultong ₱2 dagdag-sahod na alok ng kumpanya sa mga manggagawa sa negosasyon nito para sa Collective Bargaining Agreement (CBA). Pinangangasiwaan ng Buklod ng Manggagawa ng FCF Manufacturing (BMFCFM) ang pagboto sa harap ng mga maniobra at panggigipit ng kumpanya sa mga manggagawa.

Ang FCF Manufacturing Corp ay isang kumpanya na matatagpuan sa Freeport Area of Bataan (FAB) sa Mariveles, Bataan. Ang kumpanya ay gumagawa ng mamahaling mga kagamitan tulad ng leather bag at wallet na may tatak na Coach at Kate Spade. Kabilang ang FCF sa mga kumpanya ng Fashion Focus Ltd, isang kumpanya na nakabase sa China.

Para pigilan ang nakatakdang welga, sikretong pinulong ng maneydsment ng FCF at kapatid nitong kumpanya na FPF ang mga manggagawa noong Pebrero 26 upang sindakin at ikampanya na huwag suportahan ang “strike vote” ng BMFCFM. Pinapalipat din ang mga maggagawa sa FPF at pinag-teresayn nang walang matatanggap na bayad sa serbisyo sa kadahilanang wala umanong produksyon.

“Ang aksyon na ito ng pamunuan ay pananakot at pagbabanta lamang sa mga manggagawa ng FCF. Nais ng kumpanya na pahinain ang pagkakaisa ng mga manggagawa para hindi sila bumoto pabor sa

strike vote at takasan ang mga pananagutan sa CBA ng mga manggagawa,” pahayag ng Nagkakaisang Manggagawa ng FAB (NMFAB). Anila, desperadong tangka ito ng kumpanya para pahinain ang loob ng mga manggagawa at hatiin ang kanilang hanay.

Ang taktikang pagpaparisayn at pagpapalipat sa mga manggagawa sa FPF ay paraan para burahin ang nalikom na taon sa serbisyo ng mga manggagawa na gumagarantiya sa kanila ng mga benepisyo at karapatan. Wala ring katiyakan kung tunay nga ba silang tatanggapin ng FPF sa oras na boluntaryong magresayn sa FCF. “Malinaw na ito ay pananakot, at panloloko lamang upang pahinain ang laban sa taas-sahod,” giit ng NMFAB.

Sa kabila ng paggigiit ng mga manggagawa simula pa Disyembre 2023, mula nang maghain ng Notice of Strike (Nos) sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB), ipinipilit ng kumpanya na papayag lamang ito sa ₱2 na dagdag-sahod sa CBA. Higit isang dekada nang nakapako ang minimum na sahod ng mga manggagawa sa naturang kumpanya.

Tumatanggap lamang ng ₱500 ang lahat ng mga manggagawa ng FCF. Lubhang malayo ito sa tinatayang ₱1,142 nakabubuhay na sahod sa Central Luzon, kung saan kabilang ang Bataan. Liban dito, laganap din ang mga paglabag sa karapatan ng manggagawa katulad ng palagiang force leave, iligal na tanggalan, at di makataong kundisyon sa paggawa ng kumpanya.

“Malayong-malayo rin ang agwat nito sa halaga ng produktong nililikha ng mga manggagawa na umaabot sa ₱2,000 hanggang ₱20,000 kada produkto,” dagdag pa ng NMFAB. Noong 2022, kumita ng ₱2.8 bilyon ang kumpanya. “Kaya imposible na hindi kayang ibigay ng kumpanya ang hinihinging taas-sahod ng mga manggagawa nito,” giit pa ng NMFAB.

Nanawagan ang NMFAB sa mga manggagawa ng FCF na patibayin ang pagkakaisa sa harap ng tangkang hati-hatiin sila ng kapitalistang may-ari ng kumpanya. “Asahan natin sa susunod na gagawin ng pamunuan ang iba’t ibang pamamaraan upang pahinain ang laban sa taas-sahod. Huwag matakot sa ganitong taktika ng pamunuan, bagkus ay pahigpitin ang pagkakaisa at patibayin ang paninindigan,” ayon sa grupo.

Hamon pa nila sa mga manggagawa: “Ipanalo ang YES to STRIKE ngayong panahon ng strike vote. Simula pa lamang ito ng makatwirang laban sa sahod, at higit na dapat paghandaan ay ang ikakasang strike.”

[English Translation] FCF Manufacturing Corp workers in Bataan begin “strike vote”

Pebrero 29, 2024

Starting today until March 3, FCF Manufacturing Corporation workers begin their “strike vote” to decide whether to mount a strike in connection with the company’s measly and insulting ₱2 wage increase offer made during Collective Bargaining

Agreement (CBA) negotiations. The FCF Manufacturing Workers Union (BMFCFM) is holding the vote amid the company's maneuvers and intimidation against workers.

FCF Manufacturing Corp is located at the Freeport Area of Bataan (FAB) in Mariveles, Bataan. The company produces luxury accessories such as leather bags and wallets for brand names Coach and Kate Spade. FCF is among the companies under the Fashion Focus Ltd based in China.

To prevent the planned strike, the management of FCF and its sister company FPF secretly met workers on February 26 to intimidate and campaign not to support the "strike vote" of BMFCFM. Workers are being told to transfer to the FPF and to resign without pay purportedly due to lack of production.

"Management only intimidates and threatens FCF workers. The company wants to undermine the unity of workers for them not to vote for the strike and escape responsibilities to the workers' CBA," the Nagkakaisang Manggagawa ng FAB (NMFAB) stated. They said it was a desperate attempt by the company to discourage workers and divide their ranks.

The tactic of voluntary resignations and transferring workers to the FPF is a way to erase the years of accumulated service of workers that guarantee them benefits and rights. There is also no certainty if the FPF will actually accept them when they voluntarily resign from the FCF. "This

is clearly intimidation, and only a deceptive ploy to undermine the fight for wages,” the NMFAB insisted.

Despite the workers’ demand since December 2023, since the filing of Notice of Strike (NoS) before the National Conciliation and Mediation Board (NCMB), the company insists that it will only agree to a ₱2 wage increase in the CBA. Workers’ minimum wages in such companies have been stuck for more than a decade.

All FCF workers receive only ₱500 daily wages. This is a far cry from the estimated ₱1,142 living wage in Central Luzon, which includes Bataan. Apart from this, violations of workers’ rights are also widespread such as constant forced leaves, illegal dismissals, and inhumane working conditions in the company.

“There is a wide gap between the workers’ wages and the value they create with products reaching ₱2,000 to ₱20,000 each,” NMFAB added. In 2022, the company earned ₱2.8 billion. “Therefore it is impossible that the company cannot provide the wage increase demanded by workers,” NMFAB insisted.

NMFAB called on FCF workers to strengthen unity amid the company’s capitalist owners’ attempts to divide them. “In the future, we expect management to use various methods to weaken the fight against wage increases. Let us not be afraid of this management’s tactic, but rather strengthen unity and strengthen the stance,” according to the group.

They challenge the workers: “Win the YES to STRIKE vote. This is just the beginning of our just fight for wages, beyond this, we must prepare for the planned strike.”

Pagharap ni Marcos sa parlamento ng Australia, binatikos

Pebrero 29, 2024

Hindi nakaligtas si Ferdinand Marcos Jr sa mga protesta at pagbatikos ng mga Pilipino, Pilipino-Australian at mga Australian sa pagharap niya sa Australian Parliament ngayong araw, Pebrero 29. Sa loob ng parlamento, nagtaas ng plakard na may panawagang “Stop the human rights abuses” o “Itigil ang mga pag-abuso sa karapatang-tao” si Australian Senator Janet Rice habang nagtatalumpati si Marcos sa bulwagan nito sa Capital Hill sa Canberra, Australia. Naglunsad din ng protesta ang mga grupong Pilipino at Australian sa labas ng bulwagan.

Pahayag ni Senator Rice, “Tumitindi ang korapsyon sa ilalim ni Pangulong Marcos Jr. Nanatiling nakakulong ang daan-daang mga bilanggong pulitikal at kinakasangkapan ang mga ‘anti-teroristang’ batas bilang ligal na tabing sa ekstra-hudisyal na mga pagpaslang.” Ito umano ang dahilan kung bakit naninindigan siyang hindi dapat pinahintulutan si Marcos na magtatalumpati sa parlamento. Matapos ang kanyang protesta, sapilitan siyang pinalabas ng parlamento ng mga kapwa mambabatas. Nakilahok siya sa protesta sa labas ng parlamento kasunod nito.

Pinasalamatan ni Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng Karapatan, ang aksyong protesta ni Senator Rice. Ipinaabot din ni Palabay ang pasasalamat sa pakikiisa ng iba pang Australian na senador mula sa partidong Greens sa mamamayang Pilipino.

“Ang nagpapatuloy na mga paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas sa ilalim ni Marcos, ang umiiral na kultura ng impunity at ang kasaysayan ng pandarambong at paglabag sa karapatan ng pamilyang Marcos noong panahon ng diktadura ay naghuhumiyaw na mga rason kung bakit dapat tuligsain ng mamamayang Australian ang rehimeng ito,” ayon kay Palabay.

Pinamunuan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Australia ang protesta ng mga grupo sa labas ng parlamento. Nagmula pa sa Melbourne, Sydney, at Queensland ang mga nakiisa sa protesta para ipahayag ang kanilang pagkundena sa rehimeng Marcos.

Dagdag pa sa madugong rekord sa karapatang-tao ng rehimen, kinundena rin ng mga grupo ang isinusulong na charter change nito. Ayon kay Alexia Fuentes, pangkalahatang kalihim ng Bayan-Australia at tagapangulo ng Anakbayan-Melbourne, tuluyang ibubuyangyang ng chacha ang Pilipinas sa dayuhang pag-aari at pandarambong.

Pagkatapos ng pagkilos sa Capital Hill, nagmartsa ang mga raliyista tungo sa embahada ng US at nagsagawa ng maiksing programa. Kinundena nila

ang imperyalistang interbensyunismo ng US at ang militarisasyon nito sa Asia-Pacific na nagsasapanganib sa Pilipinas. Ipinanawagan din nila ang pagbasura sa AUKUS, ang alyansang militar ng US, United Kingdom at Australia.

Nagkaroon din ng katulad na mga pagkilos sa Melbourne, Sydney, at Perth. Pumunta si Marcos sa bansa para sa opisyal na pagbisita dito at bumalik din Pilipinas sa parehong araw. Nakatakdang bumalik ulit si Marcos sa Australia sa susunod na linggo para sa ASEAN Summit.

[English Translation]

Filipinos, Australians condemn Marcos' appearance before Australian parliament

Pebrero 29, 2024

Ferdinand Marcos Jr's appearance at the Australian Parliament today, February 29, did not escape the protests and condemnation of Filipinos, Filipino-Australians and Australians. Inside the parliament, a placard with the slogan "Stop human rights abuses" was raised by Australian Senator Janet Rice while Marcos spoke in Capital Hill in Canberra, Australia. Filipino and Australian groups also staged a protest outside the chamber.

Senator Rice said, "Corruption intensified under President Marcos Jr. Hundreds of political prisoners remained detained and 'anti-terrorist' laws are used as a legal cover for extra-judicial killings." She cited these as reasons why she

believes Marcos should not have been allowed to address parliament. After her protest, she was forced out of parliament by fellow lawmakers. She later took part in the protest outside.

Cristina Palabay, Karapatan general secretary, thanked Senator Rice's act of protest. Palabay also expressed her gratitude to other Australian senators from the Greens party for their solidarity with the Filipino people.

"The ongoing violations of human rights and international humanitarian law under Marcos, the prevailing culture of impunity and the Marcos family's history of plunder and human rights violations during the dictatorship are compelling reasons why the Australian people should denounce this regime," according to Palabay.

The Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Australia led the protests outside parliament. People from Melbourne, Sydney, and Queensland joined the action to express their condemnation of the Marcos regime.

In addition to the regime's bloody human rights record, the groups also condemned its charter change scheme. According to Alexia Fuentes, Bayan-Australia general secretary and Anakbayan-Melbourne chairperson, chacha will eventually lay open the Philippines to foreign ownership and plunder.

After the action on Capital Hill, the rallyists marched to the US embassy and held a short program. They condemned US imperialist

interventionism and militarization in the Asia-Pacific which endangers the Philippines. They also called for the scrapping of AUKUS, the military alliance of the US, United Kingdom and Australia.

Similar actions were held in Melbourne, Sydney, and Perth. Marcos went to the country for an official visit and returned to the Philippines on the same day. Marcos is scheduled to return to Australia next week for the ASEAN Summit.

Protesta, isinabay sa pagdinig ng Kongreso sa panukalang dagdag-sahod

Pebrero 29, 2024

Tinangkang buwagin ng mga pulis sa Quezon City ang protesta ng mga manggagawa, sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno, sa harap ng Kongreso kahapon, Pebrero 28. Pinagpupupok at pinagtulakan ng mga pulis ang mga nagpoprotestang manggagawa. Isang raliyista ang tinangka nilang dukutin. Pinangalanan ng KMU si Ptl.Col. Jerry Castillo, hepe ng QCPD, bilang pasimuno ng pandarahas.

Itinaon ng mga manggagawa ang pagkilos sa unang araw ng pagdinig ng Kongreso sa panukalang across-the-board na dagdag sahod. Di bababa sa anim na panukala ang nakahain ngayon sa Kongreso, na may mga mungkahing pagtaas mula ₱150 hanggang ₱750 na pambansang minimum. May nagpapalutang naman na maghahain ng bagong panukala ng dagdag ₱350 kada araw. Ang pagdinig ay tugon sa panukalang

₱100 across-the-board na dagdag-sahod na pinagtibay sa Senado noong Pebrero 19.

Sa pagdining sa loob ng Kamara, hinarap ng mga grupo ng paggawa ang mga kinatawan ng mga kapitalista, kabilang ang mga upisyal ng Confederation of Wearables Exporters of the Philippines (Conwep), grupo ng mga kapitalistang nagmamanupaktura ng kasuotan para sa eksport. (Ang pinakamalalaking operasyon nito, at sa gayon ang nag-eempleyo ng pinakamaraming manggagawa, nasa loob ng mga export processing zone at buong pagmamay-ari ng mga dayuhang kapitalista.)

Noong Pebrero 2023, tinaya ng Foreign Buyers Association of the Philippines na tataas nang 50% ang halaga na iieksport ng industriya sa kabuuan ng 2023, kumpara sa 2022. Pangunahin ito sa pagpasok ng bagong mga order tulad ng \$6.48 milyong kontrata ng Nichiun Co. Ltd ng Konoike Group ng Japan. Para sa 2024, bahagya pero patuloy na lalago ang industriya nang 2%, ayon sa grupo.

Tulad ng inaasahan, kinontra ng Conwep ang pagtaas ng kahit katiting ng sahod dahil magreresulta umano ito sa malawakang tanggalan. Ipinangtakot nito ang posibleng pagkawala ng hanggang 21,000 trabaho kung itataas ang sahod sa harap ng ibinalita nitong “optimistikong hinaharap” (optimistic prospects) ng industriya.

Sa kabilang panig, pinabulaanan ng Ibon Foundation ang palusot ng malalaking kumpanya,

tulad ng mga nakapaloob sa Conwep, na magkakaroon ng malawakang tanggalan kung itataas ang sahod. Sa datos mismo ng estado noong 2021, 10.6% lamang ang bahagi ng sahod sa kabuuang gastusin (expenses) ng mga kapitalista sa Pilipinas.

Samantala, 28% ang inilaki ng netong kita ng mga kumpanya tungong ₱2.5 trilyon sa pagitan ng 2020 at 2021. Mas nakangangalit ang 104% na paglobo ng netong kita ng 1,000 pinakamalalaking kumpanya sa Pilipinas sa parehong panahon. Sa kabila nito, pinakamalaki na ang ₱40 na itinaas sa sahod ng mga manggagawa noong 2023, at mas mababa pa sa naunang mga taon. Noong 2020, ginamit pa ng mga ito ang pandemya para bawasan ang sahod ng mga manggagawa o di kaya'y humingi ng moratoryum para ipagpaliban ang nakatakdang mga dagdag-sahod sa antas-pabrika.

Liban sa dagdag-sahod, natalakay rin sa pagdinig ang pangangailangang bigyan ng estado ng subsidyo ang micro at maliliit na negosyo, na sadyang hindi saklaw ng mga kautusan ng mga rehiyunal na wage board o ng anumang ipapasang batas sa dagdag-sahod. Inilinaw sa pagdinig na umiiral na ang mga batas at programa para makaagapay ang gayong mga empresa, at na ang target ng dagdag-sahod ay malalaking kumpanya na nag-eempleyo ng higit kalahati ng sahurang mga manggagawa.

[English Translation]

Workers protest at congressional hearing on wage hike proposal

Pebrero 29, 2024

Quezon City police tried to disperse a workers' protest, led by Kilusang Mayo Uno, in front of Congress yesterday, February 28. They beat and pushed the protesting workers. They tried to accost a rallyist. KMU cited PLt.Col. Jerry Castillo, QCPD chief, for instigating the violence.

Workers timed the action on the first day of congressional hearings on the across-the-board wage increase proposal. At least six proposals on the national minimum wage have been filed in Congress, including one raising it by ₱150 and another setting it to ₱750. A new proposal for an extra ₱350 per day is being floated. The hearing is in response to the ₱100 across-the-board wage increase bill passed in the Senate on February 19.

During the congressional hearing, labor groups confronted representatives of capitalists, including officials of the Confederation of Wearables Exporters of the Philippines (Conwep), a group of capitalists manufacturing apparel for export. (Its largest operations employing the biggest number of workers are found in export processing zones and wholly owned by foreign capitalists.)

In February 2023, the Foreign Buyers Association of the Philippines predicted that the industry's total export value will increase by 50% in 2023,

compared to 2022. This is mainly due to new orders such as the \$6.48 million contract by Nichiun Co. Ltd of Japan's Konoike Group. For 2024, the industry will grow slightly but steadily by 2%, according to the group.

As expected, Conwep opposed any increase in wages saying it would result in mass layoffs. It warned that up to 21,000 jobs will be lost if wages are raised amid what it has heralded as "optimistic prospects" for the industry.

On the other hand, the Ibon Foundation refuted the excuse of large companies, such as those under Conwep, that there will be mass layoffs if wages are raised. According to the state's own data in 2021, wages share only 10.6% of the total expenses of capitalists in the Philippines.

Meanwhile, the net income of companies grew by 28% to ₱2.5 trillion between 2020 and 2021. Even more outrageous was the 104% increase in the net income of the 1,000 largest companies in the Philippines during the same period. Despite this, workers' wages did not rise beyond P40 in 2023, which is even lower than in previous years. In 2020, they used the pandemic to cut workers' wages and even asked for a moratorium to postpone scheduled factory-level wage increases.

In addition to wage increases, the hearing also discussed the need for the state to provide subsidies to micro and small businesses, which are not covered by the mandate of the regional wage boards or any laws to be passed on wage increases. It was clarified in the hearing that laws

and programs exist to help such companies, and wage increase cover only large companies that employ more than half of all wage workers.